Samahang Nayon



Mindanao State University-GSC
Main Library
MSUML000008982
FIL
334
B21

Egmidio L. Balmores

ACKNOWLEDGMENT

With deep gratitude and appreciation, the researcher acknowledges the contribution of the following person conduct and completion of her thesis:

Prof. Maria D. Galagala, the researcher's adviser, knowledge, skills, patience, time and effort spent in chec manuscripts and for her comments and suggestions for the imp of this study;

Prof. Lolymar Reyes, Prof. Imelda Romero and Prof. Luz

lat sa Ingles. Hindi iyan matatawaran, kaya nga mapapansin na kapag ang Pangulong Marcos ay nagtatalumpati sa harap ng mga magbubukid at karaniwang mamamayan, ang Pangulo ay gumagamit ng Wikang Pilipino. Iyan din ang dahilan kung bakit ang maraming *leaflets* ukol sa gayon at ganitong diskubre sa pananakahan, paghahayupan, at iba pang kauri nito, ay sinusulat na ngayon sa Wikang Pilipino.

Isang magandang resulta: nagkaroon na ng simula ang kaunlaran ng kabuhayan sa mga nayon, at madaling nagkaunawaan ang mga tauhang tekniko ng gobyerno at mga mamamayan.

Mapapansin sa munting aklat na ito, na madaling mauunawaan ang mga terminong gamit sa mga pangungusap, sapagka't pinagsikapang magamit ang mga salitang pinakapalasak, hindi lamang sa Katagalugan, kundi hanggang sa mga liblib na pook ng Pilipinas. Ang ibig sabihin, maging Ilokano, Kapampangan, Mangyan, Bikol, Bisaya, at iba pang karaniwang taong may ibang salita, ay mauunawaan ang munting aklat na ito.

Ang munting aklat na ito, na ang pamamaraan ng pagkakasulat ay sa pamamagitan ng mga tanong at simpleng kasagutan, ay sumasaklaw mula sa pagtatatag ng Samahang Nayon at hanggang sa segurong ibinibigay ng pamahalaan sa pamamagitan ng *Cooperative Insurance System of the Philippines*. Nauukol din sa Reporma sa Pananakahan, ito ay binubuo ng tunay na kakayahan ng hangarin ng Pangulong Marcos—repleksyon—sa binalangkas niyang programa kung paanong magiging madali at mabilis ang pagpapaunlad ng kumunidad at ng bayan, at pagpapasagana sa buhay ng dating mga alipin ng mga asindero at mayayamang parang linta kung sumipsip ng dugo ng mga magbubukid.

Kung ito man ay isa pa ring pagtatangkang mabigyan

ng lunas ang agwat ng kumunikasyong nakapagitan sa magagaling at mangmang, may pangunahing layunin, sa pamamagitan nito (Mga Tanong at Sagot Ukol sa Samahang Nayon) ay madaling maipaintindi ang tunay na kahulugan ng programa ng Pangulong Marcos sa kabuhayan, edukasyon, kalusugan, lipunan, pulitika, at ng bansa sa kabuuan.

E. L. B.

San Isidro, Nuweba Esiha
Pilipinas
Marso, 1976

PASASALAMAT

Ang aklat na ito ay may gintong pasasalamat tangi sa lahat kay Brigido C. Batungbakal. Gayon din sa mga aklat ng *Bureau of Cooperatives* na tulad ng *Instructor's Manual for Trainers and Field Workers* (*Phase 1*) at sa *Management Training Manual* (*Development of Samahang Nayon*) —*Phase II, Parts 1, 2, 3*. Hindi rin dapat na makaligtaan ang mga sumusunod: *Handbook on Non-Agricultural Cooperatives Administration Office; Solidarity Magazine, Vol. III No. 6,* at ang *The Land Reformer Magazine, Vol. III No. 1.*

MGA PANG-UNANG PANGUNGUSAP

Ang Samahang Nayon ay binubuo ng mga magbubukid. Sila ang nagpapalakad at nangangasiwa nito, sa tulong ng mga alalay na tekniko ng pamahalaan. Nagustuhan at naibigan iyan ng lahat. (Mayroon pa nga bang hihigit pa nang inam sa organisasyong pinangangasiwaan at pinatatakbo ng mga kasapi?)

Mahigit na 85% ang mamamayang nakatira sa mga nayon (ngayon ay Barangay na) na ang hanapbuhay ay magbungkal ng lupa. Sila ang mga nilikhang nakalibing nang buhay sa lahat ng uri ng problema sa buhay—sila ang api, dukha, at nagdaralita.

At iginawa sila ng Pangulong Ferdinand Marcos ng salbabida—matibay at matatag. Iyan ang Samahang Nayon.

Sa pamamagitan ng Samahang Nayon, ang lahat ng magbubukid ay nabibigkis sa iisang organisasyon. Pagkatapos, patuloy silang binibigyan ng makabagong edukasyong pambukid, panghalaman, panghayupan, pangsakahan, pangpangangasiwa sa bukid, pangkumunidad, pangkalusugan, at iba pang may kinalaman sa pagpapalakas ng mamamayan at ng bayan sa kabuuan.

Matibay ang pundasyon ng Samahang Nayon. Ibang iba ito kaysa mga naunang organisasyong itinatag na ng pa-

mahalaan. Ang pananagutan nito sa kanyang mga miyembro ay hayag, tiyak, at praktikal na tulad din ng mga kasapi, na patuloy na naghahasa ng talino ukol sa mga bagay na may kinalaman sa kanilang samahan.

Ang pagpapaunlad ng mga kasapi, ay pagpapaunlad ng Samahang Nayon sa kabuuan. At kapag umunlad at tumatag ang Samahang Nayon, tiyak na maunlad at matatag din ang lipunan at bayang pinamamayanan ng mga ito.

Ang Samahang Nayon ay kawing ng iba't ibang paraan sa pagpapatatag ng kabuhayan nasa siyensiya ng karunungan sa pagpapaunlad ng kabuhayan, tinawag itong mala-kooperatiba. At para huwag maulit ang malulungkot na kabiguan sa mga naunang itinatag na mga kooperatiba ng mga magbubukid, may kaagad ginawang pangremedyo ang Samahang Nayon. Mula sa pagbabalangkas, pagbuo ng kasapi, pagpapatakbo at pangangasiwa, pagbibigay ng iba't ibang uri ng tulong sa mga kasapi, lalo na sa mga may saka. Sa maikling pangungusap, ang Samahang ito ay ari ng mga kasapi para mapaghari sa isang nayon ang pagtatangkilikan, pagtutulungan, at pagdadamayan. Ito ang sa bandang huli ay kooperatiba at pag natamo na iyan, maaari nang itatag ang Kilusang Bayan.

Sa mga kahalagahang iyan ng Samahang Nayon, hindi lamang para sa pamumuhay, kundi lalo na sa pagtitindig ng bayan, kapaligiran at ng bansa, ang aklat na ito ay maituturing na napakahalaga at napapanahon.

Kauna-unahang aklat na nasulat sa Pilipino para sa mga miyembro ng Samahang Nayon, ito ay matibay na gabay at pangunyapitan, matatag na suhay at alalay, at maliwanag na ilaw sa landas ng buhay.

Para sa mga istudyante, ang aklat na ito ay *gusi* ng mga bagong kaalamang panlipunan, pambayan, at pagpapaunlad ng buhay. Sa kanila, ito'y pang-akay at pananglaw sa landas na patungo sa masaganang buhay, matatag at malakas na bayan.

At dahil sa hangad ng Pangulong Marcos na makapagkaroon ng bagong daigdig—masaya at masagana—ang mga Pilipino, lalo na ang mga magbubukid na tinatawag na "Gulugod ng Bansa" ang aklat na ito ni Egmidio L. Balmores ay malaking tulong sa lahat ng uri ng mamamayan at mga tekniko sa pagpapaunlad ng pamahalaan at pribadong samahang nakalahok sa mga programa ng gobyerno.

JOSE A. ROÑO
Kalihim

Alay

Ang aklat na ito ay handog na walang pagkupas sa aking mahal at mabait na asawa, Honoria F. Panganiban; mga anak, Maria Aurora, Maria Teresita, at Maria Lucila; at mga pamangking Benito at Basilio Balajadia.

ELB

SIMULA

Matagal nang may sakit ang bansa. Marami. Nguni't ang pinakamalubhang karamdaman nito ay ang paghihikahos sa kabuhayan ng mahigit na 85 por siyento ng mamamayan.

Ang mga sakit na iyan ng bansa ay hindi nalunasan ng nakaraang mga administrador ng pamahalaan. Waring lumala pa. Lumubha, at bunga niyan, naging magulo ang lipunan. Umigting ang tensyon ng mga demonstrasyon. Namiligro ang gobyerno sa kamay ng mga kumunista.

Mabuti at naagapan ng Pangulong Ferdinand E. Marcos ang situwasyon. Kaagad, (Setyembre 21, 1972) ipinahayag niyang sasailalim sa araw na iyon ng militar ang buong bansa. (Subali't hindi katulad ng ibang pagpapahayag ng "Martial Law" ang pamahalaan ay patuloy na pangangasiwaan at patatakbuhin ng mga dating sibilyang empleado.)

At ang naisip na panlunas ng Pangulo ay REPORMANG PANLIPUNAN, PANG-EKONOMIKA, at PAMPULITIKA. At kaugnay nito dapat na magtulungan ang gobyerno nasyonal at gobyerno lokal sa anumang uri ng pagpapaunlad, hanggang sa maitanim sa puso at damdamin ng mamamayan ang prinsipyo ng KUSANG PAGHAHANDOG NG TULONG—pagtulong sa sarili.

At upang magkaroon ng kaganapan ang mga repormang iyan, sinimulang itatag ang mga Samahang Nayon, hanggang sa mga liblib na pook ng Pilipinas. Subali't ano ang kakanyahan, anyo, balangkas, katuturan at kahalagahan ng Samahang Nayon. . . ?

NILALAMAN

Paunang Salita, i
Pasasalamat, iv
Mga Pang-Unang Pangungusap, v
Alay, viii
Simula, ix
Nilalaman, x

1. Ang Samahang Nayon, 1
2. Mga Papeles ng Samahang Nayon, 12
3. Ang Paghihimagsik, 28
4. Mga Unang Batas, 36
5. Ang Batas 3844, 42
6. Ganap na Kalayaan, 51
7. Bagong Magsasaka, 59
8. Kooperatiba at Reporma sa Pananakahan, 67
9. Ang Kooperatiba, 77
10. Patuloy na Edukasyon, 82
11. Ang Plano, 94
12. Mahusay na Plano, 100
13. Mahusay na Lider, 106
14. Grupong Talakayan, 116
15. Ang Pag-iimpok, 122
16. Pagbawi sa Pangangasiwa ng Bukid, 131
17. Pangangasiwa sa Salapi, 140
18. Katipunan ng mga Samahang Nayon, 148
19. Ang Seguro, 154
20. Ang CISP, 162

I

Ang Samahang Nayon

Mula nang dumating sa Pilipinas ang mga Kastila, sakupin at pakialaman ng mga ito ang pamahalaan, ang mga Pilipino ay nagsimula namang magdanas ng kahirapan, lalo na ang mga magbubukid na nawalan ng sariling lupang sinasaka.

At sa paghahali-halili ng mga administrasyon, mula noon at hanggang sa maging Pangulo si Ferdinand E. Marcos, ang mga magbubukid ay patuloy na nagdanas ng pagdaralita. Ang mga hamak na ito ay lalong naging hamak at kaawa-awa; lalong nawalan ng pagkakataong mapag-aral ang mga anak upang mabigyan ang mga iyon ng magandagandang kinabukasan—matatag at matibay na suhay sa pagpapasagana sa buhay.

Sa gitna ng ganyang kalagayan, isinilang ang Samahang Nayon nang ipailalim sa "Martial Law" ang buong bansa. Sa pamamagitan ng Department of Local Government and Community Development (DLGCD) at iba pang galamay at ahensya ng pamahalaan, nabigkis ang mga magbubukid sa isang uri ng organisasyon na tinawag ngang Samahang Nayon o Barrio Association. Hanggang sa sinusulat ito (1973), mahigit na 40,000 Samahang Nayon ang nakatatag na sa buong bansa.

Marami nang organisasyon ang tinanggap ng mga magsasaka na isinilang sa mga bukid. Nguni't ang lahat ay hindi nagtagal, pagka't nangadurog nang hindi makatugon

sa *talagang nais* ng mga magsasaka—maging lunas sa kanilang pagdaralita at paghihikahos sa buhay. At dahil diyan, naging *bantad* at *dala* ang mga nagbubungkal ng lupa. Resulta: lalong nagkahiwa-hiwalay ang mga iyon.

Dahil sa nagkahiwa-hiwalay na lakas, isip, paniniwala, at paninindigan, lalo silang nagdahop sa buhay, higit na naghirap at namatayan ng pag-asang *makabangon* sa matagal nang pagkakakahiga sa banig ng pagtitiis, at makapanirahan sa tahanang yari man sa pawid at mga kawayan, ay hindi naman lusut-lusot at walang butas ang bubungan; saka mabihisan ng maganda-gandang damit ang pamilyang lumaki sa gulanit na saplot; at higit sa lahat ay mabigyan ng masarap-sarap na pagkain ang mga *bibig* na iyon na *mamantikaan na dili.*

Sa ilalim ng pilosopiya at pananindigan ng mga *utak* na lumikha sa **Samahang Nayon**, ang tiwa-tiwalag na lakas ng mumunting bisig na ito ng mga magsasaka ay siya ngayong binigkis sa iisang samahang tunay na ari at pinangangasiwaan ng mga miyembro.

Sapagka't legal at may personalidad, ang Samahang Nayon ay siyang unang baitang lamang para maging matagumpay ang kilusan at kampanya sa pagpapalaganap ng mga kooperatiba sa bansa.

Ang kooperatiba sa Pilipinas ay hindi bagong samahang ipinayayakap sa mga magsasaka ng mga eksperto at otoridad sa kalagayang pang-ekonomika, upang umano, ay umunlad ang kabuhayan at lipunang kanilang ginagalawan. Subali't ang naging *maamo* ay kabiguan at hindi ang tagumpay.

Hindi pinakikialaman nang tuwiran ng mga tauhan ng gobyerno, ang Samahang Nayon ay pinatatakbo ng mga halal na opisyales na buhat sa mga miyembro o kasapi. Gayon man, mayroon silang mga nakahandang patakaran at

mga tuntunin at balangkas ng organisasyong bigay ng DLGCD, upang maging gabay, suhay, at alalay ng mga uugit na opisyales sa nasabing organisasyon.

Kung sapilitan man ang pagpapasapi sa mga magsasaka sa Samahang Nayon, at ang pagpapadalo sa mga *seminar* at *workshop* para sa paghahasa ng talino at isip ng opisyales at miyembro, iyan ay ang paraan sa pagpapatibay ng pundasyon (patuloy na edukasyon) para lalong tumatag at tumibay ang kanilang samahan.

T — *Ano ang Samahang Nayon?*

S — Ang Samahang Nayon ay ang pormal na paggugrupo (pagsasama) ng mga magsasaka na nakatira o nagbubungkal ng lupa sa pook na nasasakupan ng isang nayon. Ang samahang ito ang magiging pundasyon ng kooperatibang itatatag sa nasabi ring nayon sa mga darating na araw.

T — *Bakit may legal na personalidad ang Samahang Nayon?*

S — Pagkatapos maratipika ng mga miyembro ng Samahang Nayon ang kanilang Mga Artikulo ng Inkorporasyon at ang Saligambatas, ang samahan ay ipinarerehistro sa Kagawaran ng Pagpapaunlad ng mga Kooperatiba (*Bureau of Cooperatives Development*—BCD). Ang nasabing rehistro ay siyang nagbibigay ng legal na personalidad sa Samahang Nayon, na kakailanganin nito sa kanyang mga aktibidades o gawain.

T — *Bakit hindi pa kaagad kooperatiba ang itatag, gayong ito rin pala ang kauuwian sa bandang huli ng Samahang Nayon?*

S — Dahil sa mapapait na pagkabigo ng napakaraming kooperatibang naitatag na nang nakaraang mga taon, ang Samahang Nayon ay siyang ginawang baitang na SA-

NAYAN ngayon ng mga miyembro, hanggang sa maitanim sa kanilang mga puso at kaluluwa ang mga tungkulin at mga pananagutan sa isang kooperatiba. Sa ganyan, maiiwasan ang muling pagkabigo ng nais na itatag na kooperatiba ng pamahalaan sa lahat ng nayon ng Pilipinas.

T — *Sino ang may kontrol sa Samahang Nayon?*

S — Ang Samahang Nayon ay ari, pinangangasiwaan at kontrolado ng mga miyembro. Ang mga miyembro ay may magkakapantay na mga karapatan at mga pribilehiyo.

T — *May mga tuntunin at mga patakaran ba ang Samahang Nayon? Kung mayroon, sino ang gumawa nito?*

S — Mayroon, Ang naghanda ng mga polisa o patakaran at mga tuntunin ay ang Kagawaran ng Pagpapaunlad ng mga Kooperatiba (BCD).

T — *Aling tanggapan ng gobyerno ang tuwirang tumutulong sa Samahang Nayon?*

S — Upang maiwasto at maitumpak ang operasyon ng Samahang Nayon, at higit sa lahat ay mapangalagaan ang hinahawakan nitong salapi, ipinailalim ito sa superbisyon ng Kagawaran ng Pagpapaunlad ng mga Kooperatiba.

T — *Ano ang layunin ng Samahang Nayon?*

S — Ang pangunahing layunin at hangarin ng Samahang Nayon ay matulungan ang mga miyembro na higit na mapabuti ang uri ng kani-kanilang pamumuhay.

T — *Pangunahing layunin at hangarin ng Samahang Nayon ang matulungan ang mga miyembro at higit na mapabuti ang uri ng kani-kanilang pamumuhay, paano ito maisasagawa?*

S — (1) Sisikapin ng Samahang Nayon na maari ng magsasaka ang lupang kanyang binubungkal. Oras na ito ay maisakatuparan na, ang magsasaka ay magkakaroon ng kalayaan sa pangangasiwa sa sinasakang bukid. Magkakaroon din siya ng kontrol sa kanyang mga ani.

(2) Ang Samahang Nayon ay tumutulong sa pagpapababa ng halaga ng mga kagamitang pambukid, na tulad ng pataba, kemikal na pamatay ng mga kulisap at mga daga, at marami pang iba.

(3) Ang mga miyembro ay hinihikayat ng Samahang Nayon na sama-samang bigyan ng lunas ang kanilang karaniwang mga suliraning panlipunan at pang-ekonomika.

T — *Paano napapababa ng Samahang Nayon ang halaga ng mga kagamitang pambukid?*

S — Madali. Ang Samahang Nayon ay siyang bumibili nang pakyawan sa mga kagamitang pambukid. Sapagka't mababa ang halaga nang pagkakabili, mababa rin ang halaga nang pagbibili sa mga miyembro nito.

T — *Paano napabubuti ng Samahang Nayon ang kalagayang panlipunan ng mga taganayon?*

S — Sinisikap ng Samahang Nayon na mapalahok ang lahat ng miyembro sa anumang uri ng mga pagtitipon. Pinangungunahan ng Samahang Nayon ang paglinang sa pagtitiwala sa sarili ng bawa't miyembro. Lagi ring binibigyan ng motibo ang lahat upang laging naaalaala ng mga ito ang kani-kanilang mga tungkulin bilang miyembro ng kanilang lipunang kinabibilangan.

T — *Bakit kailangang maging miyembro muna ng Samahang Nayon ang isang magsasaka, bago ilipat sa kanya ng pamahalaan ang Sertipiko ng Pagmamay-ari ng bukid na kanyang sinasaka?*

S — Maraming dahilan, nguni't ang pinakamahalaga ay sapagka't ang Samahang Nayon ang siyang gumagarantiya sa pagbabayad ng mga hulog-bayad para sa nasabing bukid ng isang magsasaka.

T — *Bakit kailangan pang maging tulay ang Samahang Nayon sa mga hinihinging serbisyo ng mga magsasaka buhat sa pamahalaan?*

S — Upang ang mabilis at madaling pagbibigay ng mga serbisyong teknikal ng mga teknikong ahente ng pamahalaan o ng alin mang pribadong tanggapan ay hindi maging pang-indibiduwal lamang, kundi upang maging panlahat. Halimbawa, ang pagsugpo sa mga peste ng pananim o kaya ang pangungutang ng mga magsasaka sa bangko at ang pagbibigay ng mga makabagong kaalamang pang-agrikultura, at marami pang iba.

T — *Paano nakatutulong ang Samahang Nayon sa mga miyembrong nais na magbili ng sobra nilang ani?*

S — Ang Samahang Nayon ang humahanap ng mamimiling nagbibigay ng mataas na presyo sa produkto. Bukod diyan, ito rin ang nagsisilbing pondohan ng mga ipinagbibiling sobrang ani, nang sa gayon ay hindi lumaki ang gugol ng nagbili. Ito rin ang pondohan ng mga pinapakyaw na kagamitang pambukid para sa mga miyembrong nangangailangan nito.

T — *Ano ang ibig sabihin ng sapilitang pag-iimpok?*

S — Inuubliga ng Samahang Nayon ang bawa't miyembro na lumahok sa programa ukol sa pag-iimpok, upang makapagpalaki sila ng pondong maaaring magamit ng miyembro sa hinaharap na mga gugulin.

T — *Saan dinadala ng Samahang Nayon ang 5% binabawas sa halagang inutang ng miyembro sa ACA o kaya sa bangko?*

S — Ang katumbas na halaga ng 5% ay idinideposito ng Samahang Nayon sa bangko para sa nasabing miyembro. Ang anumang halagang naiipon doon ay siyang ipinamimili ng *shares of stocks* (sosyo) sa alin mang *Rural Bank* (bangko rural).

T — *Sino ang maaaring sumapi sa Samahang Nayon?*

S — Ang lahat ng naninirahan o kaya ay may sinasakang bukid na sakop ng isang nayon, ay maaaring sumapi sa Samahang Nayon sa nasabing pook. Ang Samahang Nayon ay hindi para lamang sa mga magsasaka, bagaman sila ang unang dapat na maging kasapi. Ang samahang ito ay para rin sa iba pang taganayon, ngunì't sa pasubaling ang mga ito ay manunumpang tatalima at susunod sa mga patakaran nito.

T — *Ilang taganayon ang maaaring bumuo at magtatag ng Samahang Nayon?*

S — Una sa lahat, dapat na makatapos ng *pre-membership training course* ang may nais na maging miyembro. Ang sasapi ay dapat na sumang-ayon na tutupad at susunod sa mga tuntunin at mga patakaran ng Samahang Nayon. At bukod dito, sa pipirmahang porma sa pagmimiyembro at pakikipagkasundo, mangangako ang sasapi na: (1) gagamit siya ng makabagong pamamaraan sa pagsasaka; (2) tutupad sa programa ukol sa pag-iimpok; (3) magbabayad ng mga butaw; (4) susunod sa magiging kapasyahan ng samahan ukol sa maaaring mapamilihan ng mga kagamitang pambukid, mapangungutangan, at maaaring pagbilihan ng

mga sobrang produkto o ani; (5) hahayaang mapangasiwaan ng Samahang Nayon ang kanyang sinasakang bukid sa oras na mapabayaan niya ang kanyang mga tungkulin sa bukid, sa pagbabayad ng kanyang mga pagkakautang, lalo na sa amortisasyon (hulog-bayad) ng sinasakang lupa.

T — *Sino ang nagpapatakbo ng Samahang Nayon?*

S — Ang mga pamunuang inihalal ng mga miyembro ng Samahang Nayon ang siyang nagpapatakbo ng Samahan.

T — *Sinu-sino ang bumubuo ng pamunuan?*

S — Ang bumubuo ng pamunuan ay Sanggunian ng mga Direktor, Pangulo, Pangalawang Pangulo, Kalihim-tesorero, *Manager* o Tagapangasiwa, *Auditor* o Tagasuri, at mga Komite sa Edukasyon, Pananalapi at Pagpapaunlad, at ang *Audit* at *Inventory*.

T — *Sino ang naihahalal na direktor at ilan sila?*

S — Ang naihahalal na direktor ay mga miyembro ng Samahang Nayon na hindi kunektado sa negosyo ng pagpapautang, pagtitinda ng mga kagamitang pambukid, o kaya ay yaong hindi nagninegosyo ng anumang produktong agrikultural. Gayon din, hindi naihahalal na direktor ang mga halal na opisyal ng pamahalaan, kasama na rito ang Kapitan ng Nayon, at saka ang mga taong may-ari ng lupa, nguni't hindi siya ang nagsasaka niyon. Ang bumubuo ng Sanggunian ng mga Direktor ay mula sa lima o higit pa batay sa hinihingi ng pangyayari, subali't hindi naman hihigit sa 15.

T — *Ano ang gawain at tungkulin ng Sanggunian ng mga Direktor?*

S — Ang Sanggunian ng mga Direktor ay siyang nagbabalangkas at gumagawa ng mga polisa o patakaran ng samahan. Ito rin ang tumataya o dumiditermina kung paano palalakarin at pangangasiwaan ang samahan. Ang sanggunian din ang nagpapatibay ng pagtanggap at pagtitiwalag ng mga miyembro. At higit na mahalaga, ito ang nagpapatibay ng mga balak na proyekto na nais maisagawa ng mga opisyal at mga komite ng samahan.

T — *Ano naman ang tungkulin ng Pangulo at paano ito inihahalal?*

S — Pagkatapos na makapaghalal ng mga direktor ang mga miyembro ng Samahang Nayon, ang mga ito (direktor) bago matapos ang 10 araw, ay pipili ng isa sa kanilang grupo, upang siyang maging Pangulo ng Samahang Nayon. Ang tungkulin ng Pangulo ay katawanin ang samahan sa lahat ng panlipunan at pang-ekonomikang pagtitipon. Ito rin ang nangungulo sa lahat ng pulong ng Sanggunian ng mga Direktor at panlahat na pulong at siyang naghahanda ng mga pantaunang gawain ng Samahan.

T — *Ano ang tungkulin ng Pangalawang Pangulo at paano ito pinipili?*

S — Isa sa mga halal na Direktor ang pinipili ng mga miyembro ng Sanggunian ng mga Direktor na Pangalawang Pangulo. Kasunod ito ng Pangulo na pinipili. Ang tungkulin ng Pangalawang Pangulo ay humalili sa Pangulo kung ang huli ay hindi makaganap sa kanyang tungkulin dahil sa pagkakasakit o kaya ay mayroong pinuntahang mahalagang bagay. Ang Pangalawang Pangulo ay siyang Tagapangulo ng komite sa Edukasyon at Pagsasanay.

T — *Ano ang tungkulin ng Kalihim-Tesorero at paano ito pinipili?*

S — Ang pagpili sa Kalihim-Tesorero ay katulad din ng pagpili sa Pangulo at Pangalawang Pangulo. Ang tungkulin nito ay ingatan ang mga itinatalang katitikan ng mga miting na panlahat at ng Sanggunian ng mga Direktor. Siya rin ang tagapag-ingat ng lahat ng rekord (listahan at mga talaan) na pag-aari at kalagayan ng pananalapi ng Samahan.

T — *Ano ang tungkulin ng* Manager (*Tagapangasiwa*) *at paano ito pinipili?*

S — Ang Tagapangasiwa ay maaaring hindi miyembro ng Sanggunian ng mga Direktor, subali't kailangang ito ay miyembro ng samahan. Hinihirang siya ng Sanggunian ng mga Direktor. Ang Tagapangasiwa ay siyang nangangasiwa sa lahat ng uri ng negosyo ng Samahan. Siya ang naghahanda ng pantaunang badyet batay sa mga programa ng mga gawaing pinagtibay ng Sanggunian ng mga Direktor. Siya rin ang Tagapangulo ng Komite sa Pananalapi at Pagpapaunlad.

T — *Ano ang tungkulin ng Tagasuri at paano ito pinipili?*

S — Kung paanong hinihirang ng Sanggunian ng mga Direktor ang Manager, ay gayon din ang paghirang sa Tagasuri. Ito ang sumusuri sa mga aklat-talaan ng Samahan. Siya rin ang Tagapangulo ng Komite sa Pagsusuri at Imbentaryo.

T — *Ano ang tungkulin ng Komite sa Edukasyon at Pagsasanay at sino ang mga bumubuo nito?*

S — Ang Komite sa Edukasyon at Pagsasanay ay binubuo ng tatlo. Isang Tagapangulo (Pangalawang Pangulo) at dalawang Kagawad na hinirang ng Sanggunian ng

mga Direktor sa panahon ng una nitong pulong. Ang Komiteng ito ay siyang nangangasiwa at nananagutan sa pagpapalaganap ng anumang bagay ukol sa Kooperatiba. Ito rin ang nagpapalaganap ng lahat ng kaalaman ukol sa Reporma sa Pananakahan at mga proyekto. Ang Komiteng ito ang siyang naghahanda ng pantaunang programa ukol sa Edukasyon sa pakikipag-ugnayan sa Pangulo.

T — *Ano ang tungkulin at paano ang pagbuo ng Komite sa Pananalapi at Pagpapaunlad?*

S — Binubuo ng tatlong tao ang komiteng ito. Ang dalawa ay inihahalal ng mga miyembro ng Samahan sa kanilang pulong-halalan. Ang Tagapangulo ng Komiteng ito ay ang *Manager* o Tagapangasiwa. Ang Komiteng ito ay siyang nagpaplano at nagpapatupad ng kampanya ukol sa pag-iimpok at sa mga proyekto sa pagkalap ng salapi. Nakikipagtulungan ito sa Komite sa Edukasyon at Pagsasanay, upang magawang Kooperatiba ang Samahan.

T — *Ano ang tungkulin at paano ang pagbuo sa Komite sa Pagsusuri at Imbentaryo?*

S — Binubuo ito ng tatlong tao. Ang dalawa ay inihahalal ng mga miyembro ng Samahan sa kanilang pulong-halalan. Ang Tagapangulo nito ay ang Tagasuri. Ang pangunahing tungkulin at pinakamaselang gawain ng komiteng ito ay ang pagsusuri sa lahat ng aklat-talaan ng Samahan, at pagbilang sa salaping nasa pag-iingat ng Kalihim-Tesorero. Ang komite ring ito ang siyang tanging taga-imbentaryo ng lahat ng pag-aari ng Samahan sa tuwing sasapit ang katapusan ng bawa't ikatlong buwan.

2

Mga Papeles ng Samahang Nayon

Kaya maipagmamalaking matatag at matibay ang pundasyon ng Samahang Nayon, ay sapagka't mayroon silang mga papeles sa pagmamay-ari sa samahan at mayroon silang Saligang Batas na ipinorma ng mga tauhan ng gobyerno upang magkaroon ng wastong kalinga ang bawa't miyembro sa organisasyon, at ang organisasyon ay maging gayon din sa lahat ng miyembro, nang walang pagtatangi-tangi.

Kung paano itinatatag ang Samahang Nayon, maingat itong pinahalagahan ng mga *utak* na lumikha sa nasabing samahan, sapagka't ang mga naunang samahang itinayo ng mga ahensya ng gobyerno, at pribadong samahan ay nabuwag kaagad. Ito'y dahil sa nakaligtaan ng mga nagtatag ang kahalagahan ng mga tuntunin at patakarang dapat na sundin nang buong kataimtiman—mula sa pagtatayo, hanggang sa pangangasiwa at pagpapatakbo, lalo na ang ukol sa mga miyembro. Unang ginawang lunas, ang Samahang Nayon bago itinatatag, ang mga miyembro nito ay pinapagtapos muna ng *Pre-membership Education Classes,* na hindi sa *papel lamang* ginagawa, kundi *talagang isinasagawa.*

Sa pagkakataong iyan, ipinauunawa ng mga tagasanay (*field workers*) ang kahulugan at kahalagahan ng Mga Artikulo ng Inkorporasyon (*Articles of Incorporations*) saka ang Saligang Batas. Magugunita na sa mga naunang itinindig na mga samahang pangmagbubukid, ang dalawang papeles na ito ay hindi man lamang nasisilip at nababasa ng mga miyembro.

Para hindi magkaroon ng kahit na himig ng pamimilit sa pagpapasapi, letra por letrang ipinaliliwanag ng mga tagasanay (*trainers*) ang kahulugan ng mga kataga at mga pangungusap na nakalagay sa Mga Artikulo ng Inkorporasyon at sa Saligang Batas. Bukod diyan, binigyan ng buong kalayaan ang mga nagsasanay ng pakikipagtalakayan sa kapuwa nag-aaral at nagtuturo, upang higit nilang maunawaan ang gayon at ganitong pangungusap sa dalawang papeles, at lubos na mabatid ang tunay na kakanyahan ng Samahang Nayon.

Ang Samahang Nayon ay siyang matibay na sandigan sa pagpapaunlad ng kabuhayan at kumunidad ng mga magsasaka. Ito ang naging tagapagligtas sa kahirapan at pagdaralita ng mahigit na 85 por siyentong mamamayan sa buong bansa. Sapagka't sinusunod ang Saligang Batas, ito ay pangangasiwaan at patatakbuhin ng mga miyembrong nahalal na mga pinuno nang ayon sa nasabing patakaran at tuntuning pinagtibay ng mga kasapi.

T — *May tuntunin bang sinusunod ang pagtatatag ng Samahang Nayon?*

S — Mayroon, at iyan ang isinasakatuparan ng *Field Worker* o Panlarangang Manggagawa ng pamahalaan, na nakatalaga sa nayon.

T — *Sino ang tinatawag na* Field Worker?

S — Empleado ito ng gobyerno na itinatalaga sa mga nayon. Eksperto ito sa mga gawaing nayon, pagtatatag ng mga samahan, pamamahala at pangangasiwa, pagpapatupad sa mga proyektong pambayan, at marami pang iba.

T — *Paanong nasusubaybayan ng* Field Worker *ang mga lider at mga gawain ng mga ito?*

S — Naisasagawa iyan ng Panlarangang Manggagawa sapagka't ito'y sa nayon naninirahan.

T — *Isang nayon lamang ba ang sakop ng Panlarangang Manggagawa?*

S — Hindi. Ang isang Panlarangang Manggawa ay nakasasakop sa may 10 nayon, nguni't ang binibigyan nila ng pangunahing atensyon sa simula ay limang (5) nayon lamang.

T — *Ano ang tinatawag na* Volunteer Barrio Worker *o Buluntaryong Manggagawang Pangnayon?*

S — Ang mga ito ay mamamayan sa nayon na tumutulong sa *Field Worker* sa anumang gawaing pangnayon. Pinili ang mga ito sa bunton ng masisipag na mamamayang rekomendado ng Kapitan del Baryo.

T — *Paano nagagampanang mabuti ng Buluntaryong Manggagawang Pangnayon ang mga gawaing ipinagagawa sa kanila ng* Field Worker, *e hindi naman sila nakatapos sa paaralan ng pagpapaunlad ng nayon, tulad ng FW?*

S — Ang mga Buluntaryong Manggagawang Pangnayon ay tinitipon ng *Field Worker* sa isang tanging lugar, at doon sinasanay ang mga ito ukol sa iba't ibang uri ng gawaing pangnayon. Pagkatapos ng ilang araw na pagsasanay, pinauuwi ang mga ito upang ipatupad ang kanilang mga natutuhan.

T — *Ano ang unang isinasagawa ng Buluntaryong Manggagawang Pangnayon?*

S — Kaagad, nakikipagkita ito sa Kapitan del Baryo na kasama ang ilang ider sa nayon, upang ipaliwanag ang programa ng pamahalaan ukol sa pagtatatag ng Sama-

hang Nayon, ng Kooperatiba, at ng Programa sa Reporma sa Pananakahan.

T — *Ano ang tinatawag ng* Pre-membership Education Program?

S — Ang *Pre-membership Education Program* ay ang sunud-sunod na pagsesesesyon ng mga magiging miyembro ng Samahang Nayon.

T — *Anu-ano naman ang tinatalakay sa nasabing mga sesyon?*

S — Ang mga paksang tinatalakay at ipinaliliwanag na mabuti ng Buluntaryong Manggagawang Pangnayon at ng Field Worker ay (1) ang Samahang Nayon, (2) mga bagay kung paano magtatagumpay ang Samahang Nayon, (3) ang Reporma sa Pananakahan at mga Kooperatiba, (4) ang simula, pilosopiya, at kakanyahan ng mga organisasyon ng Kooperatiba, at (5) mga prinsipyo at mga gawain ng Kooperatiba.

Sa panahon ng pagsesesyon, ang mga magiging miyembro ay sinisimulang papagbayarin na ng butaw sa pagsapi at iba pang abuloy.

T — *Sino at bakit nagtatatag ng pansamantalang komite?*

S — Ang mga nakatapos ng *Pre-membership Education Program* ay siyang nagtatatag ng pansamantalang Komite na ang mga miyembro ay sa kanilang grupo rin manggagaling. Ang pansamantalang komite ay mahalaga dahil sa ito ang nag-aaral at sumusuri sa Mga Artikulo ng Inkorporasyon, sa Saligang Batas, at sa mga papeles ng *Membership Agreement.* Ang nasabi ring Komite ang naghahanda ng mga papeles na iyan para mapagtibay (maratipikahan) ng mga miyembro sa tatawaging pulong-panlahat.

T — *Ibig bagang sabihin, nakatatag na noon ang Samahang Nayon?*

S — Hindi pa. Sa susunod nilang pagmimiting, kung maratipika ang Mga Artikulo ng Inkorporasyon, saka ang Saligang Batas, makapaghahalal na sila ng mga Direktor na bubuo sa Sanggunian, at kung sila ay makapamili na ng mga magiging Kagawad ng iba't ibang Komite, saka lamang masasabing nakapagtatag na nga sila ng Samahang Nayon.

T — *Sino ang naghahanda ng mga papeles sa pagpaparehistro ng Samahan?*

S — Nagtutulung-tulong ang mga miyembro, opisyales, at ang Buluntaryong Manggagawang Pangnayon.

T — *Anu-ano ang mga inihahandang papeles?*

S — Ang mga inihahanda ay (1) tatlong kopya o sipi ng *Articles of Incorporation—BA Form No. 3;* (2) tatlong kopya ng Saligang Batas—*BA Form No. 4;* (3) tatlong kopya ng katitikan ng unang pagmimiting sa pagtatatag ng mga miyembro—*BA Form No. 5;* (4) tatlong kopya ng katitikan ng unang pagmimiting ng Sanggunian ng Mga Direktor—*BA Form No. 6;* (5) tigtatatlong kopya ng *information sheet* ng Pangulo, Pangalawang Pangulo, Kalihim-Ingatyaman, *Manager* o Tagapangasiwa, at Tagasuri—*BA Form No. 7;* (6) tigtatatlong kopya ng impormasyon sa kontribyusyon ng puhunan o kapital, at ng taunang butaw—*BA Form No. 8;* (7) *Postal Money Order* na nagkakahalaga ng ₱10 na pambayad sa Kagawaran ng Pagpapaunlad ng mga Kooperatiba para sa rehistro at sertipiko sa rehistro; at (8) isang tatlumpong sentimong selyo dokumentaryo, at isang tatlumpong sentimong selyong *science tax* para sa sertipiko ng rehistro na ibibigay

sa Samahang Nayon ng Panlalawigang Tanggapan ng Kagawaran ng Pagpapaunlad ng mga Kooperatiba.

T — *Kung handa na ang lahat ng papeles, saan ito ibinibigay?*

S — Ang mga papeles sa pagpaparehistro kung nakahanda nang lahat ay ipinadadala sa *Municipal Development Officer* (MDO) sa pamamagitan ng *Field Worker.* Sinusuring mabuti ang mga papeles na iyan ng MDO, at kung mapatunayang maayos, ipinadadala niya ito sa tanggapang Panlalawigan ng Kagawaran ng Pagpapaunlad ng mga Kooperatiba para sa pagpapatibay at pagpapalabas ng Sertipiko ng Rehistro. Sakali namang makita ng MDO na hindi wasto ang mga papeles, ibinabalik iyon sa samahan, uli sa pamamagitan ng *Field Worker.*

T — *Ano ang* Articles of Incorporations?

S — Ang Mga Artikulo ng Inkorporasyon ay nagpapaliwanag kung anong uri ng dokumento mayroon ang isang samahan na naghahangad na maging korporasyon. Ito ay ginawa upang maging angkop sa isang tanging uri ng korporasyon. Ang mga Artikulo dito ay dapat na makatugon sa mga pangangailangang hinihingi ng batas sa ilalim ng pag-iinkorpora sa samahan. Lahat ng probisyon na kasama sa Mga Artikulo ng Samahan ay otorisado ng batas.

T — *Ano ang Inkorporasyon?*

S — Kapag ang samahan ng isang grupo ng tao ay nakapagparehistro sa nagrerehistrong ahensya ng gobyerno at tinanggap nila ang kanilang sertipiko ng rehistro, ang kanilang samahan ay sinasabing *incorporated* na. Sa

ibang salita, ang pagtatatag ng korporasyon, pagkatapos na maiparehistro, ay korporasyon na.

T — *Ano ang mga epekto ng Inkorporasyon sa samahan?*

S — Ang Samahang Nayong rehistrado ay nagkakaroon ng legal na personalidad. Nagtitila ito isang tao na maaaring magdemanda at maidemanda sa husgado. Nakapag-aari at nakapagbibili o nakapagpapamigay ng ariarian. Maaari itong makipagkontrata at magpatupad ng proyekto. Maaari ring makapagtayo ng anumang uri ng negosyo. Ang lahat ng iyan ay sa pamamagitan ng kanyang mga pinuno.

T — *Bakit kailangan pang maging rehistradong korporasyon ang Samahang Ngayon?*

S — Iyan ay kailangang-kailangan upang magkaroon ng mga benepisyo o pakinabang at proteksyon ng batas ang Samahang Nayon. Ang Samahang Nayon na naging korporasyon ay nagkakaroon ng karapatan sa mga pribilehiyo at tulong na ipinamamahagi ng gobyerno.

T — *Ano ang nilalaman ng Mga Artikulo ng Inkorporasyon?*

S — Marami. (1) *Kusangloob na Pagpapahayag ng Samahan.* Sa ilalim nito ay nakasaad na ang lahat ng magtatatag at sasapi sa Samahang Nayon ay mamamayan ng Pilipinas at naninirahan sa nasabing nayon. Mahalaga sa lahat, ang mga ito ay kusangloob na nagsamasama upang itatag ang Samahang Nayon.

(2) *Pangalan na pagkakakilalan sa samahan.* Ibig na sabihin nito ay dapat na pangalanan ang Samahang Nayon upang maging katawagang pagkakakilanlan ng sinuman. Ang layunin ay upang hindi maipagkamali sa ibang Samahang Nayon. Karaniwan, ang pangalan

ng nayon ang siyang ginagamit na pangalan ng samahan.

(3) *Mga Layunin at mga Kahalagahan Kung Bakit Itinatatag ang Samahang Nayon.* Dito ay maliwanag na nakatitik ang mga layunin ng Samahan upang lubos na maunawaan ng mga miyembro at ng pamahalaan ang tuwirang mga benepisyong makakamit sa Programa ng Reporma sa Pananakahan, Programa sa Produksyong Agrikultural, at Pagpapaunlad ng Panlipunang-Ekonomiya ng nasabing kumunidad.

(4) *Ang Tanggapan.* Ang ibig nitong sabihin ay kung saan naroroon ang tiyak at legal na kinalalagyan ng tanggapan ng samahan.

(5) *Hanggang kailan tatagal ang Samahan.* Sa ilalim nito nakasaad kung hanggang kailan maaaring tumagal ang samahan. Halimbawa, ang samahan ay maaaring lansagin ng Kagawaran ng mga Kooperatiba kapag umabot sa 20% ng mga miyembro ang hindi nakabayad sa hulog-bayad (amortisasyon) ng lupang kanilang binabayaran nang hinuhulugan. Isa pa, ang samahan ay maaaring lansagin kung pinagkakaisahan ng mga miyembro ang gayong paglansag, nguni't magagawa lamang iyan sa ilalim ng alin man sa mga dahilang nakasaad sa Artikulo XIV ng Saligang Batas. Gayon man, dapat na maging panghabang panahon ang buhay ng nasabing Samahang Nayon, upang maging patuloy ang pagpapaunlad ng buhay at ng kumunidad sa kabuuan.

(6) *Kailangang Inkorporador.* Ang mga pangalang nakatala sa papeles ng Mga Artikulo ng Inkorporasyon, ay siya lamang opisyal na inkorporadores. Hindi dapat kulangin sa labinlima ang bilang. Sa nasabing dokumento, dapat na matala ang kanilang tirahan na ka-

sunod ng tala ng kani-kanilang pangalan. Gayon man, tinitiyak na mahigit sa 15 mamamayan ang magsasama-sama upang itatag ang nasabing samahan. Dahil dito, ang ibang pangalan ay maaaring itala sa ibang papel at isama na lamang iyon sa mga Artikulo ng Inkorporasyon na ipadadala sa nagrerehistrong ahensya ng gobyerno.

(7) *Pangangapital o Pamumuhunan ng Samahan.* Sa ilalim nito, ang Samahang Nayon ay sinasabing hindi samahan upang gawing panghanapbuhay at gawing hagdan para makapagkamal ng salapi ang mga miyembro. Ito ay *non-stock at non-profit* na samahan. Dahil dito, ang paglalaan ng pondo sa anumang bagay ay nakasalalay sa maaaring makulektang butaw sa mga miyembro, mga donasyon at pangungutang sa ahensiyang utangan. Iyan ang dahilan kung bakit maliliit lamang na proyekto ang dapat na itaguyod ng nasabing samahan. Gayon man, ang malalaking proyekto ay maaaring ipatupad sakaling may malalaking pondong handog ang gobyerno o pribadong samahan, o dili kaya ay malalaking halagang donasyon ng mga indibiduwal na matulungin sa kapuwa at sa bayan.

T — *Ano ang Saligang Batas?*

S — Ang Saligang Batas ay isa pang mahalagang dokumentong gumugobyerno sa samahan. Ito ang mga tuntunin at mga kasunduang kusangloob na pinagtibay ng mga miyembro ng Samahan. Dito rin ipinaliliwanag ang mga relasyon ng bawa't isa sa kanyang kasama sa loob ng samahan, ang kani-kanilang tungkuling dapat na gampanan, mga katuturan, mga karapatan, mga responsibilidad, at mga katungkulan sa samahan.

Ang Saligang Batas ay siyang kinakikitaan ng ba-

langkas at gawain ng mga nanunungkulan at mga sangay ng samahan, gayon din ang mga relasyon ng mga ito sa isa't isa. Hindi dapat maging salungat sa mga Artikulo ng Inkorporasyon ang Saligang Batas.

T — *Mayroon bang Saligang Batas ang Samahang Nayon?*

S — Mayroon.

T — *Ano ang mga elementong makikita sa Saligang Batas ng Samahang Nayon?*

S — (1) *Ang Pagpapahayag.* Isinasaad dito na sa pamamagitan ng botong nakararami, ipinahahayag ng mga miyembro ang bilang ng mga miyembro ng Samahang Nayon, na pinagkakasunduan nila ang probisyon ng mga tuntunin at pamamaraan ng Saligang Batas upang magsilbing gaya nila sa pagpapalakad at pagpapatupad ng iba't ibang gawaing itinataguyod ng kanilang samahan. Ang Saligang Batas ay binubuo ng mga tuntuning bumibigkis sa lahat ng miyembro, at dapat nilang sundin nang buong katapatan habang sila ay miyembro ng nasabing Samahan.

(2) *Pangalan at Tanggapan.* Maliwanag na nakatala dito ang pinagkasunduan ng mga miyembro na pangalan ng kanilang samahan at kung saang lugar ito dapat magkaroon ng opisyal na tanggapan.

(3) *Probisyon Ukol sa mga Miyembro.* Sa ilalim nito ay nakasaad ang kung sino ang maaaring maging kasapi, mga kailangan ng nais magmiyembro, kung paano sila tatanggapin, mga karapatan at pananagutan ng mga miyembro, at mga tuntuning dapat sundin sa pagsususpinde at pagtitiwalag sa isang miyembro. May seksyon din ang probisyong ito ukol sa pagbibigay ng *membership card* at mga butaw at iba't ibang uri ng abuloy ng mga miyembro.

(4) *Paghanap ng Pondo at Pagpapalaki ng Puhunan.* Dahil sa ang Samahang Nayon ay hindi upang magnegosyo para kumita ng salapi, ang Saligang Batas ay may mga probisyong nagsasaad kung paano ang pagpaplano sa pagkalap ng salapi upang masustinihan ang kanilang mga gawain at operasyon. Dahil dito, ang mga miyembro ay sumasang-ayon na magbabayad ng butaw sa pagsapi at iba pang uri ng butaw, bukod sa mga kontribyusyong kaya nilang ibigay sa samahan. Gayon din, sa ilalim ng probisyong ito, sang-ayon ang lahat ng miyembro na lumahok sa pagpapalaki ng pondo ukol sa mga gugulin sa hinaharap at pagbili ng *shares of stock* (sosyo) sa mga *Rural Bank,* saka upang may magamit na kapital o puhunan sa kanilang Kooperatibang itatatag.

(5) *Ang mga Pulong.* Sa probisyong ito mababatid ang iba't ibang uri ng pulong o miting at kung ano ang dapat na pagpulungan at mga kailangan sa pagtawag ng miting. Dito rin mababatid kung anong porsyento ng lahat ng miyembro ang dapat bumuo ng *quorum* (korum).

(6) *Sanggunian ng mga Direktor.* Dito makikita kung paano inihahalal ang bumubuo sa Sanggunian, ang ginagawa kung may namamatay na miyembro ng Sanggunian, kung may nagbibitiw sa tungkulin o inaalis kaya sa panahon ng panunungkulan.

(7) *Ang mga Pamunuan.* Sa probisyong ito makikita kung ano ang kuwalipikasyon ng mga opisyales, kung ano ang paraan nang pagpili at paghahalal, kung ilang taon sila makapanunungkulan, kung anu-ano ang punong pipiliin, at kung paano maaaring lagyan ng tao ang bakanteng puwesto.

(8) *Kompensasyon ng Mga Direktor at Ibang Pinuno.* Maaaring bigyan ng karapatan ang mga ito na masingil sa samahan ang anumang halagang nagugol nila samantalang tumutupad sa kanilang tungkulin.

Ang nasabing Saligang Batas ng Samahang Nayon ay may mga probisyon din ukol sa mga tungkulin, kapangyarihan, at mga responsibilidad ng mga pinuno at mga Direktor. Mayroon ding probisyon ukol sa mga Komite, kung ito ay ilan at bilang ng mga bubuo, mga tungkulin at katuturan. Kung paano naisasagawa ang *Savings Fund, Barrio Guarantee Fund,* pagpapalaki ng puhunan, pag-iimpok, may probisyon din ukol sa mga ito.

Kung ang Saligang Batas ay natatayang dapat na masusugan, mayroon ding tuntunin ukol dito nang matalos kung paano maaring susugan ang nasabing Saligang Batas.

Ang Saligang Batas ay may probisyon kung kailan at kung paano maaaring lansagin ang samahan, at kung paano babahaginin sa mga miyembro ang natirang mga pag-aari ng samahan.

Ang pinakahuli, at itinuturing na mahalaga ay dapat matalos ng mga miyembro na ang mga tuntunin, regulasyon, sirkular, at mga direktiba ng Kagawaran ng Pagpapaunlad sa mga Kooperatiba ay ginawang bahagi ng Saligang Batas.

T — *Ano ang tinatawag na* Membership Agreement?

S — Ito ay siyang kinatatalaan ng mga dapat na gawin at maisakatuparan ng bawa't miyembro sa kanyang samahan. Dito, ipinangangako ng miyembro na tutuparin ng buong katapatan ang lahat ng itinatagubilin sa kanya ng Mga Artikulo ng Inkorporasyon at Saligang

Batas; na dadaluhan niya ang lahat ng miting, kompirensya at mga seminar ng samahan; na magbabayad siya ng butaw sa pagsapi, taunang butaw at iba pang abuloy na maaaring hilingin ng Samahan; na gagamit siya ng makabagong pamamaraan sa pagsasaka; na lalahok siya sa lahat ng itinataguyod na *Savings Program;* at magbabayad siya ng taunang amortisasyon ng lupang sinasaka.

T — *Kailan maaaring makapagsimula ng paglilingkod sa mga kasapi ang Samahang Nayon?*

S — Pagkatapos na maiparehistro ang nasabing Samahang Nayon.

T — *Ano ang mga patakaran ng Samahang Nayon ukol sa itinataguyod na Programa sa Reporma sa Pananakahan?*

S — (1) Ang Samahang Nayon ay tumitindig na garantor (nananagutan) sa mga hulog-bayad ng mga kasapi. (2) Ginagarantiyahan lamang ng Samahang Nayon ang hulog-bayad ng mga tunay na kasapi o miyembro. (3) Ang nasabing garantiya ay dapat na tangkilikin ng gobyerno sa pamamagitan ng itinalaga nitong mga ahensya. (4) Kung magkataong ang isang miyembro ay hindi makatupad sa pagbabayad, ang Samahang Nayon ay may kapangyarihang gumawa ng anumang hakbang laban sa nasabing nagpabayang miyembro.

T — *Ano ang dapat gawin ng isang magsasakang nais na mapasakanya na ang buong pangangasiwa ng sinasakang lupa?*

S — Ang unang hakbang ay dapat na makakuha siya ng sertipikasyon o patibay na siya ay tunay na miyembro ng Samahang Nayon. Ito ang *BA Form No. 9.*

T — *Saan dinadala ng magsasaka ang Sertipikasyon ukol sa pagiging miyembro ng Samahang Nayon?*

S — Ang sertipikasyon ay ibinibigay sa representante ng Departamento ng Reporma sa Pananakahan. Kailangan iyan, bago siya mabigyan ng Sertipiko sa pagmamay-ari ng lupang sinasaka.

T — *Kung hindi makahulog sa lupa ang magsasaka dahil sa kapabayaan nito, anong mga hakbang ang maaaring gawin ng Samahang Nayon?*

S — Sa pamamagitan ng Sanggunian ng mga Direktor, maaaring ipasiya nito na pansamantalang pamahalaan at pangasiwaan ng samahan ang lupang sinasaka. Maaari ring itiwalag sa samahan ang magsasakang ito at bawiin sa kanya ang karapatan sa pansamantalang pagmamay-ari ng lupa.

T — *Kung makabayad na nang lubos ang magsasaka sa lupang sinasaka, paano mapapasakanya ang titulo ng lupang nasabi?*

S — Pagkabayad ng magsasaka sa hinuhulugang lupa, ipababatid iyon ng Samahang Nayon sa kinauukulang ahensya ng gobyerno. Sa gayon, ibibigay ng nasabing ahensya ng gobyerno ang titulo ng lupa sa Samahang Nayon, at ito ang magbibigay sa magsasakang kinauukulan.

T — *Paanong nakatutulong ang Samahang Nayon sa pagpapalaganap ng mga teknikong kaalamang pambukid?*

S — Sinumang ahente ng gobyerno o pribadong samahan, ay sa Samahang Nayon nakikipag-ugnayan. Halimbawa, kailangang matutuhan ng mga magbubukid ang mabisang paraan nang pagsugpo sa peste o sakit ng palay. Pagkatapos na mabatid ng Pangulo na sinasalakay

ng sakit ang mga palay sa bukid ng kanyang mga miyembro, siya na lamang ang makikipag-unawaan sa tekniko ng pamahalaan. Tatawagan niya ng pansin ang Komite sa Edukasyon at Pagsasanay ukol sa pagtawag ng miting, demonstrasyon, o talakayan na maaaring ganapin sa gayong oras ng tanging araw o gabi. Sa kabilang dako naman, ang nasabing Komite ay siyang mangangasiwa sa nasabing gawain sa tulong ng tekniko ng pamahalaan. Dahil sa paraang ito—maramihan at hindi indibiduwal—malaki ang napapakinabang ng mga magbubukid, habang natututuhan at nakakamihasahan pa ang pagtutulungan at pagdadamayan sa pagtataguyod ng anumang gawain.

T — *Bakit nakabibili ng mga kagamitang pambukid ang magsasaka sa mahabang halaga?*

S — Simple ang paraan. Halimbawang kailangan na ng mga magsasaka ang pataba, ang Samahang Nayon sa pamamagitan ng *Manager* o Tagapangasiwa ay hahanap ng mabibilihang diler ng pataba na may mababang halaga. Pagkatapos na mapagtibay ng Sanggunian ng mga Direktor ang rekomendadong tindera o diler, ang *Manager* ay bibili sa paraang pakyawan, para sa mga miyembro ng samahan. Sapagka't ang pagbibili nito sa mga miyembro ay walang tubo, ang benepisyo ay napupunta sa mga magsasaka. At kung may komisyon pang nakukuha ang samahan, ang nakikinabang sa komisyong iyan ay mga miyembro din.

T — *Paano naman naipagbibili nang mahal ang labis na produkto o ani ng mga magsasaka?*

S — Uli, sa pamamagitan ng *Manager* o Tagapangasiwa,

ang Samahang Nayon ay hahanap ng mamimiling makapagbabayad ng mataas na halaga sa kanilang produkto. Kapag iyon ay pinagtibay ng Sanggunian ng mga Direktor, sa pagsubaybay ng *Manager,* dito ipinagbibili ng magsasaka ang labis niyang ani.

3

Ang Paghihimagsik

Nang lumaki at hindi na napigil ang paglaganap ng mga suliranin sa pananakahan, naghimagsik ang mga magsasaka. Kasabay nito, may mga lumapit na *malalamig na ulo* sa gobyerno at nanghingi ng lunas o gamot sa mga problemang iyon. Binigyan sila, nguni't, sa halip na maging gamot ang mga batas o *decree* ng Espanya, lalo pa iyong nakasama at nakapagpalubha sa mga suliraning pambukid.

Sa panahong ito isinilang ang mga kasiki (cacíque). Ang mga kasiki ang binigyan ng kapangyarihan ng Espanya upang ipatupad ang dalawang batas para sa Pilipinas. (Ang kasiki ay mestisong Kastila at Pilipino). Sapagka't *mang-mang* at *walang lakas* sa pamahalaan ang mga magsasaka, madaling nakapagpayaman ang mga kasiki. Nagsigawa ng mga abilidad na madali ring naipagtagumpay dahil sa ang mga ito rin ang nakasuso sa gobyerno. At ang mga magbubukid ay tuluyang nawalan ng mga karapatan sa sinasakang (sariling) mga bukid. At, naghimagsik ang mga Pilipino sa pamamahala ng Espanya sa gobyerno ng Pilipinas. Ito ay noong 1896.

Kaagad, kinumpiska ni Heneral at Presidente Emilio Aguinaldo ang mga lupaing kinamkam ng mga Kastila at mga kasiki. Ibinalik iyon sa mga dating may-aring magsasaka. Subali't natigil iyon dahil sa pagdating ng mga Amerikano. Sanhi niyon, muling nabalik sa mga kasiki at Kastila ang nasabing mga nabawing lupain, una, pagka't nagpatuloy sa pamumundok ang mga magbubukid.

Nang matiyak ng mga Amerikano na magiging malubha ang suliranin sa pananakahan kapag nagpatuloy na hawak ng iilang kasiki at mga Kastila at Simbahan ang malalawak na sakahing lupa, binili iyon ng gobyernong Amerikano. Tinawag ang mga magbubukid at ipinamahagi iyon at pinabayaran nang hulugan. Subali't ang paraang iyon ay hindi nagustuhan ng mga magsasaka. Muling gumulo. At nabigo ang magandang layunin at programa sa lupa ng gobyernong Amerikano.

Gayon man, hindi tumigil sa paghanap ng lunas ang mga pinunong Amerikano at Pilipino. At noong 1902, napagtibay sa Batasan ng Pilipinas ang batas ukol sa *Homestead*. Ipinatupad ito kaagad, sa hangad na mabigyan ng sariling sakahin ang mga magbubukid. Kaugnay pa rin nito ay hinangad din ng mga Amerikano na mapanatili ang katahimikan, lalo na sa Luson. Nguni't muling nabigo ang mga Amerikano pagka't ang pamuling nakapagsamantala ay ang mga kasiki. At umigting ang kaguluhan, sa halip na malunasan ang nasabing mga problema sa pananakahan.

T — *Bakit may kaugnayan ang Reporma sa Pananakahan sa Samahang Nayon?*

S — Ang Samahang Nayon ay organisasyon ng mga magsasaka. Ito ay siyang pundasyon ng anumang uri ng pagpapaunlad, maging ito ay panlipunan, pangkabuhayan, pampulitika, at marami pang ibang may kinalaman sa pagtutulungan, pagtatangkilikan at pagdadamayan. Bukod diyan, ang Samahang Nayon ang siyang tuwirang tutulong sa mga magsasakang kasapi sa pagpapaunlad ng pananakahan. Ito rin ang samahang makapananagot sa kanyang mga miyembro, lalo na nga sa pagbabayad ng amortisasyon ng lupang sinasaka. Ang organisasyong ito ay siyang daluyan ng lahat ng tulong sa magbubukid na ibinibigay ng gobyerno.

T — *Ano ang pagkakaiba ng Reporma sa Lupa sa Reporma sa Pananakahan?*

S — Ang Reporma sa Lupa ay nangangahulugan na ang Repormang dapat na maisagawa ay ukol lamang sa lupa, samantalang ang Reporma sa Pananakahan ay Reporma ukol sa relasyon ng tao sa lupa, kasama ang ukol sa paraan ng pagsasaka, ekonomiya, ng lipunan, ng politika, at mga relasyong pangkultura. Sa ibang pangungusap, ang ibig sabihin ng Reporma sa Pananakahan ay paglulunas sa mga depekto sa distribyusyon ng lupa at mga relasyon ng nagbubungkal sa lupang sinasaka.

T — *Bakit naging pangunahing suliraning panlipunan ang pananakahan sa Pilipinas?*

S — Dahil sa hindi malunasan ang suliranin ukol sa pananakahan, nanatiling dukha ang mga magsasaka. At sapagka't nagdaralita ang mga ito, ang kanilang mga anak (maging sila man) ay nauubligang magtungo sa mga lungsod upang makipagsapalaran nang mapabuti kahit na bahagya man lamang ang pamumuhay ng kanilang pamilya. At lalong nagsikip ang lungsod. Karamihan sa mga ito ay naging iskuwater. Sa ganyan, natitiwangwang ang mga bukirin. Humina ang produksyon, habang patuloy sa mabilis na pagdami ang tao. Dahil diyan, hindi nararagdagan ang nakokolektang buwis, samantalang lumalaki ang populasyon. Resulta pa: ang pundasyon ng pagpapaunlad ng kabuhayan ay siyang nalagay sa itaas, at ang nalagay sa ibaba ay yong dapat na suhayan at patatagin—tila piramidang nabaligtad.

T — *Layunin ng Reporma sa Pananakahan na maisalin sa mga magsasaka ang pagmamay-ari ng lupang sinasaka.*

Mahihirap lamang sila at walang puhunan, paano nila maaayos ang bukid?

S — Kaya nga dapat silang maging miyembro ng Samahang Nayon, pagka't ang ahensiya ng gobyerno sa pagpapautang ay magbibigay lamang ng luwag o magpapautang lamang sa mga magsasakang kasapi ng nasabing organisasyon. Ang Samahang Nayon ay sekyuriridad ng bawa't kasapi.

T — *Pagkatapos na mailipat na sa magsasaka ang pansamantalang pagmamay-ari ng lupang sinasaka, ano pang problema ang dapat na malunasan ng magsasaka at ng gobyerno, bukod sa taunang amortisasyon ng lupa?*

S — Marami pang problema ang kakaharapin ng magsasaka. Halimbawa, tungkulin niyang (ng magsasaka) maisaayos na mabuti ang lupang sinasaka, paggamit ng makabagong pamamaraan sa pagbubungkal at pagtatanim, at pag-aalaga sa mga tanim, hindi para sa kanyang kapakanan lamang, kundi sa kapakanan ng lipunan, upang makalikha ang mga magbubukid ng matahimik, masaya, at maunlad na kumunidad.

T — *Kailan bang talaga nagsimula ang suliranin ukol sa lupa at pagsasaka?*

S — Ang problema ukol sa lupa at pagsasaka ay maaaring masabing nagsimula noong sakupin ng Espanya ang Pilipinas, at iyan ay pormal na nagsimula noong 1565. Ang unang ginawa ng Espanya ay idiniklarang ang lahat ng lupa sa buong bansa ay walang nagmamay-ari. At sa gayon ay napaghati-hati ng Espanya ang malalawak na lupain ng Pilipinas sa mga sibilyang naging kapanalig ng gobyernong Kastila at saka ng mga utusan ng militar na Kastila, bilang gantimpala sa ka-

nilang mga paglilingkod. Ito ang tinatawag na *mga encomiendas.* At dahil sa nawalan ng karapatang makapagmay-ari ang lihitimong Pilipino, nagsimula na silang magbungkal ng lupa na hindi kanila.

T — *Sino ang tinatawag na mga kasiki* (cacique)?

S — Ang mga kasiki ay ang mga naging *cabezas* at mga *governadorcillos.* Ang kabesa ay ang mga Datu na pinuno ng isang barangay. Tinawag silang *cabeza de barangay.* Ang tawag noon sa bayan ay pueblo at ito ay napamamahalaan ng isang kung tawagin ay gobernadorsilyo (governadorcillo).

T — *Bakit naging kaaway na numero uno ng karaniwang mamamayan ang mga kabesa at gobernadorsilyo?*

S — Ang mga Kabesa de Barangay at Gobernadorsilyo na siyang tinawag na mga kasiki ay naging asawa ng Kastila. Dito sumulpot ang mga *mestizo.* Ang mga mestisong ito ay siyang binigyan ng kapangyarihan ng gobyerno na makapangulekta ng mga buwis. At iyan ang nagbigay sa mga kasiki o mestiso ng kapangyarihan, hanggang sa magbangon ang ilang pangkat ng mga Pilipino laban sa Kasiki at pamahalaan.

T — *Saan nagkaroon ng unang rebelyon?*

S — Ang unang rebelyon ay naganap sa mga bahagi ng Gitnang Luson.

T — *Nagkaroon ba ng bunga ang nasabing rebelyon?*

S — Oo. At dahil nga sa kaguluhang iyan, nagpalabas ng dalawang *Royal Decree* ang Pamahalaan ng Espanya na nag-uutos sa lahat ng nagmamay-ari ng lupa na ikuha ng titulo ang kani-kanilang lupa.

T — *Nalunasan ba nito ang suliranin ukol sa lupa?*

S — Hindi. Lalo pa itong nakapagpalaki sa suliranin ukol sa lupa, sapagka't nang idiklara ng gobyerno ng Espanya ang *Royal Decree* noong 1880 at ang ikalawa ay noong 1894, ang nakinabang lamang dito ay ang mga kasiki. Dahil sa kainusentihan ng mga magbubukid ang mga ito ay hindi nakakuha ng titulo ng kanilang mumunting sukat ng lupa. Takot sila at didoso kasi sa ginawang ito ng pamahalaan. Ang kabutihan niyan ay hindi nila naunawaan. At ang mga kasiki, nang matalos ang reaksiyong iyan ng maraming magbubukid, sa pagkuha ng mga ito (mga kasiki) ng titulo ng kanilang lupa, isinama sa kanilang pag-aaari ang maraming lupang kahangga ng kanilang lupa. Tinatayang mahigit na 400,000 magsasakang Pilipino ang nawalan ng lupa at naging kasama na lamang ng mga kasiki. Kaya sa halip na nakabuti ang *Royal Decree,* lalo itong nakasama.

T — *Paano naman nagkaroon ng malalawak na lupain ang Simbahang Katoliko?*

S — Ang mga simbahan ay nagkaroon ng malalawak na lupain sa pook pa namang matao dahil sa pagbibigay ng pamahalaan ng Espanya sa ginawang kahilingan ng mga otoridad ng simbahan.

T — *May nagsasabi na kaya nagkaroon ng rebulosyon noong 1896 ay dahil sa masamang pamamalakad ng pamahalaan ng mga Kastila sa Pilipinas, at may nagsasabi namang yaon ay isinagawa ng mga Pilipino dahil sa suliranin sa lupa at pagsasaka. Alin ang totoo?*

S — Pareho. Sapagka't ang isa sa isa ay may kaugnayan. Kaya, nang maging Pangulo ng Republika ng Pilipinas si Hen. Emilio Aguinaldo, kinumpiska ang malalawak na lupain ng mga simbahan at ipinagbibigay sa mga

magsasakang Pilipino. Subali't dahil sa pagdating ng mga Amerikano noong 1898, ang layunin ni Hen. Aguinaldo na maibalik sa mga magsasaka ang mga lupang yaon ng mga kasiki at simbahan, ay kaagad naputol. Kaya, nanatiling nasa kamay ng mga kasiki at praile ang malalawak na lupang sakahin at iilang magsasaka ang nagkaroon ng benepisyo sa isinagawa noon ni Hen. Aguinaldo.

T — *Nang dumating ang mga Amerikano, ano ang hakbang nilang ginawa upang malunasan ang suliranin ng pananakahan sa Pilipinas?*

S — Dahil sa natiyak ng mga Amerikano na ang gulo ay sanhi ng hindi maayos na distribusyon ng lupa sa Pilipinas—na mga dayuhan pa ang may malalaking sukat ng lupa—binili ng gobyerno ng Amerika ang mahigit na 165,000 iktarya ng lupa ng mga praile sa halagang 6,433.36 dolyar ($6,433.36) at pinaghahati-hati ito sa may 60,000 magsasakang nakatira sa mga lupang yaon ng simbahan. Ang nasabing mga lote ay pinabayaran sa kanila ng hulugan sa loob ng 25 taon. Subali't hindi iyon nagtagumpay dahil sa nagsipagtaka ang mga magsasaka sa paraang yaon na babayaran nila ang lupa ng kanilang mga yumaong magulang. At tumanggi silang bilhin iyon.

T — *Gaano pa kalaki ang lupang pag-aari pa ng simbahan?*

S — Sang-ayon sa mga otoridad, hanggang noong 1938, mahigit pang 41,700 iktarya ang kontrolado ng simbahan.

T — *Bakit hindi nagtagumpay ang pagbibigay ng* Homestead *na nakatadhana sa* Public Land Act *noong Hulyo 1, 1902?*

S — Marami ang dahilan. Subali't ang ilang pinakamahalaga ay una: dahil sa kamangmangan ng mga magsasaka. Ang magandang layunin ng patakaran ng pamamahala ng mga Amerikano ay hindi nila nasamantala. At muli, ang nakapagsamantala lamang ay ang mga kasiki. Kung marami mang mga magsasakang umaplay sa paghohomisted, nang pinatitituluhan na nila ang nasabing sukat ng lupang kanilang pinaghirapan, ang nasabing mga sukat ng lupa ay bigla na lamang matatagpuan na may mga titulo na at ari na ni gayon at ni ganitong mayaman at maimpluhensiya sa mga tauhan ng gobyerno. Ikalawa, lubhang nabigatan ang mga magsasaka dahil sa walang mga kalsada at mahuhusay na daan sa pook ng mga homisted. Bukod diyan, ang anumang inaani ay hindi madala sa mga pamilihan. Ikatlo, lubhang kulang sa mga tauhan ang sumusukat sa mga lupa, kaya hanggang noong 1937, 25,708,136 na iktaryang lupa ang nananatiling naghihintay ng mga tauhan ng *cadastral survey* o manunukat ng lupa ng gobyerno.

4

Mga Unang Batas

Maraming batas ukol sa pananakahan ang pinagtibay ng Batasan ng Pilipinas noong ito ay nasa ilalim pa ng pamamahala ng mga Amerikano. Isa at kauna-unahan ay ang batas sa partihan na 50-50. Sa batas na ito, ipinagbabawal ng pamahalaan na alisin o magpaalis ng mga kasama ang propetaryo. Nguni't dahil sa mga depekto ng nasabing batas, hindi iyon nakairal sa halos lahat ng lalawigang may suliranin sa pananakahan.

Upang magkaroon ng ngipin ang batas na iyon (*Rice Share Tenancy Act 4054*), noong maging pangulo si Manuel Luis Quezon, ito ay sinusugan, subali't ang kapangyarihan ng mayayamang mambabatas ay siya namang nakapamaibabaw at nakapangyari. Paano, karamihan sa nasabing mambabatas ay mga propitaryo.

Sa ibabaw ng kapangitang iyan na nangyari sa lipunan ng pananakahan, isinilang naman noong 1954 ang batas 1199, na tinawag na *Agricultural Tenancy Act*. Datapuwa't ang batas na itong nagpapahintulot na maging kaparte ng magsasaka ang 70 por siyento ng kanyang inani, ay hindi rin lubusang nakapagpapagaling sa sakit ng Katarungang Panlipunan.

Maganda ang layunin ni Pangulong Ramon Magsaysay nang mapagtibay ang batas 1199, nguni't nang isilang ang kagandahang ito sa panig ng mga magbubukid, ang mga asindero ay gumugol ng maraming salapi at isinuhol sa mga

mambabatas para masagkaan ang nais ni Pangulong Magsaysay na maipatupad ang partihang 70-30 at pagbili nito sa mga asyendang malalaki ng mga propitaryo, na kinabibilangan ng maraming mambabatas.

Ang Pangulo ng Pilipinas ay hindi nakagagawa ng batas, kaya anuman ang ideya at panukalang mabuti na makabubuti sa mga magbubukid ang ihain niya sa Batasan ng Bansa, nagkakaroon iyon ng depektong lusutan ng mayayaman, para maisagawa at maipagtagumpay ang pananakim sa ani at lupang sinasaka ng mga hamak na magbubukid.

Nang sumunod na taon (1955) isinilang naman ang batas na tinaguriang programa ukol sa *Land for the Landless.* Ito ang *Land Reform Act 1400* na tanggapan ng *Land Tenure Administration.* Sa nasabing batas nakatitik ang maraming magagandang kautusang nagtatagubilin sa mga magsasaka at nagpapasaka. Pero, kung marami nang magsasaka ang nagkaroon ng benepisyo sa nasabing batas—mga magsasakang may dalawang mukha—higit at napakaraming lalong nabaon sa pagdaralita. Uli, iyan ay dahil sa kapangyarihan ng salapi at butas ng batas.

Sa nasabi ring panahon, sumilang ang *Land Resettlement Act.* At katulad noong mga naunang batas, mayroon din itong depekto, kaya naging mailap sa pamahalaan ang tagumpay na malunasan ang suliraning matagal nang pasan-pasan ng mga magbubukid.

T — *Bakit ba nauso ang 50-50 partihan ng may-ari ng lupa at kanyang kasama?*

S — Dahil sa pagsisikap ng ilang opisyal na Pilipino at mga Amerikano na malunasan ang puta-putaking pag-aalsa ng mga magsasaka, lalo na nang pagsisirain at nakawin ng mga ito ang mga kasulatan sa lupa sa Tayug City Hall noong 1931, ang pamahalaan ay nagpatibay ng

isang batas noong 1933 na tinawag na *Rice Share Tenancy Act 4054*. Ang nasabing batas ay siyang naghayag na ang dapat na maging partihang legal noon ng mga magsasaka at may-ari ng lupa ay 50-50. Sa nasabi ring batas, binigyan ng proteksyon ang mga magsasaka na hindi ito maaaring paalisin sa pagsasaka ng may-ari ng lupa nang simpuwersahan o sapilitan. Noon, maganda na nga sana ang nasabing batas, subali't naagapan ito ng mga kasiki at nasingitan ng probisyong maaari lamang iyong maipatupad sa isang pook sa pamamagitan ng petisyon ng nakararaming miyembro ng mga Konseho Munisipal sa isang tanging lalawigan. Sapagka't ang mga miyembro ng mga Konseho Munisipal ay kontrolado ng mayayamang may-ari ng malalawak na lupain, hindi maimplementa ang nasabing batas.

T — *Hindi na ba nabalitaan man lamang ng gobyerno ang masamang nangyaring iyan na kagagawan ng mayayamang may-ari ng lupa? Kung nakarating iyan sa kanilang mga tainga, ano ang kanilang ginawang aksyon?*

S — Ang totoo, nang mga panahong iyon, nakatatag na ang Sakdalista sa ilalim ng pamumuno ni Benigno Ramos (1930). At noong 1935, nang magkaroon siya ng may 5,000 tauhang binubuo ng magkakahalong kalalakihan at kababaihang taga Timog Luson, ang mga ito ay naghimagsik laban sa gobyerno. Nguni't may isang daan (100) sa mga ito ang napatay ng mga Pulis Komonwelt nang sila ay sagkaan sa pagbabangon. At bilang hakbang ng gobyerno, sinusugan nila noong 1936 ang nasabing batas (*Rice Share Tenancy Act 4054*) upang lubos na mapakinabangan ng mga magsasaka. Nguni't lubhang makapangyarihan ang maya-

yamang may-ari ng malalawak na lupain, ang nasabing susog ay nawalan ng ngipin. Bukod diyan, tinakot ng mayayaman ang kanilang mga kasama, na sinumang humingi ng katarungan upang maipatupad ang nasabing batas, ay aalisan ng saka. Muli, ang nasabing batas ay hindi nakapagbigay ng mabuting pakinabang sa mga magsasaka.

T—*Alin at kailan naman nauso ang partihang 70-30?*

S—Ang partihang ito ay nakapaloob sa tinatawag na *Agricultural Tenancy Act* noong 1954 na lalong kilala sa *Republic Act 1199*. Ang batas na ito na tila nagdaan sa butas ng karayom dahil sa impluensya ng mayayamang may-ari ng malalawak na lupain sa mga mambabatas ay nagkaroon ng magandang larawan sa mga magsasaka. Subali't ito ay hindi rin naging ganap na panggamot sa problemang pangsakahan. Kung lumaki man ang kaparte ng magsasaka (70%) kanya naman ang lahat ng gagamitin sa pagsasaka. Ang 30% sa inani ang mauuwi sa hindi gumugol na may-ari ng lupa. Hindi pa rin ito nakalunas sa pangunahing problema ng mga magsasaka, pagka't hindi nakasali sa nasabing batas ang ukol sa kung paano magkakaroon ng sariling lupang sakahin ang mga magbubukid.

T—*Bakit hindi nagtagumpay ang batas 1199 o ang* Agricultural Tenancy Act *ng 1954, gayong ito ay nagpapahintulot nang makaparte ang magsasaka ng 70% ng kabuuang inani?*

S—Kung maganda man ang nasabing batas na pinagkasimulan ng pagtanyag ni nasirang Pangulong Ramon Magsaysay, upang idolohin siya ng mga magsasaka, ang RA 1199 ay nakaresulbe lamang ng ukol sa partihang pabor sa magsasaka at hindi nito nalunasan ang

talagang ugat na pinagmumulan ng problemang pangsakahan.

T — *May sumunod pang batas dito na higit daw na mainam, subali't hindi rin naging lubos ang tagumpay, bakit?*

S — Talagang makapangyarihan ang mayayamang may-ari ng malalaking bukirin, sapagka't ang nais ni Presidente Magsaysay na bawa't asyenda na mabili, ang may-ari ay maaari lamang makapagbukod ng 150 iktarya, ang ginawa ng mayayamang ito ay gumawa sila ng paraan upang ang dapat na mabili lamang ng pamahalaan ay yaong asyendang mahigit sa 300 iktarya ang sukat. At dahil diyan, mula noong 1955 hanggang noong 1962, 41 asyenda lamang ang nabili ng gobyerno at ito ay umaabot lamang sa 19,155 iktarya.

T — *Alin ang batas na ito?*

S — Ang batas na ito ay yaong tinatawag na *Land Reform Act ng 1955,* batas ng Republika 1400 Ang batas na ito ay nagtatagubilin sa paglikha ng tanggapan ng *Land Tenure Administration.* Ito rin ang tinagurian ni Magsaysay na batas na nauukol sa kanyang programang *Land for the landless.*

T — *Ano ang magagandang nilalaman ng batas 1400 na sinasabing malaking pabor sa mga magsasaka?*

S — Ang batas na ito na bagaman hindi naging lubos na naipagtagumpay ay naglalaman ng magagandang pangarap ni Magsaysay na tulad ng: (1) pagpapaliit sa malalawak na asyendang ari lamang ng isang tao at ang pagsasama-sama ng maliliit upang gawing mga loteng may katamtamang laki; (2) paglilipat sa mga magsasakang walang sariling lupang sinasaka doon sa

mga lugar na ayos at angkop sa pagbubungkal na ari ng gobyerno; (3) pagbibigay ng luwag ng pangungutang sa banko ng maliliit na magsasakang may sariling sinasakang lupa; (4) pagbababa ng buwis at interes upang ang mga may nais manatiling magsasaka ay magkaroon ng pagkakataong makapagpainam ng buhay; (5) madaling paraan sa pagkuha at pagpapatitulo ng lupa ng mga magsasaka; at (6) pagbabago sa paraan ng pagbabayad ng buwis ukol sa mga ariarian.

T — *Ano pang solusyon ang ginawa ng gobyerno upang malunasan ang mga suliranin ukol sa pananakahan?*

S — Mayroon ngang ginawang aksiyon ang gobyerno upang malunasan nang tuwiran ang problema sa pananakahan. Subali't naging magagaling ang mga mambabatas na mayayaman. Madali nilang pinagtibay ang batas ukol sa *land resettlement,* na ipinangalandakan nilang siyang tanging solusyon sa lumulubhang suliranin ng mga magsasaka. Sa bibig nila nanggaling ang pangungusap na ang bansa ay may 7,624,638 iktaryang maaaring paglipatan sa mga magsasakang walang sariling binubungkal na bukid. Subali't ang tunay na katotohanan ay ang karamihan sa mga lupang sinasabi nilang paglilipatan sa mga magsasaka ay pag-aari na pala ng ibang tao, na ang mga titulo ay hindi pa lamang nahahawakan o hindi pa napalalabas.

5

Ang Batas 3844

. . .At pinatid ng Kodigo sa Reporma sa mga Lupang Pangsakahan, ang tanikala ng pang-aalipin, pagdaralita at paghihikahos, na matagal nang panahong nakatali sa mga bisig ng mga magbubukid na Pilipino. Iyan ang batas na pinagsikapan ni Pangulong Diosdado Macapagal na mapagtibay ng Kongreso. At natuwa ang mahihirap na magbubukid.

Nguni't ang katuwaang iyan ay hindi nagtagal, pagka't maraming magsasaka ang nawalan ng saka, at ang mayayamang propetaryo, para maialis sa kanilang pasakang bukid ang maraming kasama na napakandili sa nasabing batas, ay nag-*file* ng *personal cultivation*. Sapagka't mayaman, tunay ngang maisasagawa sa pamamagitan ng mga makinarya ang pagbubungkal, pagtatanim at pag-aani sa bukid.

At marami ang mahirap na lumuha nang matiyak nilang sila ay nalinlang lamang.

Maraming bukid ang naging subdibisyon. Kaya, tuluyang nawalan ng binubungkal na lupa ang maraming magsasaka, bukod sa nawalan pa rin sila ng mga loteng tayuan ng bahay o kubo. Umunti ang ani. Umipekto ito sa ekonomiya ng bansa.

Dahil sa kaapihang iyan ng mga magbubukid, ang mga ito ay nagsama-sama at nagdemonstrasyon sa harapan ng Kongreso noong Setyembre, 1971. Tumagal ito ng 84 na

araw—hanggang hindi sinusugan ng mga mambabatas ang depekto sa batas 3844.

Maraming susog na pabur-na-pabor sa mga magsasaka ang ginawa ng mga mambabatas. Napilitan silang gawin iyon, nang magpakita ng *lakas* ang mga magbubukid. At kaugnay niyan, lumikha ang gobyerno ng mga tanggapang tuwirang mangangasiwa sa suliraning pangsakahan. Para magkaroon ng aksiyon, pinaglaanan ang mga ito ng malalaking pondo. Subali't nang simulan na ang pagpapatupad niyon, hindi nagtagal, nagkaroon ng malalaking balakid ang mga tauhan ng pamahalaang nasa gitna ng bukid at tumutulong sa mga magsasaka. Dahilan: walang sapat na salapping magugol ang mga iyon sa pagpapatupad ng nasabing batas. At katulad ng mga naunang batas, nalumpo rin ang batas ni Pangulong Macapagal.

At sa pagkakataong ito, muling isinilang ang kawalan ng tiwala ng maraming mamamayan sa gobyerno. At hindi nagtagal, nagkaroon ng maraming demonstrasyon, magulo at maigting.

Uminit ang lahat ng uri ng lipunan. May mga namatay at dumanak ang dugo sa ilang lansangan sa Kamaynilaan at ilang lugar sa mga lalawigan.

Tumangis ang mga dukha.

T — *Ano naman ang tinatawag na Batas ng Republika Bilang 3844. Kailan ito pinagtibay ng Kongreso?*

S — Ang Batas Republika Bilang 3844 ay ang tinatawag na *Agricultural Land Reform Code* o Kodigo sa Reporma sa mga Lupang Pansakahan. Pinagtibay ito ng Kongreso noong Agosto 6, 1963 sa ilalim ng liderato at pagsisikap ni Pangulong Diosdado Macapagal.

T — *Bakit kung sabihin ay pinatid ng nasabing batas ang*

tanikalang nakagapos sa mga bisig ng magsasaka. Ano ang ibig sabihin nito?

S — Mula pa sa unang panahong makapangyari ang mga kasiki dahil sa pagkakapagbigay sa kanila ng pamahalaang Kastila ng kapangyarihan—kapangyarihang sinamantala—ang mga nagbubungkal ng lupa ay nabuhay na sa pagdaralita at paghihikahos. At kung mayroon mang batas na kumalinga sa kanila upang kahit na paano ay mapabuti ang kanilang kabuhayan, hindi iyon maisakatuparan dahil sa lakas at kapangyarihan ng salapi ng mayayamang may-ari ng malalawak na lupain. At sa pamamalaging kasama ng mga ito, laging api ang magsasaka sa anumang uri ng partihan sa inaani, bukod sa matataas na interes o tubo sa kanilang mga utang—nang-aapi na sa hatian, mga usurero pa. Sapagka't walang tuwirang tagatangkilik o tagapagligtas ang mga magsasaka, tinagurian silang *alipin na, ay nakagapos pa ng matibay na tanikala ng pagdaralita at paghihirap.* Ang tanikalang iyan ay pinatid ng Kodigo sa Reporma sa mga Lupang Pansakahan, sapagka't sa bisa nito, inalis ang pakikisamang partihan at ginawa itong buwisan.

T — *Ano ang ibig sabihin ng buwisan?*

S — Ang buwisan ay ang pagbibigay ng upa sa lupang sinasaka. Ang nasabing upa ay ayon sa nakatakda sa batas. Ibig pa ring sabihin ay may karapatan ang magsasaka na imaneho ang pagsasaka. May laya itong makagamit ng inaakalang pamamaraang pansakahang makapagbibigay ng malaking ani. Sa ibang pangungusap, parang kanya ang lupang sinasaka.

T — *Nang ipatupad ang nasabing batas—upang maging*

buwisan ang bukid na sinasaka—bakit may mga magsasakang nawalan ng bukid?

S — Ang nasabing batas ay maraming depekto. Ang sabi nga, ay dahil sa yaon ay ginawa ng mga mambabatas na ang karamihan ay kundi man halos lahat, ay mayayamang may-ari ng malalawak na lupain. Ang halimbawa nito ay: ang may-ari ng lupa ay maaaring makapag-*personal-cultivation,* at gawing *residential-subdivision* ang kanilang mga bukid.

T — *Sa nasabing depekto, ano ang ginawang lunas ng gobyerno?*

S — Ang nasabing depekto ng batas ay nilunasan sa pamamagitan ng pag-aamenda o pagsusog.

T — *Hindi ba't halos lahat ng mambabatas ay mayayamang may-ari ng malalawak na lupain, paanong nasusugan ang batas na iyon nang napapaburan ang mga magsasaka?*

S — Sa kauna-unahang pagkakataon, hindi nakapangyari ang kagustuhan ng mga mambabatas dahil sa ginawang pagpipiket o demonstrasyon ng maraming samahan ng mga magsasaka noong Setyembre, 1971 sa harapan ng Kongreso na tumagal ng 84 na araw.

T — *Ano ang magagandang susog na ginawa sa Kodigo sa Reporma sa mga Lupang Pansakahan?*

S — Ang batas na ito na lalong nakilala sa Batas ng Republika Bilang 3844 ay sinusugan ng mga batas ng Republika Bilang 6389 at 6390. Ang kauna-unahang susog ay: (1) Pag-aalis ng *personal cultivation* at pag-aalis ng kapangyarihan na gawing subdivision ang sinasakang bukid, mga katuwiran noong una upang mapaalis lamang ang kanilang mga kasama; (2) otoma-

tikong pagkilala sa mga kasamang-partihan na namumuwisang magsasaka; (3) Paglikha ng Departamento ng Reporma sa Pananakahan *Department of Agrarian Reform* (DAR); (4) karapatan ng magsasaka na bayaran siya ng may-ari ng lupa kung ang sinasaka ay ginawa nitong subdibisyon sa halaga nito na makukuha sa tatlong sunud-sunod na taong pag-aani na para sa limang taon; (5) pagpapalaki ng pondo ukol sa nasabing programang pansakahan; (6) pagbibigay ng luwag sa kredito ng pangungutang ng mga magsasaka, sakaling ang lupang sinasaka ay mapasama sa eksproprasyong ginagawa ng gobyerno.

T — *Sa mga susog na iyan masasabi na bang nagkaroon na nga ng kalayaan ang mga magsasaka sa lupang sinasaka.*

S — Nagkaroon nga ng laya ang mga magsasaka, subali't hindi ganap, sapagka't kung binubuwisan man nila ang bukid na sinasaka, may natitira pa ring karapatan ang may-ari ng lupa sa kanyang lupa—karapatan sa pagpapaunlad ng ani. Gayon man, nang masusugan ang nasabing batas—dating Bilang 3844—maituturing na higit na mainam at may malaking kapakinabangang makukuha ang mga magsasaka, kaysa naunang mga batas.

T — *Nang maging* Department of Agrarian Reform (*Departamento ng Reporma sa Pananakahan*) *ang* Agrarian Land Reform Code, *anu-ano ang mga tanggapan dito?*

S — Nang maging departamento ito, ang nasabing tanggapan ay napailalim sa isang Kalihim. At sa tanggapan ng Kalihim, naririto ang *Planning Service*, pananalapi at pangangasiwa, administrasyon, at serbisyo ukol sa karunungang repormang pansakahan. Ang iba pang tanggapang direktamenteng nasa ilalim ng DAR

ay ang *Bureau of Agrarian Legal Assistance, Bureau of Land Acquisition, Distribution, and Development, Bureau of Resettlement, Bureau of Farm Management,* at mga tanggapang panlarangan. Ang mga tanggapang panlarangan ay tulad ng mga tanggapang pangrehiyon, mga tanggapang pandistrito, at mga pangkat ng reporma sa pananakahan.

T — *Ano ang gawain ng* planning service *sa tanggapan ng DAR?*

S — Ang serbisyo sa pagpaplano ay siyang nakaaalam at siyang may pananagutan sa departamento ukol sa mahusay na mga plano at mga programa sa lahat ng proyekto sa pagpapaunlad.

T — *Ano ang gawain ng* Financial and Management Service?

S — Ito ang nakaaalam ng ukol sa pagpopondo ng nakalaang salapi ukol sa departamento at pagpapabuti ng mga paglilingkod.

T — *Ano naman ang gawain ng* Administrative Service?

S — Ito ang nagbibigay sa departamento ng mahusay at epektibong mga paglilingkod ukol sa mga kawani, pagbibigay ng tulong na legal, pagbibigay ng iba't ibang impormasyon, rekords, mga gamit at kasangkapan, koleksyon, pagpapalabas ng salapi, at marami pang iba, bukod pa ang pagbibigay ng *dental* at *medical* na mga serbisyo.

T — *Ano naman ang gawain ng* Agrarian Reform Education Service?

S — Ito ang may pananagutan sa lahat ng mga balak at gawain ukol sa mga programa sa pagsasanay at mga proyekto sa pagpapaunlad na pangkaisipan at panggawaing nauukol sa DAR.

T — *Ano ang gawain ng* Bureau of Agrarian Legal Assistance?

S — Ang Kagawarang ito ng Pagbibigay ng Tulong na Legal na Pansakahan ay siyang may pananagutan sa pagpaplano at paggawa ng mga programa sa pagbibigay ng tulong na legal sa mga magsasaka at pagbibigay ng tuwirang tulong na legal sa kanila, bukod pa ang paggawa ng mga kontrata sa pamumuwisan. Ito rin ang tanggapang nagbibigay ng serbisyong legal sa mga tauhan ng Departamento ng Reporma sa Pananakahan, sa mga tanggapan nito sa lalawigan at sa mga bayan at nayon.

T — *Ano naman ang gawain ng* Bureau of Land Acquisition, Distribution, and Development?

S — Ang tanggapan ng Kagawaran ng Pagkuha sa Lupa, Pamamahagi, at Pagpapaunlad ay siyang may pananagutan sa paggawa ng mga plano at mga programa at patakaran sa pagkuha ng mga lupang pribado at publiko at ang pamamahagi at pagpapaunlad nito, saka ang pagpapasukat sa mga ito gayon din ang pagsusuri sa mga klasipikasyon nito. Ang tanggapan ding ito ang siyang nakikipag-unawaan sa *Land Bank,* Kagawaran ng mga Kagubatan, Kagawaran ng mga Lupa, Komisyon ng Pagpaparehistro sa mga Lupa, at iba pang ahensiya na may kinalaman sa pagpapatupad ng Reporma sa Pananakahan.

T — *Ano ang gawain ng* Bureau of Resettlement?

S — Ang tanggapang ito ng Kagawaran ng Paglilipat ng mga Panirahan ay siyang may pananagutan sa paggawa ng mga plano, programa, at mga patakaran sa paglilipat ng mga panirahan ng mga magsasakang walang lupa at nawalan ng lupa, saka ang mga mang-

gagawang walang tirahan. Ito rin ang tanggapang nakikipag-unawaan sa mga tanggapan ng Kagawaran ng mga Kagubatan, Kagawaran ng mga Lupa, Komisyon sa pagpapalaki ng mga aning pang-agrikultura, at iba pang tanggapang may kinalaman sa mga programa ng DAR. Ito rin ang Kagawarang nakaaalam ng mga pook at lugar na maaari at hindi maaaring gawing lipatan ng mga magsasaka at manggagawa. Ang tanggapang ito ay siya pa ring responsable sa Kalihim ng DAR ukol sa mga serbisyo sa pangangasiwa sa paglilipat at kung alin-alin ang loteng ibibigay sa mga dapat na magmay-aring magsasaka o manggagawa.

T — *Ano ang gawain ng* Bureau of Farm Management?

S — Ito ang tanggapang lubhang abala, pagka't ang Kagawaran ng Pangangasiwa sa binubungkal na lupa ay siyang may pananagutan sa mga bagay-bagay na may kinalaman sa paghahanda, pagtatanim at pag-aani. Ito ang nagpaplano, at gumagawa ng mga programa at mga patakaran ukol sa pagpapakalat ng mga impormasyong pangkaalaman sa agrikultura, pangangasiwa sa lupa, pag-aalaga ng mga hayop-domestiko, paggawa ng mga palaisdaan, pag-aalaga sa mga kagubatan at lupang publiko, mga programang pantahanan at iba pang gawaing pangnayon. Ito rin ang tanggapang humihikayat sa mga mamamayan na isagawa ang mga nabanggit sa itaas, nang buong ayos at buong inam. Ito ang may mga tauhang nananagutan sa pagpapalaganap ng mga kooperatibang pang-agrikultura at iba pang samahan, kasama na dito ang mga klab ukol sa pag-aaral, mga komite at asosasyon ng mga magsasaka. Sila ang gumagawa ng mga programa sa pagbibigay ng tulong na pang-agrikultura at iba pang mga tulong na kaugnay nito.

T — *Ano ang gawain ng mga* Field Offices?

S — Ang mga tanggapang panlarangan ay siyang tuwirang may pananagutan sa pagpapatupad ng mga programa ng DAR, nang naaayon sa mga patakaran at alituntunin. Ito ang mga tanggapang nasa lalawigan at siyang nakaaalam sa gayon at ganitong mga pangyayari sa mga bayan at mga nayon. Ang nasabing tanggapan sa pamamagitan ng kanilang mga *field workers* o panlarangang manggagawa, ay direktamenteng kaugnay ng mga magsasaka na sa tuwina ay humihingi ng payo at serbisyo. Ang tanggapang pangrehiyon na pinamumunuan ng isang Direktor ng Pangrehiyon ay tuwirang nagpapakilos at sumusubaybay sa mga tauhan ng tanggapang pangdistrito at mga pangkat ng mga *field workers*. Sa kabilang dako, ang mga tanggapang pangdistrito naman na pinamumunuan ng *District Officer*, ay nakasasakop sa higit sa isang probinsya, ayon sa dami ng mga magsasaka. May pananagutan sa pagpapatupad ng programa ng DAR, ito ang tanggapang laging abala, dahil sa may kalapitan sa mga magsasaka. Pinamamahalaan ng mga *field workers* na pangkat-pangkat sa pagtanggap ng mga gawaing pangmagsasaka, palaging nasa larangan ang opisyal ng distrito upang masubaybayang mabuti ang mga ipinatutupad na palatuntunan ng Departamento ng Reporma sa Pananakahan. Ang nasabi ring tanggapan ang nagbibigay ng mga gawaing pakikipag-ugnayan as mga opisyal ng lalawigan at bayan, upang maging mainam at madaling makuha ang mga tulong na ipinagkakaloob ng pamahalaan o anumang ahensiya ng gobyerno, o kaya ay mapadali ang anumang mga kahilingang gagawin ng mga magsasaka sa tanggapan ng DAR o sa tanggapan ng mga ahensiyang may kinalaman sa agrikultura.

6

Ganap na Kalayaan

Nang maging Pangulo si Ferdinand E. Marcos, lubos niyang napag-aralan ang tunay na dahilan kung bakit hindi malunas-lunasan ang matanda nang mga suliranin ng Katarungang Panlipunan. Nahabag ang Pangulo sa nagiging kalagayan ng kabuhayan ng mga magsasaka. Lalo na nang lumaganap ang kawalan ng tiwala ng mga magsasaka at mga estudyante sa pamahalaan, kaya nang sumapit ang ikalawang taon ng kanyang panunungkulan, buong kagitingang ipinahayag ng Pangulo noong ika-21 ng Setyembre, 1972 ang *Martial Law*, nguni't may patuloy na pamamahala ng mga sibilyan sa mga tanggapan ng gobyerno. (*Martial Law, Filipino style.*)

Isang buwan, pagkatapos na maideklara ang *Martial Law*, nagpalabas ng Decree No. 27 ang Pangulo. Sa pamamagitan nito, ganap niyang pinalaya ang mga magsasaka. Idiniklara niyang sinumang magbubukid ay siyang dapat na makapagmay-ari, makapangasiwa, at tuwirang makapag-asikaso sa sinasakang bukid.

Naging sapilitan ang pagbebenta ng lupa ng mga propetaryo sa mga kasama nito, na may takdang halaga at panahon kung hanggang kailan dapat na tumagal ang nasabing pagbabayad sa pamamagitan ng paraang hulugan. Kung walang pambili ang magbubukid, ang pamahalaan ang nagbabayad, saka pinababayaran iyon sa magsasaka, sa paraang hulugan din.

Maraming mayayamang umangal sa nasabing ginawang hakbang ng Pangulo, nguni't nang maunawaan ng mga ito na hindi naman sila agrabyado o nalamangan, bagkus ay nagtubo pa, nawala ang pagtutol nila.

Para maging tiyak at magkaroon ng ganap na katuwaan ang mga magsasaka, binigyan sila ng pamahalaan ng *Certificate of Land Transfer* (una-una at hindi sabay-sabay, pagka't una-una rin ang paraan sa pagbili sa iba't ibang laki ng parsela ng lupa o asyenda.)

Upang mapangalagaan at hindi maibenta sa iba ang nasabing sertipiko, tulad ng nangyari noong mga unang panahon, ang batas sa Reporma sa Pananakahan ay mahigpit na ipinatutupad. Bukod diyan, para magkaroon ng tuwirang pananagutan at pagsisikap ang mga magsasaka, sapilitan din silang pinapagmiyembro sa Samahang Nayon. Sa ibang pangungusap, ang sinumang hindi kasapi ng Samahang Nayon, ay walang karapatang makapagmay-ari ng sinasakang lupa. Sa gayon hindi sila maaaring pagkalooban ng sertipiko para pansamantalang makapagmay-ari sa lupang sinasaka.

T — *Kailan nagkaroon ng ganap na kalayaan ang mga magsasaka?*

S — Ang tunay at ganap na kalayaan ng mga magsasaka ay nagkaroon ng katotohanan lamang noong ipahayag ng Pangulong Ferdinand E. Marcos ang kanyang *Presidential Decree* Bilang 2, isang linggo pagkatapos na ideklara niya ang *Martial Law* sa buong bansa noong ika-21 ng Setyembre, 1972, na nagpapahayag na ang buong bansa ay idinideklara niyang nasa ilalim na ng Reporma sa Pananakahan, na siyang nagbigay wakas sa pira-pirasong pagdideklara ng *Land Reform Area* sa gayon at ganitong pook. Ang nasabing *Presidential Decree* ay pinalabas noong Setyembre 6, 1972.

T — *Kailan naman ipinahayag ng Pangulo ng Pilipinas na ang lahat ng magsasaka ay otomatikong nagmamay-ari ng lupang kanyang binubungkal.*

S — Ganap na isang buwan pagkatapos maideklara ng Pangulo ang *Martial Law,* pinirmahan at pinalabas naman niya ang *Presidential Decree* Bilang 27 na siyang nagpapahayag na dapat maging nagmamay-ari ang sinumang magsasaka na sukat ng lupang kanyang binubungkal.

T — *Ano ang* Presidential Decree No. 27?

S — Ang Pampanguluhang Order ng Pagpapahayag Blg. 27 ay ang order ng pagpapahayag ng pagpapalaya sa mga magsasaka sa pagkakagapos sa pagiging kasama lamang sa lupang binubungkal, paglilipat sa kanila ng pagmamay-ari ng lupang kanilang binubungkal. Nasasaad pa rin sa nasabing Pampanguluhang Order ng Pagpapahayag na dahil sa ang nagbibigay o nagdudulot ng kaguluhang panlipunan ay ang pagmamay-ari ng iilang mayayaman sa malalawak na lupain, kaya noong Oktubre 21, 1972, ipinahayag ang pagpapalaya sa lahat ng magsasaka sa gapos ng pagiging kasama lamang sa lupang sinasaka. Ang nasabing pahayag ay ukol sa lahat ng magsasaka, kahit na sila ay nakikisama o nakikipagbuwisan sa kahit saang lugar ng Pilipinas na ang itinatanim sa lupang binubungkal ay palay o kaya ay mais. Nakatitik din sa pahayag na ang bawa't magsasaka ay may karapatang makapagmay-ari ng lupang may sukat pampamilya na may laking limang (5) iktarya kung ang bukid ay walang irigasyon, at tatlong (3) iktarya, kung ito ay may patubig. Kasama rin sa *decree* ang pagbibigay ng karapatan sa may-ari ng lupa na makapagpanatili ng laking

hindi hihigit sa pitong (7) iktarya, kung ito ay kanyang tinatrabaho o kaya ay handang trabahuhin. Upang malaman naman ang halaga ng lupa, sinasabi sa Pampanguluhang Order ng Pagpapahayag na ang halaga ay katumbas ng dalawa at kalahati *times the average harvest of three normal crop years* kaagad pagkatapos na maipahayag ang nasabing order ng pagpapahayag. Ang nasabing halaga, kasama ang tubong anim (6) na porsiyentong tubo ay babayaran sa loob ng 15 taon sa pamamagitan ng 15 taunang hulog. Kapag hindi nakabayad ang magsasaka, ang mananagutan nito ay ang kanyang kooperatibang kinasasapian. Sa kabilang dako, ang nasabing kooperatiba ay magkakaroon ng karapatang pangasiwaan ang nasabing lupa. Walang titulo ng lupa ang ipamamahagi, hangga't hindi lubos na nababayaran ng magsasaka ang kanyang obligasyon sa pagbabayad. Ang lupang nakamit sa pamamagitan ng nasabing *Decree* ay hindi maaaring maipagbili sa iba. Ito ay maaari lamang manahin kapag namatay ang may-ari, o kaya ay makuhang muli ng gobyerno, ng ayon sa mga probisyon ng *Decree* na ito. Ang Departamento ng Reporma sa Pananakahan ay binibigyan ng kapangyarihang gumawa ng mga tuntunin at mga regulasyon sa pagpapatupad sa nasabing *Decree*.

T — *Anong kagandahan ang naidulot ng Pampanguluhang Order ng Pagpapahayag Blg. 27 sa programa ukol sa Reporma sa Pananakahan?*

S — Unang kabutihang naidulot ay ang pagkahango ng tuwiran ng mga magsasaka sa gapos ng pagiging kasama sa lupang binubungkal at ang pagkakaroon nila ng kalayaan. Ikalawa, ang pagmamay-ari nila sa lupang binubungkal ay hindi na dapat na magdaan pa muna

sa pagiging namumuwisan, tulad ng nakasaad sa Kodigo sa Reporma sa mga Lupang Pang-agrikultura. Sa nasabing batas nakasaad na bago maging magsasakang may-ari ng lupang binubungkal ang isang magbubukid, dapat muna siyang maging namumuwisan.

T — *Ano ang ibig sabihin ng sapilitang pagbebenta ng mayayamang may-ari ng lupa sa kanyang mga kasama, sa pakikialam ng gobyerno?*

S — Ang gobyerno ay umakto lamang na tagapamagitan, superbisor at garantor sa nasabing transaksiyon. Ibig na sabihin, ang magsasakang makabibili ng lupang kanyang binubungkal ay dapat na magbayad sa halaga ng lupang kanyang binibili sa loob ng 15 taon. Hindi dapat na isipin ng magsasakang nakabili ng lupa ng mayayaman ay kinumpiska lamang ng gobyerno at ipinamahagi sa kanila. Ang ginawa lamang ng gobyerno ay pinilit nito ang mayayaman na ipagbili na sa kanilang mga kasama ang kanilang bukid at magtira ng hindi hihigit sa pitong iktarya. Ang ipinagbili ay babayaran ng hulugan sa loob ng 15 taon, at sa halagang katamtaman.

T — *Ano ang mapapakinabang ng magsasakang nagbayad ng biglaan sa mayamang may-ari ng lupa niyang binili?*

S — Malaki ang kanyang mapapakinabang sapagka't mababawasan ang interes o tubo ng halaga ng lupa. Ikalawa, mapapasakanya kaagad ang Titulo Torens ng lupa o katibayan na talagang kanya na ang lupang sinasaka.

T — *Paano makapagmamay-ari ng tatlong (3) iktaryang bukid, kung ang magsasaka ay nakapuwesto lamang sa dalawa (2) o isang (1) iktaryang sukat ng binu-*

bungkal na lupa? May karapatan ba ang magsasakang iyan na makapag-ari ng tatlong iktarya kung may irigasyon ang lupa at limang iktarya, kung walang patubig ang bukirin?

S — Sapagka't ang nakasaad sa *Presidential Decree* ay tatlong iktarya, kung may patubig at limang iktarya, kung walang irigasyon ang bukirin, hindi ito maaaring labagin o kaya ay hindi maaaring hindi sundin. Dahil diyan, ang mga magsasakang may binubungkal na kulang sa tatlong iktarya o limang iktarya, ay tutulungan ng gobyerno na makapag-ari siya ng tamang sukat at naaayon sa batas. Sa kabilang dako, ang magsasakang may tinatrabahong higit pa sa itinatadhana sa *Presidential Decree,* ay babawasan upang maidagdag sa mga kulang na sukat na tinatrabaho ng ibang magsasaka.

T — *Ano ang nakalagay sa* Certificate of Land Transfer?

S — Ang Sertipiko ng Paglilipat ng Pagmamay-ari ng Lupa ay nangangahulugan na ang magsasaka ay may layang mapangasiwaan ang lupang binubungkal at hindi na maaaring mapakialaman ng dating may-ari. Ito ay siyang pansamantalang kasulatan ng pagmamay-ari ng lupang sinasaka hanggang hindi nakababayad nang lubusan sa dating may-ari ng lupa.

T — *Ano ang nakalagay sa* Certificate of Land Transfer?

S — Makikita sa Sertipiko ng Paglilipat ng Pagmamay-ari sa Lupa ang sukat ng lupa, kung saan naroroon, at ang kondisyon ng pagmamay-ari.

T — *Sino ang nangangasiwa sa pagbibigay sa magsasaka ng mga Sertipiko ng Paglilipat ng Pagmamay-ari sa Lupa?*

S — Ang sertipikong ito ay ibinibigay ng Departamento ng

Reporma sa Pananakahan, o kaya ng sinumang binigyan ng otoridad ng Pangulo o ng Kalihim ng DAR. Subali't ang naghahanda nito ay ang DAR.

T — *Paano makatitiyak ang isang magsasaka na siya nga ay kasama sa palatuntunang itinataguyod ng Reporma sa Pananakahan?*

S — Una, dapat na magparehistro siya sa representante ng Reporma sa Pananakahan na nakadistino sa kanilang lugar upang maging opisyal na siya nga ang lihitimong magsasaka na nagbubungkal ng lupang sinasaka. Ikalawa, at siyang pinakamahalaga, ay dapat na maging kasapi siya ng kooperatiba ng mga magsasaka sa kanilang lugar o kaya ay kasapi ng Samahang Nayong nakasasakop sa kanyang binubungkal na lupa. Ang *Presidential Decree* ay siyang nagtatagubilin na, upang maging matagumpay ang programa sa Reporma sa Pananakahan, dapat na maging matatag ang kooperatiba ng mga magsasaka o kaya ay ang kanilang Samahang Nayon. At iyan ay magiging matatag at mapagkakatiwalaan, kung ang lahat ng magsasaka ay sasapi dito. Isa pa, isa sa mga regulasyon na pinalabas ng Kalihim ng Reporma sa Pananakahan ay sinumang hindi kasapi ng Samahang Nayon o kaya ng Kooperatiba ng mga Magsasaka, ay hindi bibigyan ng Sertipiko ng Paglilipat na Pansamantala ng Pagmamay-ari ng Lupa.

T — *Paano kung walang nakatatag na Samahang Nayon o kaya ay Kooperatiba ng mga Magsasaka sa isang lugar o nayon, may karapatan bang tumanggap ng Sertipiko ng Paglilipat na Pansamantala ng Pagmamay-ari ng Lupa ang isang magsasaka?*

S — Sa mga pook na walang nakatatag na Samahang Nayon o Kooperatiba ng mga magsasaka, magiging patuloy

ang pamamahagi sa Sertipiko ng Paglilipat na Pansamantala ng Pagmamay-ari ng Lupa sa magsasaka, subali't sa kondisyong kapag nagkaroon ng Samahang Nayon ang isang lugar o kaya ay Kooperatiba ng mga Magsasaka, siya ay sasapi. Kapag hindi tinupad ng nasabing magsasaka ang sinang-ayunang kondisyon, mawawalan siya ng karapatang makapagpatuloy na pansamantalang may-ari ng sinasakang lupa.

T — *Bakit gayon kahigpit ang tagubilin sa pagsapi sa Samahang Nayon o kaya ay sa Kooperatiba ng mga Magsasaka?*

S — Ang pangunahing dahilan, ay sapagka't ang nasabing samahan ang siyang mananagutan sa lahat ng pangungutang na gagawin ng magsasaka, bukod pa ang pagiging garantor nito sa labinlimang taong amortisasyon sa lupang sinasaka. Bukod diyan, ang nasabing samahan ay siyang magiging tulay ng lahat ng ihahandog na tulong ng gobyerno sa mga magsasaka. Kaya, upang matamo ang lahat ng benepisyong ihahandog ng gobyerno, dapat ngang sumapi sa Samahang Nayon o kaya sa Kooperatiba ng mga Magsasaka.

7

Bagong Magsasaka

Ang organisasyon kaya lamang nagiging matatag, mainam at kapuri-puri ay kung ang mga pananagutan nito sa kanyang mga miyembro ay naisasakatuparan. Nguni't sa kabila niyan, hindi kailan man magiging epektibo ang isang organisasyon, kapag ang kanyang mga miyembro ay *tanga* at *mangmang*, at dahil diyan ay hindi makatupad sa kanyang mga tungkulin at pananagutan na dapat niyang gampanan sa kanyang organisasyon. Sa ibang pangungusap, kaya nagiging matatag ang isang organisasyon ay kung ang kanyang mga miyembro ay buong katapatan at buong pusong ginagampanan ang lahat ng gawaing dapat niyang gampanan, hindi dahil sa kanyang kapakinabangan lamang, kundi sa kapakinabangan ng lahat ng kasapi.

Dahil diyan, maraming dapat na tungkulin ang isang miyembro ng Samahang Nayon, para sa kapakinabangan ng lahat at hindi ng iilan lamang. At upang makapaglingkod sa mga miyembro ang Samahang Nayon, ang mga miyembro nito ang dapat na maunang maglingkod sa samahan. Ang miyembrong sakim at makasarili, ay walang karapatang maging miyembro ng Samahang Nayon, at para hindi magkaroon ng dahilan ng kabiguan ang matatapat at mabubuting kasapi.

Sapagka't nais ng gobyerno na bawa't magsasaka ay magkaroon ng maayos at matatag na kabuhayan, ang Samahang Nayon ay siyang binigyan ng tuwirang pananagutan sa

tanggapan ng Reporma sa Pananakahan, ukol sa mga bagay na nais na ipatupad ng nasabing tanggapan ng gobyerno. Ito ay tagapag-ugnay ng mga magsasaka sa tanggapan ng Reporma sa Pananakahan at iba pang ahensiya ng pamahalaan na may kaugnayan sa kilusang ito ng pagpapasagana sa kabuhayan ng mga magbubukid.

Kung marami mang benepisyo ang mga magsasakang naging bagong may-ari ng sinasakang bukid, ang mga propetaryo ay mayroon ding pakinabang, na ang gobyerno ang siyang gumagarantiya, at hindi ng sinuman. Sapagka't sila ay mayaman at mayroong salaping mapupuhunan, ang pamahalaan ay nakasuhay sa anumang industriyang kanilang binabalak na itayo. Sa ibang pangungusap, ang mayayaman ang dapat makapagpaunlad ng industriya, at ang mga magbubukid ang siyang dapat na managutan sa pagpapaunlad ng pagsasaka sa mga lupang inaanihan ng palay at mais.

Upang hindi maulit ang mga nakaraang kabiguan, sa pamamahagi ng titulo ng lupa sa mga magbubukid, tulad nang naganap sa naunang administrasyon, ang mga magbubukid, bagaman at may karapatang maari ang lupang sinasaka, may mga patakaran namang nagbabawal sa mga ito na ipagbili o isangla ang sukat ng loteng kanilang sinasaka na nakapangalan sa kanila.

At upang matiyak ang tagumpay na pangarap ng gobyerno sa buhay ng mga magbubukid, nakasubaybay sa lahat ng oras ang mga tauhan nito sa mga miyembro ng Samahang Nayon. Sa ganyang gawain ng mga tauhan ng gobyerno, nagiging makatotohanan ang pagiging gabay at tulay nila sa pagpapaunlad ng kabuhayan sa halip na maging sagabal at hadlang, tulad noong mga nagdaang panahon.

T — *Pagkatapos na maging 'bagong may-ari' ng lupang sinasaka ang magsasaka, mayroon pa raw itong obligasyong*

dapat na tuparin ng buong katapatan. Ano ito, at bakit?

S — Ang isang magsasaka, kaya naging 'bagong may-ari' ng lupang binubungkal, ay dahil sa pagtulong ng Samahang Nayong kanyang kinasasapian. At sapagka't ang layunin ng batas sa pamamahagi ng lupa sa mga walang sariling sinasakang lupa ay mariporma ang buhay ng magsasaka, bukod sa pagnanais na mabago ang mga paraan ng pagbubungkal, pagtatanim at pag-aani. Dahil diyan, hindi maaaring maiwasan ng mga magbubukid na magkaroon sila ng mga obligasyon at pananagutan, hindi lamang para sa kabutihan ng kanilang sarili, kundi sa kabutihan at kapakanan ng lahat ng mamamayan at ng lipunan. Ang totoo, bago sila naging kasapi ng Samahang Nayon, o ng Kooperatiba ng mga Magsasaka, ay mayroon silang sinumpaang mga pangakong buong inam at husay nilang isasakatuparan, bukod pa sa pangangakong susunod sila sa mga patakaran at alituntuning ipatutupad ng samahang kanilang kinasasapian.

T — *Kung gayon, anu-ano pa ang mga obligasyong dapat gampanan ng mga 'bagong may-ari' ng lupang kanikanilang binubungkal?*

S — Kapag ang magsasaka ay siya nang bagong may-ari ng lupang kanyang sinasaka, dapat niyang gampanan at isagawa ng buong katapatan ang: (1) Bungkalin at trabahuin nang maayos at sunod sa makabagong pamamaraan ng pagsasaka ang nasabing bukid; (2) Magbayad ng taunang amortisasyon ng lupa sa nabilhang propitaryo; (3) Gamitin nang naaayon sa patakaran at tuntunin ang mga salaping inuutang sa bangko at pagbabayad ng nasa takdang panahon; (4) Pagbaba-

yad ng buwis ng lupang binubungkal mula sa taong 1973; (5) Sumunod at makilahok sa mga hakbang na gagawin ng Departamento ng Reporma sa Pananakahan ukol sa *land consolidation,* bilang paraan upang matamo ng nasabing tanggapan ang tagumpay ng programa at mga layunin ng reporma sa pananakahan; (6) Tumulong sa pag-aayos ng mga sirang kalsada, irigasyon, dam, kanal na padaluyan ng tubig sa bukid, at pagbabayad ng mga upa sa patubig; (7) Sumunod sa mga patakaran at alituntuning pinagtitibay ng Departamento ng Reporma sa Pananakahan.

T — *Sapagka't ang magsasaka na ang bagong may-ari ng lupang kanyang sinasaka, maaari na ba niya itong isangla?*

S — Hindi niya ito maaaring gawin, kahit na siya ang itinuturing na bagong may-ari hangga't hindi iyon pinagtitibay ng Kooperatibang kanyang kinasasapian o kaya ng samahang kinaaaniban.

T — *Kung hindi niya ito maaaring isangla, maaari ba naman itong paupahan o pabuwisan sa ibang magsasaka?*

S — Lalong hindi niya iyan magagawa, sapagka't iyan ang kauna-unahang ipinagbabawal ng batas ukol sa Reporma sa Pananakahan. Ang pagbabawal na iyan ay sapilitang ipatutupad sapagka't ayaw ng pamahalaan na maulit ang kabiguan ng gobyerno sa pagpapatupad ng Reporma sa Pananakahan.

T — *Ano pa ang prohibisyon o ipinagbabawal na gawin ng magsasakang naging bagong may-ari ng lupang kanyang sinasaka?*

S — Pinagbabawalan din ang magsasakang bagong may-ari ng lupang kanyang sinasaka na kumuha ng katulong

na upahan sa paggawa sa bukid. Gayon din, pinagbabawalan ito na ilipat sa kanino man ang anumang bahagi ng lupang sinasaka.

T — *Sino ang maaaring kumuha o mapagbibigyan sa nasabing lupa, sakaling ayaw nang sakahin o trabahuhin ng bagong may-aring magsasaka?*

S — Ang maaari lamang kumuha nito ay ang gobyerno.

T — *Kung mamatay ang bagong may-ari ng lupang sinasaka, gobyerno din ba ang kukuha nito?*

S — Hindi ito kukunin ng gobyerno, kung may magmamana ritong tuwirang magtatrabaho sa bukid. Dito ililipat ang pagmamay-ari sa nasabing lupa.

T — *Kung inaakala ng bagong may-ari ng bukid na higit siyang makikinabang sa lupa kung ito ay lolotehin o kaya ay pagtayuan ng anumang uri ng gusaling ukol sa pabrika ng gayon at ganitong produkto, maaari ba niyang isagawa iyon?*

S — Mahigpit na ipinagbabawal ng batas sa Reporma sa Pananakahan na lotehin ang kanyang bukid. Gayon din, pinagbabawalan din ang magsasaka na pagtayuan ng anumang gusaling pangkomersyo o pang-industriya ang nasabing lupang sakahin. Ibig na sabihin, ang nasabing lupa ay hindi maaaring gamitin sa anumang hanapbuhay, maliban sa mga bagay na may kinalaman sa agrikultura.

T — *Bukod diyan, ano pa ang ipinagbabawal na gawain ng bagong may-ari ng lupang sinasaka niya?*

S — Sapagka't pangunahing layunin ng mga nagpapatupad ng programa sa Reporma sa Pananakahan, ay mabago ang matatandang kinamihasahang ugali sa pagsasaka,

at pakikisama sa kapuwa magsasaka at sa mamamayang nagiging kahalubilo niya sa lipunan, pinagbabawalan ang magsasaka na pigilin ang daloy ng tubig sa mga kanal na nasa kanyang bukid upang siya lamang ang makinabang dito, o kaya upang maperhuwisyo ang mga pananim ng kasamang magsasaka. Sapagka't binabaka rin ng batas sa Reporma sa Pananakahan ang ugaling makasarili, ipinag-uutos ng nasabi ring batas na dapat magmahalan ang mga magsasaka, magtulungan, magtangkilikan at magdamayan sa tuwina—sa ibang salita dapat nilang pairalin ang bayanihan.

T — *Kung may mga gawaing ipinagbabawal sa mga bagong may-ari ng mga lupang sinasaka nila, ano naman ang mga karapatan nila bilang mga bagong may-ari sa kanilang lupa?*

S — Kung may mga gawaing ipinagbabawal ang pamahalaan sa mga bagong may-ari ng mga lupang sakahin, ay dahil sa nais ng gobyerno na magkaroon ang mga ito ng magagandang buhay. At dahil diyan, may mga karapatan silang maaari nang buong katahimikan, walang bababalig at makikialam, sa kanilang lupang sinasaka. Ibig sabihin pa rin, matatamasa nila ang lahat ng mapapakinabang sa nasabing lupa.

T — *Ano ang iba pang karapatan ng bagong may-ari ng mga lupang sakahin?*

S — Ang lupang sinasaka ay maaari niyang gamitan ng makina upang higit na lumaki ang ani. May karapatan din siyang imaneho ang lahat ng pamamaraang pambukid mula sa pagbubungkal, paglilinang, pagtatanim, pag-aalaga sa mga ito, pag-aani at pagtatanim ng iba pang halaman kung hindi panahon ng pagtatanim ng

palay. Subali't ang lahat ng iyan ay dapat na maging sunod sa makabagong pamamaraan ng pagbubukid, tulad ng ipinatutupad ng mga eksperto ng gobyerno. Gayon din, may karapatan din siyang makapangutang sa mga ahensiyang utangan upang mapuhunan sa pagpapasagana ng ani sa kanyang sinasakang lupa.

T — *Napaburan ang matagal nang naghihirap at naghihikahos na magbubukid ng programa ng Reporma sa Pananakahan, ano namang pabor at benepisyo ang matatamo ng mga propitaryo? Kung mayroon ay ano?*

S — Ginagarantiyahan ng Programa sa Reporma sa Pananakahan ang taunang pakinabang ng mga dating may-ari ng lupa o mga propitaryo na manggagaling sa kanilang lupa sa loob ng 15 taon. Ang nasabing taun-taong pagbabalik sa kanila ng pinuhunan sa kanilang lupa ay may tubo pang anim na porsiyento (6%) sa taun-taon. Ang ibig na sabihin, ang propitaryo ay hindi mababawasan, bagkus maaaring lumaki pa ang pakinabang na makukuha sa kanyang lupa kaysa ito ay pabubuwisan lamang sa magsasaka, at pagkatapos ng taning na panahon ay magiging pag-aari na ng namumuwisan, tulad ng ipinag-uutos sa Batas Republika Bilang 3844 na lalong kilala sa tawag na Kodigo sa Reporma sa mga Lupang Pang-agrikultura. Ang pakinabang na ito ng dating may-ari ng lupa ay hindi lalampas sa 15 taon, tagal na taning ng pagbabayad ng amortisasyon ng magsasaka sa kanilang *dating amo.*

T — *Ano ang tunay na paningin ng Programa sa Reporma sa Pananakahan?*

S — Ang paningin ng Programa sa Reporma sa Pananaka-

han ay nakatuon sa kaunlaran at kasaganaan ng buhay. At ito ay dapat na makita sa mga nayon at mga sityo. Ang paniniwala ng mga otoridad na nagpapatupad sa Reporma sa Pananakahan, ay kapag ang kabuhayan ng mamamayan sa mga nayon ay nagkaroon ng kaunlaran at kasaganaan, walang dahilan kung bakit hindi uunlad at sasagana rin sa kabuuan ang bansa. Ang Taiwan ay magandang halimbawa ng matagumpay na Reporma sa Pananakahan. Ang Hapon ay gayon din. Noong mga unang panahong ipinatutupad ng dalawang bansang ito ang kanilang Programa sa Reporma sa Pananakahan, higit silang nagdaralitang mga bansa kaysa Pilipinas. Subali't ngayon, kalabisan pang sabihing, sa larangan ng kaunlaran, ang Hapon ay ikatlong bansa sa buong daigdig, samantalang ang Taiwan ang *per capita income* ng bawa't pamilya ay nakikipag-agawan na sa taas sa bansang Amerika. Katulad ng Hapon, ang Taiwan, kahit na sinasabing sobra na sa laki ang populasyon kung ibabatay sa kanilang munting bansa—sa Taiwan, marami nang mamamayan ang naninirahan sa mga bundok, samantalang sa Hapon, marami na ang nakatira sa mga ilog at dagat, hindi na sa lupa—ay nakapagluluwas pa sa ibang bansa ng sobrang bigas, samantalang patuloy sa paglakas ang kanilang industriyalisasyon.

8

Kooperatiba at Reporma sa Pananakahan

Ang Reporma sa Pananakahan ay programang nauukol sa kaunlarang pangkabuhayan, pangkaisipan, pampulitika, at panlipunan. Hindi ito pamamahagi lamang ng lupa. Sapagka't lubhang malawak ang saklaw na pananagutan ng nasabing programa, malawak din ang saklaw nitong responsibilidad na pagpapaunlad ng ekonomiyang pambansa.

Para makamit ang tagumpay, ang programa sa Reporma sa Pananakahan ay iginawa ng matibay na pundasyon, ang Samahang Nayon. Sapagka't ang Samahang Nayon ay ari ng mga mamamayan, pinangangasiwaan at pinatatakbo ng mga kasapi nito, ang pananagutan nito sa kanyang mga miyembro ay katulad din ng pananagutan sa bayan.

Ang katibayan ng pagsasamahan sa nasabing organisasyon ay higit pang pinatitibay ng patuloy na pag-aaral ng mga kasapi, pagtuturo ng pag-iimpok at pagtitipid, hindi ukol lamang sa kanyang sarili, kundi para sa kapakanan ng lahat at ng samahan sa kabuuan.

Nakasalalay sa mga prinsipyo at patakaran ng isang kooperatiba, ang Samahang Nayon ay bunga ng matagal at masusing pag-aaral ng mga eksperto at otoridad ng gobyerno. Parang huling baraha ng pamahalaan sa pagpapasagana at pagpapalakas ng bayan, ang nasabing samahan ay ginawang laging nakaugnay sa mga mamamayan, lipunan, pulitika, at kabuhayan.

Maraming kooperatibang itinindig noong mga unang panahon, na hindi nagtagal, nawasak at nagiba. Ang mga resultang iyan ang masusing pinag-aralan ng mga *utak* ng pamahalaan. Hinanap ang mga ugat ng kasawian, at iba pang bagay na naging sanhi ng kabiguan ng mga kooperatiba noon. Nilunasan nila iyan.

Kung nakatindig man ang Samahang Nayon sa mga patakaran, prinsipyo at tuntunin ng isang kooperatiba, iba na ngayon ang kooperatibang iyan—matibay at matigas ang kinatatayuan.

Ang unang pormal na organisasyon ng kooperatiba ay itinatag noong 1844 sa Inglatera. Ari ng mga manlalala ng sombrero at manggagawa ng sapatos, naisip nila iyang itindig dahil sa dinaranas nilang tila walang katapusang mga problema sa buhay. Nagtagumpay sila. At ang tagumpay na iyon ay kinopya ng ibang pamahalaan sa Europa, hanggang sa ito ay makarating sa kaalaman ng mga mambabatas na Pilipino.

Ginaya rin ito sa Pilipinas at unang itinatag ang *Rural Credit Association* sa bayan ng Kabanatuan, Nuweba Esiha noong Oktubre 19, 1916, bagaman ang batas na lumilikha sa nasabing organisasyon ay noon pang 1915 pinagtibay. Nakilala sa *Act No. 2508,* ito ay bungang isip ni Senador Teodoro Sandiko na nang iharap noong 1907 sa Batasang Bansa, ay tinawag na *Rural Credit Cooperative.* Hindi napagtibay noon, nakamatayan ng nasabing Senador ang kanyang panukalang batas. Nguni't binuhay ni Kinatawan Rafael Corpus, at naging batas nga noong 1915.

T — *Ano ang maaaring ipakahulugan sa tunay na Programa sa Reporma sa Pananakahan?*

S — Ang tunay na kahulugan ng Programa sa Reporma sa

Pananakahan ay may kalawakan. Nguni't sa maikling paliwanag, ito ay hindi basta programa o palatuntunang ipinatutupad ng gobyerno sa pamamagitan ng Departamento ng Reporma sa Pananakahan. Ang Reporma sa Pananakahan ay isang kilusan. At sapagka't kilusan ito, dapat na lahukan ng lahat ng magsasaka sa buong bansa. Kailangang ito ay suportahan ng lahat ng mamamayan at makipag-isa sa mga patakaran, layunin at mga gawain ng mga representante ng gobyerno na nakadistino, lalo na sa mga nayon. Iyan ang tunay na panloob na kahulugan ng Reporma sa Pananakahan. Na kapag iyan ay naisagawa, tiyak na matatamo ng bansa ang kaunlarang pang-agrikultura at pang-industriya—kaunlarang tulad ng tinatamasa ngayon ng mga bansang nakapagsagawa ng Reporma sa Pananakahan, ang Hapon at Taiwan, lalo na.

T — *Anong uri ng pagpapaunlad ang kaugnay ng Programa sa Reporma sa Pananakahan?*

S — Ang pagpapaunlad na itinataguyod ng Programa sa Reporma sa Pananakahan at pangkabuhayan, pampulitika, panlipunan, at pangkaisipan. Ang pagpapaunlad na pangkabuhayan ay maaaring matamo ng mga magsasaka, kung ang bawa't isa ay madidisiplinahan ang sarili sa pagsunod sa mga patakaran at tuntunin ng programa sa Reporma sa Pananakahan, at kung matutuhang ialis ang masasamang bisyo na tulad ng monte, huweteng, kuwaho, dais, madyong, sabong, lakinain, parukot, blakdyak, at marami pang ibang sugal. Kaugnay pa rin nito ang pag-iimpok at pagtitipid. Pagaalaga ng mga domestikong hayop, pagtatanim ng gulay nang hindi na bumili sa mga pamilihan, at iba pang gawaing pantahanan upang maragdagan ang ka-

nilang kinikita sa pamamagitan nang pagtatanim ng palay. Sa kabilang dako, ang pagpapaunlad na pampulitika ay dapat din nilang matamo upang ang samahang kanilang itatatag o kinasasapian na, ay maging maayos, matatag at kapaki-pakinabang. Sa pagpapaunlad na tulad niyan maaaring matutuhan ng mga kasapi ang kanilang tungkulin sa organisasyon upang hindi ang tungkulin lamang ng organisasyon ang kanilang lagi nang inaasahan, at gayon din ang ukol sa pamahalaan. Samantala, ang pagpapaunlad na panlipunan ay hakbang upang mapanatili ang katahimikan. Bawa't mamamayan ay dapat malaman na mayroon siyang obligasyon sa kanyang kumunidad na kinabibilangan. At iyan ay dapat niyang gawin nang kahit na hindi hinihingi sa kanya. Kusang-palo o buluntarismo sa pakikipagbayanihan. Ang huli, na ukol sa pagpapaunlad ng isipan, ay ang walang tigil na pag-aaral. Ang pag-aaral na iyan ay hindi sa paaralan na tulad ng haiskul o kolehiyo. Ito ay sa pamamagitan ng mga pulong o miting, *seminar,* demonstrasyon, *workshop,* at iba pang kauri nito na laging itinataguyod ng tekniko at dalubhasa sa larangan ng pagpapaunlad. Ang pagpapaunlad na pangkaisipan ay siyang matibay na pundasyon ng lahat ng uri ng kasaganaan at kaunlaran.

T — *Bakit nagkaroon ng kaugnayan ang Kooperatiba sa Samahang Nayon at sa Programa sa Reporma sa Panahanakahan?*

S — Ang Samahang Nayon ay unang baitang lamang sa pagtatatag ng Kooperatiba, kaya hindi maaaring magkahiwalay ang Samahang Nayon at Kooperatiba. Iyan din ang dahilan kung bakit ang balangkas ng Samahang Nayon ay katulad ng balangkas ng Kooperatiba, at ang mga opisyales at mga tungkulin nito ay tulad

#2705

din ng huli. Samantala, nagkaroon ng kaugnayan ang Kooperatiba sa Programa sa Reporma sa Pananakahan, dahil sa ang kooperatiba ang siyang bumibigkis sa mga tao o magsasaka, upang papag-isahin ang mga interes nito, lagumin ang kanilang mga talino at kakayahan, nang sa gayon sila-sila ay magkatulungan, magkatangkilikan, at magkadamayan. Sa kabilang dako, tulad ng naipaliwanag na, ang Programa sa Reporma sa Pananakahan ay siya namang nananagutan sa pamamahagi ng malaking kayamanang nasa kamay ng iilang mayayaman na nakukuha sa malalawak na asyenda. Kaya, habang binibigkis ang mga magsasaka sa iisang layunin ng Kooperatiba, ang Reporma sa Pananakahan ay nilolote ang malalawak na bukiring ari ng iilang propitaryo at ipinamamahagi sa pamamagitan ng pagbibiling hulugan, sa mga magsasakang nagtatrabaho nito. Sa ibang pangungusap, magkabalangsang ang dalawang tanggapang ito sa pagpapaunlad at pagpapasagana sa kabuhayang pangnayon, at ng bansa sa kabuuan.

T — *Kailan nagsimula ang Kooperatiba? Saan ito sinimulan?*

S — Ang Kooperatiba ay nagsimula noong madama ng Europa ang krisis sa kabuhayan at lipunan. Ika-19 na dantaon, ang mga manggagawa ay pinagharian ng kawalan ng tiwala sa mga nagpapagawa, at mabilis na lumaganap ang welga at mga demonstrasyon. Gumulo ang lipunan. Dahil sa mga kaguluhang iyan, ang mga lider na hindi tumigil nang kaiisip kung paano malulunasan ang nasabing mga kaguluhan, ay siyang nagsimulang organisahin ang mga manggagawa. Ang mga may magkakaparehong problema ay pinagsama-sama. Pinagsama-sama rin ang mga manggagawang may mag-

kakamukhang trabaho. Sa pagsasama-samang ito, nag-abuluyan ang mga ito at nagtindig ng pondo at ipinamili ng pangunahing kailangan sa buhay. Sa murang halaga, ipinagbili ito sa mga miyembro. Sa gayon, nakatipid sa mga gugulin ang mga manggagawa. Sa mga gawain naman, ang mga yaon ay nagsama-sama rin. At napatunayan nilang higit na gumagaan ang mabibigat na gawain, madali pa iyong natatapos, kaya lumaki ang kanilang kinita. Ang pormal na organisasyong pangkooperatiba ay itinatag noong 1844 sa Inglatera, sa isang munting bayan nito ng Rochdale. Ang samahan ay tinawag nila ng *Rochdale Society* na binubuo ng ilang manghahabi, manggagawa ng sapatos at sombrero. At dahil sa tagumpay ng mga manggagawa sa Rochdale, ang kanilang samahan ay pinarisan at ginaya sa ibang lugar.

T — *Paano ipinakilala ang Kooperatiba sa Pilipinas? Kailan ito ginawa?*

S — Nang matiyak ng mga mambabatas na Pilipino ang kahalagahan ng Kooperatiba sa pamumuhay ng tao, pinangunahan ni yumaong Senador Teodoro Sandiko ng Bulakan ang isponsor sa isang panukalang batas noong 1907. Tinawag ni Senador Sandiko ang panukalang batas na *Rural Credit Cooperative.* Ito ay naka-lusot at pinagtibay ng unang *Philippine Assembly* nguni't hindi pinagtibay ng *Philippine Commission* na siyang bumubuo sa mataas na kapulungan ng *Philippine Legislature.*

T — *Nang ito ay mamatay, hindi na ba binuhay, gayong alam nilang ito ay mahalagang kasangkapang kailangan sa pagpapasagana sa buhay?*

S — Hindi tumigil ang ating mga mambabatas, hanggang sa

noong 1914, ang tumindig na isponsor ng gayon ding panukalang batas ay si yumaong Kinatawan Rafael Corpus. Sa pagkakataong ito, matapos ang matagal na talakayan ng *magagaling na ulo,* pinagtibay ng mababa at mataas na kapulungan ng *Philippine Assembly* ang batas na tinawag nilang *Rural Credit Law,* noong Pebrero 55, 1915, at nakilala sa *Act No. 2508.*

T — *Nang ito ay maging batas, kailan at saan ito unang ipinatupad?*

S — Bilang eksperimento, ang pamahalaan ay nakapagtatag ng unang *Rural Credit Associations* sa bayan ng Kabanatuan (ngayon ay lungsod na), Nuweba Esiha, noong Oktubre 19, 1916.

T — *Ano ang naging resulta ng eksperimentong iyon sa bayan ng Kabanatuan?*

S — May kabutihan, sapagka't noong 1939 umabot sa 571 ang bilang ng naitatag na *Agricultural Credit Cooperative Associations.*

T — *Kung mahusay na sandigan sa pagpapasagana sa buhay ang Kooperatiba, bakit namatay ang mga itinatag noon?*

S — Nang ang mga mananaliksik na tauhan ng gobyerno ay pag-aralan ang mga pangyayaring naganap sa mga unang itinatag na kooperatiba, napatunayan nilang ang mga naging dahilan ng kabiguan at hindi pag-unlad ng mga kooperatibang iyon ay: (1) Hindi maayos at walang kawastuang pangangasiwa; (b) Kakulangan sa tunay na pagkakaunawa sa mga layunin at hangarin ng *Agricultural Cooperative Associations;* (k) Maling pagkakagamit sa mga salaping inutang ng mga miyembro, na sa halip na gamitin iyon sa pagpapasagana ng

ani, ginamit ang salapi sa mga piyesta at karangyaan; (d) Depektibong mga seguridad; (e) Masamang politika; (g) Walang ibinibigay na kompensasyon sa mga pinuno; (h) Kulang na superbisyon; (i) Kagahulan sa mga gamit na pangkumunikasyon o pampakikipag-talastasan; (l) Kakulangan ng kaalaman ukol sa kooperatiba ng mga miyembro at kawalan ng sapat na mga babasahin, at iba pang katulad nito na may kinalaman sa pagpapalakad, pangangasiwa, mga patakaran, mga layunin, pilosopiya, at marami pang ibang bagay na pangkooperatiba.

T — *Bukod sa nasabing* Rural Credit Law, *mayroon pa bang batas ukol sa kooperatiba?*

S — Mayroon pa. Ito ay ang *Cooperative Marketing Law (Act No. 3425)* na pinagtibay noong Disyembre 9, 1927. At sa pamamagitan ng Kawanihan ng Komersiyo o Pangangalakal, nakapagtatag sila ng 160 *Cooperative Marketing Associations* hanggang noong 1939. Umabot sa may 5,000 magsasaka ang sumapi, at ang mga ito ay nakapagbili ng mga produktong umabot sa halagang ₱5,529,058.99.

T — *Ano pang hakbang ang ginawa ng gobyerno upang muling mapasigla ang mga Kooperatiba sa Pilipinas?*

S — Nang manlamig ang kilusang pangkooperatiba sa bansa, ang Kawanihan sa Pangangalakal (komersiyo) ay nagtatag ng Liga ng *Consumers' Cooperative* noong Oktubre 18, 1939. Dahil dito sumigla ang *Consumers' Cooperative* ng Kolehiyo ng Agrikultura ng Pamantasan ng Pilipinas, at ang *Dumaguete Consumers' Cooperative Association* ng Unibersidad ng Silliman na itinatag noong 1936. Nang sumunod na taon, sa malasakit ng yumaong Pangulong Manuel L. Quezon, ang

Cooperative Law ay pinagtibay at nakilalang *Commonwealth Act No. 565*. At noong 1941, upang maisagawa nang maayos at nang magkaroon ng konsentrasyon ang pagpapalaganap ng mga kooperatiba, itinatag ni Presidente Quezon ang *National Cooperatives Administration* (*Cooperatives Administration Office—CAO*). Subali't nang sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, bigla itong natigil. Datapuwa't noong 1944, pinagsikapan ni Pedro Sabido (noon ay siya ang *Minister of Economic Affairs*) na itatag ang *Manila Consumers' Cooperative Associations.* Ang pundasyon nito ay matatag sapagka't ang mga miyembro at mga pinuno ng nasabing Kooperatiba ay nagkaroon ng mga pagsasanay na pinangasiwaan ni Dr. Pablo N. Mabbun, eksperto sa kooperatiba. Pagkatapos ng liberasyon nagkaroon ng *Economic Cooperative Administration,* at noong Nobyembre 1, 1945, pinagtibay ng Kongreso ang *Coop Act No. 713.* Sa pamamagitan ng batas na ito, muling itinindig ang nalansag na *National Cooperative Administration* noong Enero 2, 1946. Noon lamang Septyembre 10, 1947, muling nireorganisa ang NCA, at noong Oktubre 4, 1947, itinatag ang tanggapan ng NCSBC. Nguni't noong Nobyembre 30, 1950, ang NCSBC ay muling nireorganisa at ginawang *Cooperatives Administration Office,* sa ilalim ng Departamento ng Komersiyo at Industriya. Sa wakas, nilagom ang lahat ng batas ukol sa kooperatiba at noong Enero 22, 1957, isang batas ukol sa kooperatiba ang pinagtibay na tinawag na *Republic Act No. 2023.*

T— *Bukod sa ahensiya ng gobyerno na pinangangasiwaan ng CAO, may iba pa bang ahensiya o samahang tumulong sa pagpapasigla ng mga kooperatiba sa Pilipinas?*

S — Mayroon. Isa sa mga ito na nakagawa ng malaking pangalan sa larangan ng kooperatiba ay ang *Philippine Rural Reconstruction Movement* (PRRM) na noon ay pinangunguluhan ni Dr. Y.C. James Yen, ang Scholar na Intsik na eksperto sa pagpapaunlad ng mga nayon, at kasalukuyang Presidente ng itinatag niyang *International Institute of Rural Reconstruction,* namumukod at nag-iisang sentrong sanayang pandaigdig ukol sa pagpapaunlad ng mga nayon, at kasalukuyang nasa Silang, Cavite. Ang mga kooperatibang itinatag ng PRRM noong 1952 ay ukol sa pagpapautang (*Credit Coop*) sa mga nayon ng San Luis, Pampanga, pook na napili ng noon ay Pangulong Ramon Magsaysay. Ang dalawa sa iilang mga eksperto sa Kooperatibang nagtatag ng *Credit Coop* sa San Luis (noon ay bayang pugad ng mga HUK) ay si Antonio P. Santiago at Menandro Pernito. Umunlad at dumami ang kooperatiba ng PRRM sa panahong nagpresidente nito si Senador Manuel P. Manahan at Dr. Juan M. Flavier.

9

Ang Kooperatiba

ANG Samahang Nayon ay replika ng Kooperatiba. Kaya, kung paanong nakaguhit ang larawan ng kooperatiba, gayon din ang larawan ng Samahang Nayon. Kaya nga kung paanong pinangangasiwaan ang Kooperatiba, gayon din ang pangangasiwa sa Samahang Nayon. Sa maikling pangungusap, iisa ang kanilang balangkas, patakaran, prinsipyo, mga tuntunin at lahat ng bagay na sangkap ng mga ito. Sa gayon, naging matibay ang paniniwala ng mga otoridad na walang dahilan kung bakit hindi magiging matagumpay ang programa ng Reporma sa Pananakahan, pagka't tinitiyak din nila ang tagumpay ng Samahang Nayon.

Obligadong maging kasapi ng Samahang Nayon ang mga magsasaka. Bahagi iyan ng mga patakaran ng Reporma sa Pananakahan. Hindi iyan maaaring suwayin ng isang magsasaka, pagka't ang anumang kabutihang ibinibigay at balak na ibigay ng gobyerno sa mga magsasaka, maging iyon ay pansariling kapakinabangan sa pagpapasagana ng kabuhayan, o maging panlahat at pangkumunidad, yaon ay pinararaan sa Samahang Nayon. Mula sa pamamahagi at pagpapatupad, hanggang sa iba pang bagay na may kinalaman sa binubungkal na lupa at maayos at maunlad na pagsasaka.

Ang Samahang Nayon at ang Kooperatiba ay iisa. Gayon man, sa ngayon, hindi pa gaanong masasabing iisa ang dalawa. Manapa, maaari pang sabihing ang Samahang Na-

yon ay supling o anak ng Kooperatiba. Nguni't ang akmang talagang tawag ay *mala-kooperatiba* ang Samahang Nayon.

Hindi pa tunay na koopertaiba ang Samahang Nayon. Pero, tulad ng kooperatiba, ito ay hindi maaaring makapag-simula sa paglilingkod sa mga kasapi hangga't hindi nare-rehistro sa *Bureau of Cooperatives Development.*

T — *Ano ang mga layunin ng Kooperatiba?*

S — Upang maging kapaki-pakinabang ang pagbubungkal ng lupa at pagsasaka ng mga magbubukid na nagbabayad ng amortisasyon sa kanilang mga lupang binubungkal, ang mga ito ay dapat na mabigkis at mapagkaisa sa kanilang hangarin, gawain at paninindigan. Ang ilang mahahalagang layunin ng Kooperatiba ay: (a) Maturuan ang bawa't magsasaka ng pagtitiwala sa kani-kanilang sarili at maimulat ang mga ito sa dapat nilang mapanagutang mga tungkulin sa lipunan; (b) Maturuan silang talakayin ang pangunahing mga problemang pangkabuhayan, panlipunan, pangkalusugan, at pampulitika at bigyan sila ng pagkakataong malunasan ang mga ito; (k) Maturuang tumanggap ng mga responsibilidad sa pagmamay-ari ng lupang binubungkal, makagawa ng maayos na disisyon at maisagawa ito ng buong kasiyahan; (d) Mabigyan ng pagkakataon ang mga magsasaka na maitaas ang pagbili ng mga kagamitang pambukid, pagkuha ng mga tulong na teknikal, paghanap ng mabubuting presyo para sa labis nilang produkto, at marami pang iba; (e) Magiyahan sila sa paggamit ng kanilang mga kalayaan at maitanim sa kanilang puso at kaluluwa ang mga buting nagagawa ng pagtutulungan, pagtatangkilikan at pagdadamayan —na ang tuwirang pagtulong sa sarili ay indirektamen-

teng pagtulong din sa kanilang mga kasamahan at sa kumunidad sa kabuuan.

T — *Para ba sa mga magsasaka lamang ang Kooperatibang ito na itatatag sa nayon?*

S — Hindi. Dapat ding maging kasapi sa Kooperatiba ang mga hindi nagsasaka sapagka't iniipektuhan din ang mga ito ng mga problema ng mga magbubukid.

T — *Ano ang mga pangangailangang panlipunan sa pagtatatag ng Kooperatiba?*

S — Una sa lahat ay dapat na maunawaan ng mga mamamayan kung ano ang Kooperatiba, kung paano ito palalakarin, at kung paano ito itinatatag. Dapat silang sumang-ayong lalahok nang buong katalinuhan, susuportahan ang organisasyon at tatanggapin ng buong puso at kaluluwa ang mga responsibilidad bilang miyembro at bilang pinuno. Kailangang magkaroon ang mga miyembro ng kaalaman, kundi man mga karanasan, sa pangangasiwa ng kooperatiba. Nararapat din silang magkaroon ng ugaling pagtutulungan, pagtatangkilikan at pagdadamayan.

T — *Ano naman ang mga pangangailangang pang-ekonomika, bago maitatag ang Kooperatiba?*

S — Una sa lahat, dapat na magkaroon ng pampanimulang puhunan o kapital ang kooperatiba, at maging panata ng mga miyembro ang pagtangkilik sa anumang negosyong gagawin ng Kooperatiba. Ikalawa, hindi dapat na isipin lamang ng mga magsasaka na kaya siya sumapi sa Kooperatiba ay upang makuha niya ang Sertipiko ng Pansamantalang Pagmamay-ari ng lupang sinasaka, kundi nararapat din nilang isipin na kakailanganin ang iba pang maraming serbisyo ng Kooperatiba para makapagpaunlad sila ng buhay.

T — *Kung sabihin ng iba, ang Samahang Nayon ay Koope-*

ratiba rin. Kung hindi, ano ang pagkakaiba nito sa Kooperatiba?

S — Ang Samahang Nayon ay hindi pa ang tunay na Kooperatiba. Gayon man, ang nasabing samahan ay itinatag na ang balangkas ay katulad ng balangkas ng Kooperatiba. Dahil dito, ang Samahang Nayon ay maaaring tawaging Mala-Kooperatiba na ang pangangasiwa, mga patakaran at simulain ay kaparis ng isang Kooperatiba. Sa ganyan, ito ay nararapat na marehistro sa Kawanihan ng Pagpapaunlad ng mga Kooperatiba, subali't hindi ibig na sabihin ay gagawa na ito ng malalaking negosyo na tulad ng ginagawa ng isang tunay na Kooperatiba. Ang bibigyan nito ng diin ay ang panlipunan at pangkarunungang mga gawain ukol sa kanyang mga miyembro.

T — *Upang maging miyembro ng Kooperatiba, ano ang dapat gawin ng isang magsasaka?*

S — Bago maging miyembro ang isang magsasaka, dapat siyang makatapos ng nakatakdang kurso ukol sa *premembership,* at makapagbigay ng kailangang halagang butaw at abuloy para sa panimulang puhunan sa pagpapalakad ng Kooperatiba.

T — *Ano ang mga tungkulin na maaaring gawin ng Kooperatiba para sa kabutihan ng kanyang mga miyembro?*

S — Maraming tungkulin at gawain ang isang Kooperatiba. Nguni't ang ilang dapat nitong gawin at tungkulin ay: (1) Pag-ugnay-ugnayin at superbisahan ang lahat ng mga gawain ng mga miyembro sa lugar nitong nasasakupan; (2) Pangasiwaan ang pamimili ng mga kagamitang pambukid na kailangan ng mga miyembro

ng Samahang Nayon; (3) Panagutan ang paghanap ng mabuting presyo para sa mga produkto ng mga miyembro; (4) Magsagawa ng mga gawaing nauukol sa pangkarunungan, pag-oodit, at marami pang bagay na may kinalaman sa pagpapaunlad ng kabuhayan at ng kumunidad. Ang Kooperatiba ang siyang tuwirang mangangasiwa sa kalagayang pinansyal, mga transaksyon, at ukol sa produksyon at mga salapi at pondong kinasasangkutan ng bawa't miyembro.

T — *Bakit sapilitang kinukunan ng 5% ang bawa't miyembro ng Samahang Nayon na nakakukuha ng* Agricultural Loan *sa ACA, PNB, o* Rural Bank?

S — Kailangan ang 'sapilitang' pag-iimpok para sa kapakanan ng mga miyembro. Inisip ito ng mga eksperto sa kooperatiba nang maiwasang maulit ang kabiguan ng kooperatibang naganap noong mga nagdaang panahon. Ang 'sapilitang' halagang naiimpok ng mga miyembro ay gagamitin sa pagbili ng *shares of stocks* (sosyo) sa isang bangko rural.

T — *Bakit may kinukulektang isang kaban o katumbas nitong halaga sa bawa't isang iktaryang bukid sa mga magsasaka sa tuwing sasapit ang anihan?*

S — Ito ay para sa tinatawag na Pondong Panggarantiya ng Nayon o *Barrio Guarantee Fund*. Sa pondong ito nanggagaling ang halagang ginagamit na pambayad para sa mga kasaping hindi nakatutupad sa taunang amortisasyon ng lupang sinasaka. Ito rin ang pondong panggarantiya, kaya may tiwalang ipinamamahagi ng tanggapan ng Reporma sa Pananakahan ang mga Sertipiko ng Pansamantalang Pagmamay-ari ng mga bukid na sinasaka ng mga magbubukid.

10

Patuloy na Edukasyon

Matatag ang pundasyon ng mga Samahang Nayon. Iyan ay dahil sa Katipunan ng mga Samahang Nayon. Ang pagkakabigkis-bigkis ng mga Samahang Nayon ay katotohanan lamang na matibay ang pagsasamahan ng mga magsasaka, katiyakang makakamit ng mga miyembro ang pangarap ng pamahalaan na mahango sila sa pagdaralita at pagdarahop sa buhay.

Pagkatapos na maitatag ang Katipunan ng mga Samahang Nayon, ang kasunod nito ay ang pagtatag naman ng Kilusang Bayan. Nguni't kasabay nang pagpapalaganap ng Katipunang iyan, ang mga miyembro ng Samahang Nayon ay patuloy na pinapag-aaral at tinuturuan ng ukol sa pagpapaunlad ng sarili, ng samahan, ng kumunidad, at ng bayan sa kabuuan—patuloy ng edukasyon.

Obligado ang nasabing pag-aaral na iyan ng mga miyembro sa ilalim ng pangangasiwa at pagsubaybay ng mga tauhan ng pamahalaan at ng Kapitan ng Nayon (ngayon ay Barangay Captain na).

Napapaloob sa 20 leksiyon, ang iba't ibang paksa ay may iisang tunguhin—pagpapasagana at pagpapaunlad ng miyembro at ng bayan.

Dahil sa magkakakawing na mga layunin, ang *Department of Local Government and Community Development* (DLGCD), at iba pang ahensiya ng gobyerno na tulad ng Reporma sa Pananakahan, ay matitiyagang subaybay sa teorya at mga karunungang tekniko.

Para maging madali ang pagtatanim sa isipan ng mga karunungang nakapaloob sa 20 leksiyon, lalo na ang mga karunungang teknikal, ang mga subaybay ay nagpapakitang-gawa. At kaugnay niyan, obligado ang lahat ng Samahang Nayon na gumawa ng mga proyekto ukol sa pagpapakitang-gawa. Dahil diyan, nagkakaroon ng pagkakataon ang mga pinuno ng Samahang Nayon na higit silang makapaglingkod sa mga miyembro at mapabuti ang relasyon ng mga mamamayan sa kanilang kumunidad.

Tulung-tulong na itinataguyod ng isang tanging komite na pinili ng Samahang Nayon, ang proyektong pangdemonstrasyon ay abuluyan ng mga taong nakaaangat sa buhay sa nasabing lugar. Pero, kapag ang proyekto ay kumikita na, ang salaping ginamit na pansimula ay ibinabalik din sa mga nag-abuloy at sumustine.

Bukod sa mga pag-aaral na nabanggit, ang sangay ng pamahalaan ay nagtataguyod din ng paaralan sa himpapawid, sa pakikipagtulungan ng mga istasyon ng Radyo at Telebisyon. Katulad ng unang ginagawang pagpapaaral sa mga miyembro ng Samahang Nayon, obligado rin ang mga miyembrong ito na makinig—nang sama-sama—sa *school on the air.* Sa tuwing matatapos ang nasabing leksiyon, may ibinibigay pang eksamen sa mga nag-aaral.

Ang lahat ng uri ng pag-aaral at paaralang nasabi ay nakapailalim sa mga subaybay ng pamahalaan at ng komite sa edukasyon ng Samahang Nayon.

T — *Ano ang tinatawag na Katipunan ng Samahang Nayon?*

S — Upang higit na magkaroon ng lakas at mapadali ang pagpapaunlad ng mga kabuhayang nayon, ang mga Samahang Nayon sa isang bayan ay dapat na magsama-sama at magbigkis-bigkis. Ang samahang ito na kanilang bubuuin ay siyang tinatawag na Katipunan ng

mga Samahang Nayon, o kaya ay Piderasyon ng mga Samahang Nayon. Kung minsan naman at hindi posibleng magsama-sama ang lahat ng Samahang Nayon sa isang bayan, ang Katipunan ng mga Samahang Nayon ay maaaring buuin na lamang ng magkakatabing (magkakapit-pook) Samahang Nayon.

T — *Ano naman ang tinatawag na Kilusang Bayan?*

S — Kapag matatag na ang Samahang Nayon—sa pananalapi, sa edukasyon at dami o bilang ng mga miyembro —makapagtatatag na ito ng tunay na Kooperatiba. Ang Kooperatibang ito ay siyang tinatawag na Kilusang Bayan.

T — *Ano ang ibig sabihin ng kursong may 20 leksiyon?*

S — Ang Samahang Nayon ay siyang ligang matibay sa pagpapaunlad ng mga nayon. Ito rin ang solidong pundasyon ng gobyerno. Dahil diyan, nararapat na magkaroon ng sapat na kaalaman lalo na sa pangangasiwa at pag-iingat ng mga aklat-talaan ang mga pinuno, nang mapatakbo nang maayos ang kanilang Kilusang Bayan. Ang kursong ito ay idinisenyo upang malinang sa mga pinuno ang kaalaman sa matalinong pamumuno at tamang pangangasiwa ng kanilang samahan.

T — *Sino ang sasanay sa mga opisyales ng mga Samahang Nayon?*

S — Ang nakaaalam at magtataguyod ng nasabing pagsasanay ay ang *Field Worker* o Panlarangang Manggagawang nakasasakop sa nasabing Samahang Nayon. Lahat ng pinuno ng mga Samahang Nayon sa isang bayan ay sabay-sabay na magsasanay. Sila rin ang magtatakda kung kailan, kung saan dapat na ganapin ang pagsasanay.

T — *Hanggang kailan tatagal ang nasabing pagsasanay?*

S — Ang pagsasanay ay dapat na tumagal ng 10 araw ng linggo. Ibig na sabihin ay isang (1) araw lamang sa isang linggo ang pagsasanay. Sapagka't 10 araw lamang ang dapat na itagal ng pagsasanay, dapat na makatapos ng dalawang (2) leksiyon sa isang araw. (Mahigpit na itinatagubilin ng Departamento ng mga Gobyerno Lokal at Pagpapaunlad ng mga Nayon (DLGCD) na hindi dapat lumampas sa dalawang leksiyon ang pag-aaralan sa isang araw na pagsasanay.)

T — *Sino ang dapat gumugol sa nasabing pagsasanay?*

S — Ang lahat ng gugulin, kung mayroon man silang dapat na pagkagastahan, tulad ng mga yeso, papel, mirienda, pamasahe at iba pa, ay babalikatin ng mga Samahang Nayon na nakalahok sa pagsasanay. Magugunita na ang pamahalaan ay puspusang tumutulong sa mga Samahang Nayon, nguni't hindi ito nagbibigay ng tulong na salapi ukol sa mga ganyang uri ng pinagkakagastusan.

T — *Ano ang nilalaman ng 20 leksiyong kursong ibinibigay ng* Field Worker *sa mga pinuno ng mga Samahang Nayon?*

S — Ang 20 leksiyong kursong ito na para sa mga pinuno ng mga Samahang Nayon na dapat matapos sa loob ng 10 linggo—isang araw sa isang linggo na pagsasanay—ay (1) Kabuuang larawan ng ikalawang bahagi sa pagpapatupad ng gobyerno sa programa nito ukol sa Samahang Nayon; (2) Mga tungkulin at gawain ng mga pinuno at mga Komite; (3) Pagpaplano, pag-oorganisa at pagkalap at pag-iipon ng mga kailangang gamit; (4) Pagsusuperbisa, pakikipagtalastasan

at kontrol; (5) Pag-aanalisa o pagsusuri sa mga soli-ranin o problema; (6) Pagbibigay ng disisyon; (7) Pamamaraan sa pagtatalakayang panggrupo; (8) Pag-paparami ng miyembro; (9) Patuloy na pagpapalawak ng kaalaman; (10) Programa sa pag-iimpok; (11) Ang Pondong Panggarantiya ng Nayon; (12) Pamamaraan sa paghingi ng tulong; (13) Pagkuha sa pangangasiwa ng bukid ng miyembrong binabawian ng saka; (14) Unang bahagi ng *accounting;* (15) Ikalawang bahagi ng *accounting;* (16) Paghanap at pakikipagkasundo sa mabuting mga presyo; (17) Ang katipunan ng samahang nayon; (18) Ang Samahang Nayon sa Kilusang Bayan; (19) Kung paano ang wastong pagmimiting ng Sanggunian ng mga Direktor at ng Assemblea; at (20) Ang wastong pag-iingat ng mga tala o rekord, at ang tamang paggawa ng mga report.

T — *Ano ang tinatawag na* Agricultural Counselors *o mga Tagasubaybay na Pang-agrikultura?*

S — Ang mga Tagasubaybay na Pang-agrikultura ay mga miyembrong higit na makaranasan sa pagsasaka. Pinipili ang mga ito ng Komite sa Edukasyon at Pagsasanay. Dalawa lamang o kaya ay tatlo ang dapat piliin para sa bawa't Samahang Nayon. Ang mga ito, hangga't maaari ay may mga pinag-aralan.

T — *Ano ang mga gawaing dapat na gampanan ng mga Subaybay na Pang-agrikultura?*

S — Ang mga ito ang siyang may responsibilidad sa pagsasanay sa mga miyembro ng Samahang Nayon ukol sa panimulang teknikal na binubuo ng 20 leksiyon, at saka ang 8 leksiyon ukol sa ispesyalisasyon sa mga produkto.

T — *Kung ang mga Subaybay na Pang-agrikultura ay magtu-*

turo rin ng kurso pangteknikal, paano matitiyak na wasto at tama ang kanilang gagawin at ginagawa?

S — Ang mga subaybay na ito, upang makaganap ng wasto at tama sa kanyang tungkulin, ay dalawang linggong sasanayin ng mga tekniko ng Kawanihan ng *Agricultural Extension,* Kawanihan ng Industriya sa Paghahayupan, Kawanihan ng Industriya at Paghahalaman, at ng Bangko Rural, ACA, at Bangko Nasyonal ng Pilipinas. Ang mga pagsasanay na itataguyod ng mga Subaybay ng Pang-agrikultura ay pinangangasiwaan pa rin ng Komite sa Edukasyon at Pagsasanay, at tinutulungan sila ng lahat ng pinuno ng Samahang Nayon.

T — *Ano ang nakapaloob na mga paksa sa 20 leksiyong kursong teknikal na ituturo ng mga Subaybay na Pang-agrikultura?*

S — Ang mga paksa ay tulad ng: (1) Mga binhing marami kung mamunga; (2) Iba't ibang uri ng abono o pataba na akma sa halaman at sa lupa; (3) Mga gamot na pamatay ng mga kulisap at mga insekto; (4) Pagpaparami sa ani sa palay; (5) Pagpaparami sa ani sa mais; (6) Makabagong mga pamamaraan sa paghahalaman; (7) Wasto at tamang pangangasiwa sa poltri o pagmamanukan; (8) Wasto at tamang pangangasiwa sa pag-aalaga ng mga baboy o pagbababuyan; (9) Kung paano ang pangungutang at pagbabayad sa Bangko Rural, ACA, at PNB; (10) Iba't ibang klase ng *Compact Farms;* (11) Kung ano ang mga buting magagawa ng Tunay na Kooperatiba sa kanyang mga miyembro; at (12) Kung paano maaaring gamitin ang mga salapi ng Pondong Panggarantiya ng Nayon at ng Pondo sa Pag-iimpok ng Nayon.

T — *Gaano tatagal ang nasabing pagsasanay?*

S — Ang nasabing kurso ay tatagal ng 20 linggo o kaya ay 10 linggo. Kung 20 linggo, sa bawa't pagsasanay ay isang araw lamang ang gagamitin sa bawa't linggo; at isang leksiyon ang dapat tapusin sa bawa't araw. Kung 10 linggo naman, sa bawa't pagsasanay na isang araw ay dalawang leksiyon ang dapat tapusin.

T — *Sa parte ng mga miyembro ng Samahang Nayon, obligado ba silang dumalo sa nasabing pagsasanay?*

S — Oo. Sapagka't ito ay bahagi ng 50 leksiyong dapat nilang matapos na siyang kailangan upang ang isang miyembro ay makapagtapos sa Pamantasan sa Nayon.

T — *Ano naman ang tinatawag na 8 linggong kurso sa ispesiyalisasyon sa mga produkto?*

S — Bukod sa mga kaalaman ukol sa palay at mais, ituturo din ng mga subaybay na pang-agrikultura ang iba't ibang gawaing pantahanan na maaaring pagkasalapian ng mga Ina ng tahanan, mga miyembro ng pamilya na walang gawain, at ng Ama ng tahanan, samantalang hindi nagtatrabaho sa bukid.

T — *Ano ang kahalagahan ng mga proyektong pangdemonstrasyon?*

S — Anumang teknikal na karunungan, itinuturing na madaling matututuhan ng mga mag-aaral ang isang bagay, kung ang nagtuturo ay nagpapakitang-gawa. Sa mga magsasaka, mahalagang matutuhan nila ang ukol sa kung bakit kailangan ang paggamit ng iba't ibang uri ng abono o pataba; na bakit kailangang matutuhan ang paggamit ng mga gamot na pamatay ng kulisap at insekto; na bakit kailangang matutuhan ang iba't ibang maunlad na pamamaraan sa paghahalaman; gayon din, kung bakit dapat na matutuhan ang wasto

at tamang pangangasiwa ng poltri ng manok at baboy. Dahil diyan, obligado ang isang Samahang Nayon na gumawa ng mga proyekto sa pagpapakitang-gawa, upang ang mga miyembro ay magkaroon ng iba't ibang kaalaman ukol sa pagpapaunlad ng kabuhayan. Bukod diyan, ang nasabing mga proyekto ay makapagtuturo pa rin sa mga miyembro ng simulain sa pagtutulungan, pagdadamayan at pagtatangkilikan, na siyang diwa ng kooperatibang pangarap ng pamahalaan para sa mga mamamayan.

T — *Paano ginagawa ang mga proyektong pandemonstrasyon o pagpapakitang-gawa?*

S — Una, ang isang grupo sa Samahang Nayon ay pipili ng kanilang lider. Pagkatapos, ang nasabing lider ay makikipagsanggunian sa kanyang mga kasama sa grupo upang pagpasiyahan kung saan nila gagawin at kung kailan sisimulan ang proyektong nakatalaga para sa kanilang grupo. Ang napiling lider ang siyang may responsibilidad sa pangangasiwa at pagdidirihe sa proyekto. Ang isa pang paraan ay, kung kayang pangasiwaan at gugulan ng isang miyembro ang isang proyekto, pinapayagan ito ng Samahang Nayon. Ang ikatlong paraan, kung hindi kayang gugulan ng Samahang Nayon ang mga proyektong ukol sa pagpapakitang-gawa, hinihiling ng Samahan na mag-abuluyan ang mga miyembrong nakatitighaw o yaong mga *may kaya.* Kapag ang proyekto ay kumikita na, lahat ng kita ay ibinabayad sa mga miyembrong nag-abuloy, hanggang sa mabayaran ang kabuuang halagang pinuhunan o ginugol sa nasabing proyekto.

T — *Ang mga opisyales lamang ba ang may karapatang matutuhan ang mga kaalaman ukol sa pangangasiwa?*

S — Hindi. Ang lahat ng miyembro ay dapat ding matuto ng pangangasiwa sa kanilang samahan. Ang totoo, inuna lamang na sanayin ang mga pinuno, pagka't ang mga pinunong ito ang siya namang magtuturo sa kanilang mga miyembro. Katulad nila, ang pagsasanay sa mga miyembro ay may mga paksang tulad ng kanilang pinag-aralan. Mahalaga ang kaalaman sa pangangasiwa, lalo na sa pagtatatag ng Kooperatiba, sapagka't sa nasabing samahan, ang lahat ay may pantay na karapatan, na ang ibig na sabihin, ang karaniwang miyembro ngayon, ay maaaring mahalal na opisyal sa mga darating na araw.

T — *Mayroon nang ginagawang pagsasanay ang mga tauhan ng gobyerno sa mga pinuno at mga miyembro ng Samahang Nayon, bakit mayroon pang paaralan sa himpapawid?*

S — Katulad ng kahalagahan ng mga ginagawang pagsasanay na itinataguyod ng mga tauhan ng gobyerno at mga teknikong tauhan ng iba't ibang ahensiya ng pamahalaan, ang paaralan sa himpapawid o *school-on-the-air* ay bahagi ng patuloy na paglinang sa mga isip ng miyembro, pagtuklas ng mga makabagong kaalaman, na tungo sa pagpapatibay ng pundasyon ng pagpapaunlad sa kabuhayang-nayon. Obligadong makinig ang lahat ng miyembro sa mga isinasahimpapawid na mga leksiyon sa ilalim ng pamamahala ng Komite sa Edukasyon at Pagsasanay.

T — *Bakit kailangang magkakasama ang mga miyembro sa*

pakikinig sa mga leksiyong isinasahimpapawid, ay maaari namang makinig ang sinuman sa sariling radyo?

S — Mahalagang maging kasama sa grupo ng mga nakikinig sa brodkas sa radyo ng mga leksiyong isinasahimpapawid, pagka't sa tuwing matatapos ang brodkas, may mga tanong na dapat sagutin ang miyembro. Pagkatapos maisulat ang mga sagot, ang mga iyon ay kinukulekta ng Komite sa Edukasyon at Pagsasanay upang ibigay sa *Municipal Development Officer* (MDO). Ito ay para sa rekord ng bawa't miyembro.

T — *Ano naman ang Pamantasan sa Nayon?*

S — Ang Pamantasan sa Nayon ay paaralang bukas para sa lahat ng mamamayan sa nayon. Ito ang kung tawagin sa Ingles ay *Open University.* Hindi katulad ng karaniwang paaralan, pinangangasiwaan at ginugugulan ito ng Samahang Nayon.

T — *Ano ang napag-aaralan sa Pamantasan sa Nayon?*

S — Ang mga pinag-aaralan sa Pamantasan sa Nayon ay katulad ng Kooperatiba, agrikultura, paghahayupan, wastong pamumuhay, at marami pang iba na ang isang tunguhin ay pagpapaunlad ng kabuhayan at ng nayon sa kabuuan.

T — *Kung ito nga ay tunay na paaralan, ano ang ibinibigay na katibayan sa mga nakatatapos sa Pamantasan sa Nayon?*

S — Ang sinumang makatapos ng 50 *units* sa paaralang ito na binubuo ng iba't ibang paksang nakatalagang kunin o pag-aralan, ay binibigyan ng Sertipiko ng Pagtatapos.

T — *Sino ang gumagawa ng mga leksiyon at mga paksang*

dapat na ituro sa mga pumapasok sa paaralang ito?

S — Ang gumagawa ng mga leksiyon at mga paksang dapat na maituro sa mga nag-aaral na nakapaloob sa isang kurikulum, ay ang Kawanihan ng Pagpapaunlad ng mga Kooperatiba. Ang tanggapan ding ito ang siyang gumagawa ng sistema sa pagrereport at pagsusuri.

T — *Ano naman ang parteng ginagampanan ng Samahang Nayon sa Pamantasan sa Nayon? Kanino ito?*

S — Ang Pamantasan sa Nayon ay ari ng nayon. Ang nayon din ang nagtatatag nito sa tulong ng MDO. Sa pamamagitan ng Komite sa Edukasyon at Pagsasanay, ang Samahang Nayon ang sumusuperbisa at nagpapalakad sa Pamantasan sa Nayon. Kung may kailangang paggugulan, ang bumabalikat dito ay ang Samahang Nayon din.

T — *Bakit kailangang maging miyembro ang lahat ng magsasaka sa Samahang Nayon?*

S — Kapag nakatatag na ang Kilusang Bayan, ang lahat ng tulong na ibinibigay nito sa mga magbubukid, ay pinararaan sa Samahang Nayon. Dahil dito, ang maaaring makinabang lamang sa mga tulong na iyan ay yaong mga kasapi sa Samahang Nayon.

T — *Ang mga hindi magsasaka, maaari bang sumapi sa Samahang Nayon?*

S — Sapagka't ang Samahang Nayon ay simula lamang ng pagtatatag ng Kooperatiba, kaya kailangang ang lahat ng mamamayan sa isang kumunidad ay maging kasapi ng Samahang Nayon. Dahil dito kaya dapat na pagsikapan ng mga kinauukulang opisyal na mahikayat ang

lahat na maging kasapi sa samahan. Maging magsasakang may sariling binubungkal na bukid, mga namumuwisan o mga magsasakang nagsisipagbayad pa ng amortisasyon, at yaong mga hindi magsasaka.

T—*Bakit kailangang maging kasapi sa Samahang Nayon ang mga hindi magsasaka?*

S—Sa pagpapaunlad ng kabuhayan sa isang kumunidad, ang lahat ng mamamayan ay dapat na maging kalahok —mayaman man o mahirap. Ang diwa nito ay: dapat na tumulong ang mga *mayroon* sa mga *wala,* bagay na ang mga *wala,* ay magkaroon din ng pagkakataon sa pagpapasagana, upang sila ay hindi maging problema ng kumunidad sa habang panahon. Ang prinsipyong ito ay pagbuhay sa pagdadamayan, pagtatangkilikan at pagtutulungan. Kapag ang prinsipyong ito ay nakapamayani sa mga mamamayan, nagkakaroon ng katahimikan ang lipunan. At kapag may katahimikan ang lipunan, madaling naisasagawa ang pagpapasagana sa buhay.

11

Ang Plano

Walang sinumang may nais na mabigo sa pangarap—maging iyon ay may kinalaman sa kapakanang pansarili, pangkumunidad, at pambayan. Ang lahat ay nais ang tagumpay. Subali't alin man sa dalawa—kabiguan o tagumpay—ay mga pangyayaring may pinagsasaligan.

Halimbawa, kung ang isang balak na ipinatupad ay hindi lumihis sa balangkas ng mga pamamaraan, tagumpay ang aanihin. Pero, kapag ang isang balak ay ipinatupad nang lihis sa balangkas ng mga pamamaraan, (sa ilalim ng normal na kondisyon) ang tiyak na bunga ay kabiguan.

Iyan ang dahilan kung bakit lubhang mahalaga ang plano ng isang balak o nais na gawin.

May mga layunin ang anumang nakaplanong balak. At sapagka't dapat na matamo at marating ang anumang layuning nakatakda para sa isang balak, sumulpot man diyan ang mga suliranin o problema na magiging hadlang upang makamit ang layunin, nararapat ang masusing pag-analisa at pagtimbang sa mga maaaring maidulot na sagka sa pagpapatupad ng mga patakaran ng isang balak. Ang mga resulta nito ay siyang magsasabi kung gaano kadali at kung gaano kalaki ang tagumpay na maaaring makamit, matapos na maisagawa ang gayon at ganitong bagay. Iyan ang mga panukatan.

Kung gaano kahalaga ang mga layunin ng isang bagay na nais na isagawa, gayon din ang halaga ng mga taong

magtataguyod ng isang plano. Ibig na sabihin, ang mga layunin ay dapat na madaling unawain, tulad ng mga taong magtataguyod ng isang plano, dapat na bihasa sa gawaing hinihingi sa plano. Sa ibang pangungusap, kapag ang hinihingi ng plano ay mga taong tapos ng Inhenyero Mekaniko, hindi dapat ang mga Inhenyero Kimiko, at iba pang walang nalalaman sa nasabing trabaho.

Nguni't hindi sapat na para makamit ang tagumpay ng mga layunin ng isang balak ay ang makapagkaroon lamang ng tama at akmang mga tao. Kailangan din na magkaroon ng kontrol sa pagpapatupad ng anumang gawain ng mga tao, upang ang mga resulta ay magbigay ng magandang pakinabang na siyang hangarin at nakatakdang maganap pagkatapos ng gayong gawain sa gayong takdang oras.

Ang plano ay siyang nagsasabi kung gaano kalaking halaga ng salapi, ang nararapat na ubusin at dapat na magasta para sa isang balak. At katulad ng ibang bagay na makikita sa plano, ito ay isa sa pinakamahalagang bagay.

Ang badyet ay mahalagang sangkap sa pagpapatupad ng isang gawain. Subali't kung sinasabi mang mahalaga ang salapi sa pagpapayari o pagtataguyod ng isang gawain, ang nasabi ring gugulin ay may limitasyon sa halaga at panahon ng paggasta.

T — *Ano ang plano?*

S — Ang plano ay balangkas ng mga pamamaraan, kung paano ipatutupad ang isang balak. Sa plano, kasangkot ang hinaharap. Ano man ang gawin, may kinalaman ito sa pangarap na ibig marating. Kaya, ang Samahang Nayon ay mahalagang matutuhan ang wasto at tamang pagpaplano.

T — *Paanong naisasagawa ang wasto o tamang pagpaplano?*

S — Ang unang ginagawa sa pagpaplano, ay tinitimbang na mabuti ang kasalukuyang kalagayan ng situwasyon. Pagkatapos, dapat na matalos kung ano ang mga layunin na nais na matamo. Kapag mayroon ng mga layunin, dapat na alamin kung paano maaaring matamo at mararating ang nasabing mga layunin. Sa pag-alam kung paano maaaring matamo ang mga layunin, dapat na isaalang-alang ang mga problemang sasalungahin. Analisahing mabuti ang mga problemang yaon at isipin kung ano ang maaaring idulot ng mga ito. Pagkatapos, timbanging mabuti ang maaaring mangyari na dulot ng mga suliraning yaon.

T — *Ano ang sinasabing layunin?*

S — Ang layunin ay ang nais na marating, matamo, makamit pagkatapos na maisip ang isang bagay na nais na gawin. Kung sabihin, ang taong walang layunin, ay walang nararating. At sapagka't kailangan ito, nararapat na isaalang-alang ang kakayahan ng gagawa at mga katulong nito. Dapat ding maging makatotohanan ang isang layunin at madaling unawain, nang hindi maligaw ang sinumang nais na makapagkamit nito.

T — *Ano ang kahalagahan ng mga taong nagtataguyod sa isang plano?*

S — Kahit na anong husay ng plano, kapag ang mga taong nagsasagawa ng plano ay kulang sa mga kaalamang hinihingi ng plano, hindi makakamit ang tagumpay ng layunin nito. Sa ibang pangungusap, dapat na magkaroon ng kaalaman ang taong magsasagawa sa plano sa kanyang gawain. Ang magandang halimbawa nito

ay ang taong walang kaalaman sa *accounting* ay hindi maaaring gawing *bookkeeper* at ang taong mangmang ay hindi maaaring gawing kalihim.

T — *Ano naman ang kaugnayan ng kontrol sa plano?*

S — Sakaling ang plano ay may angkop na mga taong nagsasagawa nito upang matamo at makamit ang mga nais na layunin, kung wala namang kontrol sa pagpapatupad ng mga gawain, ang mga gawain ay hindi rin magbibigay ng magandang resulta—maaaring magkaroon ng kabiguan. Ang magandang halimbawa nito ay: sakaling biglang magkaroon ng hindi magandang pangyayari sa pagtupad ang mga tao, dapat na may iba pang planong pangremedyo upang ang *timetable* ng paggawa ay hindi masira. Isa pang halimbawa ng ugnayan ng plano at kontrol, ay: nang simulan ba ang gawain ay nasa oras, o ito ay nahuli? O baka naman maaga kaysa hinihinging oras ang pagkakasimula.

T — *Ano ang ibig sabihin ng Badyet?*

S — Ang badyet ay siyang nakaalalay na giya sa anumang uri ng paggasta. Ito ay siyang nagsasabi kung kailan dapat gugulin ang salapi, at kung saan ito dapat gastahin. Ang badyet ay malinaw na larawan ng maayos at wastong paggasta.

T — *Bakit kailangang isama ang badyet sa pagpaplano?*

S — Ang badyet ay mahalagang bahagi ng plano. Ito ay suhay na matibay ng plano sa anumang nais na matamong layunin.

T — *Paanong nakatutulong sa pagsasagawa ng gawain ang badyet?*

S — Ang mga taong pinagkakatiwalaan na magtataguyod ng anumang gawain ng Samahang Nayon ay nakasalig ang panukatan ng maaaring magawa nito sa nakalaang guguling nasa badyet. Subali't dahil din sa badyet, ang nasabing gugulin ay may limitasyon, at yaon ay maaaring gastahin lamang sa nakatakdang dapat pagkagastusan. Ang ibig na sabihin ay ang salaping nakalaan para sa materyales ng opisina ay hindi maaaring gamitin sa ibang bagay.

T — *Anong tulong ang nagagawa ng badyet sa isang tagapangasiwa sa pagpapalakad ng opisina?*

S — Dahil sa ang lahat ng gugulin ay nakatalang isa-isa sa badyet, nasusubaybayan ito ng isang tagapangasiwa. Kaya, anumang pagbabago ang gawin sa paggasta ay malalaman niya. At kung ito ay labag sa ipinag-uutos ng badyet, nakagagawa ito ng pag-iimbistiga, upang parusahan ang nagkasala. Iyan ang kontrol. Sa iba pang pangungusap, ang isang bagay na dapat pagkagastahan ng ₱100 ay hindi dapat paggugulan ng higit pa sa nasabing halaga.

T — *Ano ang samahan?*

S — Ang samahan ay binubuo ng mga taong kusang nagsama-sama para itaguyod ang tanging layunin. Ang samahan ay may balangkas, mga pinuno, mga dapat gawin at tungkulin, at kung ano ang dapat gawin ng gagawa nito upang mayari sa takdang panahon. Mayroon din itong mga batas, upang magkaroon ng kaugnayan ang isa sa bawa't isa—maging tao o mga gawain man para sa isang layunin.

T — *Ano ang dapat na isaalang-alang sa pagtatatag ng isang samahan?*

S — Marami, nguni't ang higit sa lahat na dapat na kunsiderahin ay kung ano ang magiging kabuuang larawan ng nais na itatag na samahan. Sa Samahang Nayon, pagkatapos na mapatatag at mapabuti ang kalagayang pinansyal, dapat na mabatid ng mag-oorganisa kung sinu-sino ang maaaring makapagtaguyod ng mga plano nang naaayon sa nais na makamit na layunin. Ang Samahang Nayon ay dapat magkaroon ng mga komite na siyang maghahati-hati sa maraming gawain na tulad ng pagsasagawa ng patuloy na edukasyon para sa mga miyembro; pagsasagawa ng pagsusuri sa kalagayang pinansyal at mga gugulin ng samahan; pagtataguyod ng mga proyekto at kung paano ito isasagawa; pagtaya sa kalagayan at kakayahan ng mga tao sa isang tanging pook o nayon; pagsasagawa ng mga pag-iimpok at pagtitipid; at marami pang ibang bagay na magkakaroon ng tuwirang kaugnayan sa samahan.

12

Mahusay na Plano

Ang mahusay na plano ay yaong may mga karapatdapat at akmang mga taong maaaring umugit sa isang samahan, at nakalaang magpalawak pa ng kanilang kaalaman ukol sa pagpapaunlad ng kanilang samahan. Ang ganyang mga uri ng tao ay kapalaran ng isang samahang may mga layunin sa pagpapaunlad ng kabuhayan, kumunidad, at bayan. Dahil diyan, nakatitiyak ang samahan na makakamit nito sa tiyak na oras at panahon ang tagumpay na dapat niyang makamit.

Ang ganyang mga uri ng miyembro ay isang katiyakang ang samahan ay makapaglilingkod nang maayos sa kanyang mga miyembro. Sa ibang pangungusap, ang samahan ay makatutupad sa kanyang responsibilidad sa kanyang mga miyembro samantalang ang mga kasapi ay maisasagawa naman ang kinakailangang responsibilidad nila sa kanilang organisasyon. Sa iba pang pangungusap, makapaghahari ang pagdadamayan, pagtutulungan, at pagtatangkilikan ng mga miyembro sa isang samahan.

Ang maganda at mabuting plano na ang balangkas at mga pamamaraan ay makikita sa mga Samahang Nayon, ay isang garantiya ng pag-asa sa matagumpay na pagpapasagana ng buhay at ng lipunang ginagalawan ng mahigit na 85 porsiyento ng mamamayan.

Ang organisasyong iyan sa mga nayon, ay isang magandang halimbawa ng mga miyembrong nabibigkis sa iisang sa-

mahang ang plano ay tunay na salbabida ng lahat at hindi ng para sa iisa, ng iilan o sa isang munting pangkat o grupo ng mamamayan lamang. Maganda rin itong halimbawa ng pagsasanib ng mumunting lakas para mabuhat ang malaki at nakalulumpong bigat ng problema o suliraning may kinalaman sa buhay at sa lipunang kanilang ginagalawan.

Isa pang mahalaga ay ang garantiya, kung paano maiiwasan ng sinumang karaniwang miyembro ang magkaroon ng *dalawang amo.* Sa Samahang Nayon, may ganyang garantiya pagka't depinido kung hanggang saan maaaring umakto lamang ang bawa't pinunong sa mga miyembro rin nanggagaling, at mga miyembro rin ang bumunot at naghalal sa tungkulin.

Sapagka't mayroong limitasyon ang kani-kanilang tungkulin, hindi nagkakasalapangan ang kanilang mga gawain, at lalong hindi nagkakaulit-ulit lamang. Ang isa't isa ay may mga gawaing independyente sa kakanyahan ng uri ng gawain, nguni't may kaugnayan sa lahat ng gawain ng iba pang mga pinuno at mga miyembro na may iisang layuning nais na matamo at makamit.

Kung paano iyang naisasagawa ng isa't isa, iyan ay estratehiya sa mahusay na plano ng Samahang Nayon.

T — *Ano ang ibig sabihin ng lawak ng responsibilidad?*

S — Ang kahalagahan ng responsibilidad ay hindi dapat na ipagwalang-bahala, at kung hanggang saan ito dapat makasakop o kung alin ang dapat na masakop nito. Itinuturing na ikalawang hakbang ito na dapat na ipaliwanag sa mga pinuno at miyembro ng samahan. Ang isang miyembro ay dapat na malaman ang inaasahan ng samahan na gagawin nito para sa lahat at hindi para sa kanyang sarili lamang. Dapat ding maipatalos sa isang miyembro o pinuno ang kanyang kakayahan

sa isang tanging gawain. Gayon din ang kahalagahan ng kanyang ginagawa na tungo sa isang layunin ng ginagawa ng kanyang mga kasamahan. Iyan ay dapat magarantiyahan.

T — *Anong garantiya ang ibig sabihin sa pagsasagawa ng isang bagay?*

S — Ang garantiya ay yaong pagtiyak na ang ginagawa ng isang miyembro o pinuno ay hindi nagiging hadlang o pabigat sa ginagawa ng ibang miyembro. Ang magandang halimbawa nito ay ang paghahambing sa mga taong lulan ng isang bangka. Sa pagsagwan ng lahat ng sakay ng bangka, dapat na magkakaugnay at may isang patunguhan lamang. Hindi dapat na magkakakontra ang pagsagwan. Ganyan din sa mga gawaing isinasagawa ng samahan. Ang mga miyembro at opisyal ay dapat na magkaroon ng gawaing magkakaugnay at may isang layunin. Ang anumang pagsasalungatang pangyayari, ay nakasisira at nakapagwawasak sa pundasyon ng samahan.

T — *Paanong maiiwasan ang* dalawang amo *sa isang samahan?*

S — Madali iyang maiiwasan kung maipaliliwanag at maunawaang mabuti ng mga pinuno ang lawak ng kanyang mga responsibilidad at mga dapat na gampanang tungkulin. Mawawala ang pagkakaroon ng dalawang amo sa isang samahan, kapag ang balangkas ng organisasyon ay iginagalang ng lahat. Ang ibig pang sabihin, ang isang miyembrong gumagawa ng kayang tungkuling dapat na gampanan ay nararapat lamang na magreport at makipagkita sa kanyang opisyal na may kinalaman sa nasabing gawain. Hindi siya dapat lumundag sa ibang matataas na opisyal na parang nag-

mamagaling at ipinagyayabang ang kanyang nagawa. Ang kanyang opisyal ang may karapatan at tungkuling magreport ng anumang pangyayari sa pinangangasiwaang gawain sa nakatataas pang pinuno. Gayon din, dapat na mabatid ang pangangailangan ng isang gawain upang ito ay matapos sa takdang oras ng ilang tao, at kung ilang tao ang maaaring mapangasiwaan ng isang opisyal. Sa huli, dapat na maging simple lamang ang balangkas ng pagpapatupad at ito ay dapat na laging iginagalang at sinusunod.

T — *Ano naman ang ibig sabihin ng ugnayan ng tao sa kanyang gawain?*

S — Mahalaga ito, pagka't ang tagumpay ng anumang gawaing isinasagawa ay nakasalalay sa mga kamay ng taong gumagawa nito. Ang isang taong magsasagawa ng isang gawain ay dapat na may nalalaman sa uri ng gawaing yaon. At kung wala mang nalalaman, dapat matalos kung ang nasabing tao ay maaaring matuto sakaling ito ay turuan. Kung ang nasabing tao ay hindi maaaring matutuhan ang ibibigay na gawain, humanap ng iba.

T — *Ano ang tinatawag na estratehiya sa pagsasagawa sa isang gawain?*

S — Sa anumang bagay ang estratehiya ay mahalaga. Halimbawa: Kung ang layunin mo ay maipamili ang mga kasapi sa Samahang Nayon ng mga kagamitang pambukid sa mababang halaga, dapat na magkaroon ka ng pamamaraang makapagbibigay ng benepisyo sa mga miyembro. Sakali namang ang layunin ay maipagbili sa mabuting presyo ang mga labis na ani ng mga mag-

sasaka, upang magkaroon sila ng malaking pakinabang, dapat ding magkaroon ng pamamaraan ang magsasagawa nito. Kung paano iyang isinasagawa, ay ang tinatawag ng estratehiya sa pamamaraan.

T — *Ano ang relasyon ng pera o salapi sa plano?*

S — Kung sabihin, ang salapi ay siyang dugo at buhay ng plano. Kaya dapat na matalos kung gaano karaming pera o salapi ang kailangan ng isang plano upang ito ay magtagumpay na maipatupad. Pagkatapos, dapat ding matalos kung saan maaaring manggaling ang gugugulíng salapi. Ang badyet sa isang plano kaya lamang nagkakaroon ng halaga, ay kung mayroon ngang salaping maaaring badyetin. Kung mayroon, ito ba ay nasa kabang-yaman na ng samahan? Kung wala pa, kailan ito maaaring makuha upang magamit sa takdang oras? Kapag ito ay nasagot nang maayos, ang plano ay magkakaroon ng kabuluhan at kapakinabangan.

T — *Kailan nagkakaroon ng magandang kapakinabangan ang materyales na nakasulat sa isang plano?*

S — Ang Samahang Nayon kaya itinatag ay upang makapaglingkod sa kanyang mga miyembro. Nguni't ang nasabing paglilingkod ay nawawalan ng kahalagahan, kapag ang materyales na nakukuha nito para sa pangangailangan ng mga miyembro ay wala sa takdang oras nang paggamit. Halimbawa, kahit na makabili ng murang abono o pataba ang Tagapangasiwa, kung hindi na ito kailangan ng mga magsasaka, ay wala na ring kabuluhan. Ang mga gamot na pamuksa ng kulisap at insekto na nabili sa mababang halaga, subali't hindi na kailangan ng gagamit dahil sa ang palay nito ay napuksa na ng mga insekto at kulisap, ay wala na

ring silbi. Sa maikling pangungusap, anumang materyales na nakamit nang huli na sa panahon, ay hindi rin napapakinabangan.

T — *Sa Samahang Nayon, ano ang ibig sabihin ng maayos at mabuting plano?*

S — Ang maayos at mabuting plano ng isang partikular na Samahang Nayon para matamo ang kanyang layunin, ay kung matapos na makonsidera at maisaalang-alang ang mga karapatdapat na mga taong maaaring umugit sa samahan, ay napag-aralan ding mabuti ang ukol sa kalagayan ng mga pinagkakakitaan ng mamamayan; kung ano ang mga gawaing pinagkakasalapian sa nasabing kumunidad; kung magkano ang maaaring makaya ng bawa't pamilya o ulo ng pamilya na maibibigay sa Samahang Nayon; kung ang gayong halaga ay maaaring makabuhay sa kanilang samahan; kung ano ang namamayaning kaugalian sa nasabing nayon; kung anong mga kagamitang lokal na maaaring magamit sa maaaring maitatag na gawaing pantahanan; at marami pang ibang may kinalaman sa pagpapasagana ng buhay.

13

Mahusay na Lider

Ang mahusay na lider ay madaling makikilala, pagka't ito ay magaling humikayat ng kanyang mga kasama para sa gayon at ganitong gawain. Gayon din, natatamo niya ang magandang suporta at pagsunod ng mga kasamahan, dahil sa ang mabuting lider ay maayos mag-utos at magpatupad ng mga pamamaraang hinihingi para sa magandang resulta ng plano.

Sapagka't ang samahan na tulad ng Samahang Nayon ay may iba't ibang sangay, ang mahusay na lider ay maayos at hindi nahihirapan sa pagpapalaganap ng koordinasyon sa loob ng samahan. Dahil diyan, ito ay madali ring nakahihikayat sa mga miyembro upang ang bawa't isa ay maging bahagi ng samahan.

Hindi sakim ang mahusay at mabuting lider. At lalong hindi siya ang gumagawa ng gawain ng iba. Kasi nga, ibinibigay niya at ipinatatamasa sa bawa't kasapi ang pantay-pantay na pagtingin, lalo na sa lahat ng pagkakataon at panahon, upang ang isang miyembro ay makapagpaunlad ng sariling kaalaman na may kaugnayan sa kanilang organisasyon.

Marunong siyang magpahalaga sa karangalan at pagkatao ng kasapi. Nabibigyan niya ng kaukulang halaga ang anumang uri ng gawaing nagagawa ng isang kasama. Ang katuturan niyon at kahulugan ay naipakikilala na may kalangkap pang pagpapakita ng kasiyahan sa nasabing gawain.

Maging iyon ay naisagawa ng iisang tao o ng grupo, ang mahusay na lider ay hindi nagpapakita ng namumukod na papuri na pang-iisa lamang, kundi pantay-pantay at panlahat.

Ang mahusay at mabuting lider ay hindi umaangkin ng tagumpay na may kaugnayan sa samahang kanyang kinakatawan. Manapa'y, buong pakumbaba niya itong ipinaaangkin sa samahan.

Ang mahusay na lider ay marunong magtiwala ng gawain sa isang kasapi o grupo ng mga kasapi. Iyan, ay tatak na maaaring masaksihan sa Samahang Nayon, pagka't sa samahang ito lamang nasasaksihan ang patuloy na pagaaral ng mga pinuno at mga miyembro, lalo na ang ukol sa kanilang organisasyon.

Hindi nagbabantay ang mabuting lider sa mga miyembrong inuutusan. May kumpiyansa at tiwala ito sa inuutusan. Ang lider na mahusay ay parang kapatid lamang na matanda ng inuutusan, at hindi tulad ng isang *Amo* na kinatatakutan.

Sapagka't magaling at mahusay na lider, napananatili niya ang mabuting talastasan sa loob ng organisasyon. Ang mabuting talastasan, kapag nakapaghahari sa isang organisasyon, ay tanda na may malusog na samahan ang mga miyembro at mga pinuno.

T — *Ano ang ibig sabihin ng superbisyon?*

S — Sa maikling pangungusap, ang superbisyon ay ibang kataga na tumutukoy sa magaling na lider. Sapagka't ang magaling na lider ay mahusay na superbisor at tagasubaybay. Ang magaling na lider ay mahusay na gumiya at umakay ng mga tagasunod. Ang magaling na lider ay nakapagpapanatili ng masayang pagsasamasama ng mga tao sa isang organisasyon para sa ha-

ngad na tagumpay na panlahat at hindi pansarili o kaya ay panggrupo lamang.

T — *Paano nakikilala ang mabuting lider?*

S — Ang mabuting lider ay mahusay humikayat sa kanyang mga tauhan. Ang mabuting lider ay maayos kung magbigay ng utos na angkop sa ninanais na resultang naaayon sa plano. Ang mabuting lider ay madaling makapagpalaganap ng kinakailangang koordinasyon ng iba't ibang departamento ng pangasiwaan. Ang mabuting lider ay nanghihikayat ng mga miyembro upang maging bahagi ng anumang plano. Ang magaling na lider ay hindi siyang gumagawa ng gawain ng iba, na parang nagpapahiwatig na kaya niyang gawin ang lahat ng gawain sa isang organisasyon.

T — *Paano naisasagawa ng mabuting lider ang pang-aakit sa mga miyembro para maisagawa nang maayos ang gayon at ganitong gawain?*

S — Ang Samahang Nayon ay siyang pinakamahusay na organisasyong naitatag na para maisagawa ng gobyerno ang puspusang pagpapaunlad ng mamamayan. Ito ang samahang nagbibigay ng pagkakataon sa mga tao na matutuhan ang mga karunungan sa pangangasiwa at kung paano nila makakamit ang mga kailangan sa pagpapaunlad sa sarili. Ang pang-aakit na iyan ay naisasagawa sa pamamagitan ng: 1) Pagpapahalaga at pagsasangkot sa karangalan; 2) Paggalang sa kalagayang panlipunan; 3) Pagpapahalaga sa sekyuridad ng isang tao o mamamayan; 4) Pagbibigay ng oportunidad o pagkakataon; 5) Pagsasagawa ng makahulugan at may katuturang mga gawain; 6) Pagpapaliwanag na ang lakas ay nasa pagkakaisa at pagsasamasama; 7) Pagkalinga sa bawa't isa nang walang kini-

kilingan; 8) Pagbibigay ng pagkakataong makalahok ang lahat sa mga gawain; 9) Pagsasagawa ng karapat-dapat na superbisyon; 10) Pagbibigay ng kasiya-siyang tulong sa mga nangangailangan; 11) Pagpapakita ng kasiyahan sa mga aktibidad ng mga grupo at aksyon sa mga gawaing itinataguyod; 12) Pantay-pantay na pagtingin sa mga miyembro; at 13) Pagpapakita ng kasiyahan sa pagbibigay ng garantiya, sa pamamagitan ng Pondong Panggarantiya ng Nayon, sa mga magsasakang nagnanais na makapagmay-ari ng mga bukid na sinasaka at binubungkal. Iyan ay ilan lamang sa maraming bagay at kaalamang dapat na makita at masaksihan sa isang lider. Gayon man, kahit na anong galing ng lider, kapag ang mga miyembro ay ayaw tumanggap ng mga pagbabago, ang kabiguan ay siyang pangwakas na resulta ng isang samahang may ganyang uri ng mga miyembro. Kaya, nararapat na magkaroon ng maayos na koordinasyon ang lider at ang pinaglilideran.

T — *Paano naisasagawa ang maayos at magalang na pag-uutos upang makamit ang nais na resultang patungo sa layuning pinapangarap?*

S — Ang mabuting lider ay maayos at magalang magbigay ng utos at instruksyon. Ang mga utos ay maliwanag at madaling unawain. Paglipas ng ilang araw, ang mabuting lider ay gumagawa ng *follow-up* upang tiyaking ang utos ay naunawaan at maayos na naisasakatuparan. Ang utos ay kailangang maging maikli at tiyak. Gayon din, dapat na magkaroon ng *Standard Operating Procedure* (SOP) ang kanyang tanggapan. Ang ibig sabihin, ay sinumang makatanggap ng gayon at ganitong utos, kahit na walang kabuntot na pali-

wanag ay may patakarang gayon at ganito rin ang dapat na gawin. Gayon din, nararapat na magbigay ng paliwanag ang lider kung bakit si gayon ang kailangang magsagawa ng gayong gawain, at ang kanyang kahalagahan sa pagsasagawa sa nasabing gawain. Ang laging pagkunsulta sa kanyang mga kasangguni ay gawaing dapat na pagkaugalian ng isang lider, lalo pa kung maselan ang nais na ipatupad na gawain ng partikular na tao. Ang *pagkunsulta* ay malaki ang pagkakaiba sa *pagsasabi lamang* sa mga kasangguni, ukol sa isang proyekto o paglunas sa mga problema o mga suliranin.

T — *Paano naisasagawa ng mabuting lider ang pagpapalagayap sa Samahan ng pagtutulungan ng lahat ng departamento ng kanyang pangasiwaan?*

S — Una, ipinakikita niya ang kasiya-siyang mga programa at patakaran sa kanyang mga miyembro. Ikalawa, anumang itatag na komite o grupo ay para sa kagalingan ng samahan at hindi para sa kabutihan ng iilang miyembro o ng kanyang sarili. Ikatlo, dapat siyang makagawa ng disenyo para sa madali at maayos na talastasan—talastasang nagbubuhat sa itaas pababa sa mga miyembro, at talastasang nagbubuhat sa ibaba patungo sa mga pinuno. Ikaapat, kusang pagtulong sa pagpapaunawa sa mga miyembro kung anong talaga ang layuning dapat na matamo ng Samahang Nayon; pagbibigay ng sigla at pagpapanatili ng pagmamahalan sa mga miyembro; pagpapaunlad sa diwa at kaisipan ng mga miyembro, at marami pang ibang kaugnay nito. Ikalima, pagtingin sa mga gawain ng mga Komite, upang matiyak na ang mga gawain ay hindi naliligaw sa talagang nakatakdang landas na patungo sa

dapat nilang maisagawa pagkatapos ng gayong takdang panahon.

T — *Ano ang ginagawa ng mabuting lider, upang maipadama niya sa mga miyembro na ang mga iyon ay bahagi ng pagtatagumpay ng isang gawain?*

S — Ang mabuting lider ay hinihikayat ang kanyang mga miyembro na lumahok mula sa pagpaplano, hanggang sa pagsasagawa ng isang proyekto. Ang ganitong gawain at ugali ng lider ay nagpapakilala na ang miyembro ay nagiging bahagi ng proyektong nais niyang ipatupad. At sa panahon ng pagpapatupad, ang miyembrong magsasagawa nito ay nagkakaroon ng pagsisikap at pagmamalasakit sa nasabing gawain. pagka't alam niyang siya ay isa sa umisip at bumalak nito. Dahil pa rin diyan, ang miyembro ay nagiging responsableng kasapi at nagkakaroon ng tiwala sa kanilang mga pinuno.

T — *Ano ang ibig sabihin ng pagtitiwala ng gawain sa kasama?*

S — Ang 'mabuting lider' ay marunong magtiwala ng gawain sa kanyang mga kasamahan. Ang pagtitiwala ng lider sa kanyang kasama, upang maisakatuparan ang isang gawain o tungkulin nito sa samahan ay nangangahulugang kaya at nalalaman nitong balikatin ang nasabing gawain. Ang pagtitiwala ay hindi nangangahulugang dapat bantayan ang gumagawa sa lahat ng oras nang pagtatrabaho.

T — *Ano ang ibig sabihin ng Tagapangasiwang hindi makaalis at hindi maiwanan ang tanggapan sa oras ng pagpapatrabaho?*

S — Ang ganyang uri ng Tagapangasiwa ay walang kakaya-

han sa kanyang tungkulin. Wala itong nalalaman ukol sa pangangasiwa at wastong pagpapalakad sa tanggapan. Ang samahang may ganyang uri ng Tagapangasiwa, malamang kaysa hindi ay mabigo kahit na hindi pa sinisimulan ang paggawa sa isang gawain. Ang 'mabuting lider' ay hindi nagtatanod habang may ipinagagawa. Hindi nito iniisip na kapag siya ay wala, hindi tatakbo nang mahusay ang kanyang tanggapang pinangangasiwaan.

T — *Saan nakasalig ang mabuting talastasan?*

S — Ang mabuting talastasan ay bunga ng pagtitiwala sa kapuwa. Ang sinumang hindi nagiging matapat sa mga kasama, ay hindi rin nakapag-iistabilisa ng mabuting talastasan. At dahil sa ganyang kalagayan, ang kinahihinatnan ng pagsasamahan ay pagkawasak dahil sa pagkakaroon sa mga ito ng puwang—di pagkakaunawaan. Dahil pa rin sa kawalan ng talastasan, karaniwang sumusulpot at bumibigat ang pansariling suliranin.

T — *Saan naman nagsisimula ang kawalan ng tiwala?*

S — Ang kawalan ng tiwala ay bunga rin ng pagsasamahang walang talastasang panloob. Ibig na sabihin, ang mga miyembro ay hindi nagkakaunawaan. Sapagka't ang di-pagkakaunawaan ay bunga rin ng kawalan ng pagtatalastasan, ang isa't isa ay sinusulputan ng problema. Sa pagkakaroon ng problema ng lahat ng miyembro, ang samahan ay nawawasak.

T — *Paano mapananatili ang maayos at mabuting talastasan sa isang samahan, lalo pa nga sa Samahang Nayon?*

S — Una, dapat na maghari sa lahat ng miyembro—opisyal at hindi man—ang pagtitiwala sa isa't isa. Ang Taga-

pangasiwa ay dapat na laging napapaghahari sa kapaligiran ang hikayat ng talastasan, upang makapagsalita ang mga miyembrong may nais na sabihin sa kapuwa miyembro, ng talagang tunay na ibig na ipatalastas ng kanilang puso at damdamin, at hindi yaong mga katagang nais lamang marinig ng mga pinagsasabihan, nang ang mga yaon ay madulutan lamang niya ng kasiyahan. Dapat na ibukas ng Samahang Nayon ang kanyang pintuan sa talastasang panloob at panlabas. Ang samahang may pinid na pinto ng talastasan sa kumunidad ay walang saligan upang makapanatiling buhay. Ang talastasan ay may dalawang bagay na mahalaga. Ang mga ito ay ang nagsasalita at ang nakikinig. Kapag ang isa sa dalawang ito ay nawala, patid at nawawala ang daloy ng talastasan.

T — *Ano ang kontrol?*

S — Ang kontrol ay ang paghahambing ng mga nagawa sa mga layunin. Ang Samahang Nayon ay may mga layunin. Dahil sa mga layuning ito, ang mga miyembro ay kumikilos at gumagawa para matamo ang nasabing mga layunin. Sa pagsasakatuparan ng mga gawain, sumusulpot ang kontrol. Mahalaga ang kontrol, upang mabatid ng samahan, kung ang pagtupad sa gawain ay naaayon sa plano. Kung hindi, ang nangangasiwa ay gumagawa ng ibang hakbang upang makamit ang layunin.

T — *Paanong naisasagawa ng mabuting lider ang kontrol sa pangangasiwa?*

S — Ang matalinong lider ay naisasagawa ang kontrol sa kanyang pangangasiwa sa pamamagitan ng: 1) Pagbibigay ng kani-kaniyang responsibilidad sa tungkuling nakaatang sa kanilang balikat; 2) Pagtitsek sa mga ga-

wain sa pamamagitan ng personal na pagbisita sa mga proyekto, paggawa ng mga porma para sa mga report, at pagbibigay ng higit na atensyon sa mga miyembrong dilingkuwente at paghanap sa mga dahilan kung bakit sila nagkakagayon; at 3) Paggawa ng remedyo sa pamamagitan ng pagbabalik-aral sa mga utos, pagsasanay at pamimili ng tao, paghikayat at pagbibigay ng motibasyon, upang magkaroon ng katuparan ang plano, pagbabago sa plano kung ito ay nagkakaroon ng dipirensya sa pagpapatupad.

T — *Karaniwang nababanggit lamang ang katagang problema o suliranin. Ano ba ito?*

S — Ang problema o suliranin ay ang *kalihisan* sa pagitan ng kung ano ang dapat na mangyari at kung ano ang tunay na nangyayari. Sa ibang pangungusap, kung mayroon kang mga layunin, alam mo kung saan ka patutungo. At kung mayroon kang plano, lalong alam mo kung paano mo ito mararating. Ang suliranin o problema ay ang pangyayari sa pagitan ng nais mong mangyari at ng tunay na mga pangyayari.

T — *Hindi magkakamukha ang problema, nguni't ano ang sinasabing paraan sa pagbibigay ng lunas dito?*

S — Ang pagbibigay ng lunas sa problema ay halos pang-araw-araw na gawain ng isang tao. Kung sabihin, ang problema ay nakapagpapatalino dahil sa patuloy na pag-aaral ng isip. Ang isip ayon sa kanila, ay kailangang hindi napapahinga—dapat masanay ito sa pagtatrabaho upang makapagkaroon ng pag-unlad. Ang maunlad na isipan ay madaling makatagpo ng mahusay na paraan sa pagbibigay ng lunas sa naka-

katagpong problema, maging ito ay pansarili, pampamilya, at pangkumunidad. Ang pagbibigay ng lunas sa suliranin ay may isang takdang paraan na maaaring gawing parisan. Gayon man, sapagka't ang tao ay may iba't ibang talino sa pagkilala sa isang suliranin, nagkakaroon din ng mga pagkakaiba-iba ang pagbibigay ng lunas sa isang problema. At ang paraang ginagawa nila ay laging kung ano lamang ang idinidikta ng kanilang karaniwang simbuyo ng isip. Sa maikling pangungusap, wala silang ginagamit na sistema sa pagbibigay ng lunas sa mga dumarating na suliranin.

14

Grupong Talakayan

Tinatawag na pinakapuso ng demokrasya ang kalayaang natatamasa ng mga miyembro sa Grupong Talakayan. Ang dahilan, sapagka't sa talakayang ito buong layang naipapahayag ng isang miyembro ang tunay na damdaming pampuso at pangkaluluwa, na may kinalaman sa kanyang pakahulugan sa isang paksang tinatalakay o pinag-uusapan ng grupo.

Higit pang mainam at magaling kaysa talakayan sa isang pulong o miting, ang Grupong Talakayan ay mayroon ding tagapangulo na responsable sa pag-aayos ng dibatihan at pagpapahayag ng kani-kaniyang opinyon at karanasang may kaugnayan sa paksa. Subali't hindi tagapangulo o *chairman* ang tawag, kundi guro. Laging pangwakas ang pagpapahayag ng opinyon at paglalagom sa lahat ng mga opinyong naipahayag ng mga miyembro, ang kanyang mga pansariling obserbasyon ay hindi para pagtibayin na lamang, manapa'y para ihambing sa ibang opinyon.

Mainam nang higit kaysa miting ng isang malaking grupo ng mga miyembro, ang Grupong Talakayan, ay tuwirang nakalilinang ng paksang pinag-uusapan o pinagtatalakayan. Una, sapagka't kakaunti ang miyembrong nakalahok; ikalawa, ang pagtatanungan ay umuubos lamang ng maikling oras; at ikatlo, naiiwasan ang monopolasasyon sa isang paksa ng isang nagsasalita.

Dahil diyan, sa Grupong Talakayan, madaling naisasa-

gawa ng isang miyembro ang kanyang pakikipagkapuwa sa mga kasalamuha, bukod sa madaling pagtanda sa mga pangalan, ugali, at ng ilang kakanyahan, ng mga iyon.

Ang Grupong Talakayan na mabisang panghanap ng lunas sa isang suliranin o problema, ay madaling makapagpatalino sa sinumang nag-aaral at nais na matuto. Ang mga eksperto ay nagkakaisa na sa uri ng Grupong Talakayan, madaling makalinang sa isip ng naghahasa ng talino.

Ang ganyang uri ng talakayan na karaniwan lamang na nasasaksihan sa mga kolehiyo at unibersidad, ay simpleng mga pangyayari na lamang sa mga nayon ngayon, pagka't ang mga tauhan ng DLGCD ay matiyagang mga *guro sa ilang* na nagkalat na ngayon sa lahat ng lalawigan at bayan, bilang mga misyonaryo ng gobyerno.

T — *Bakit laging* grupong talakayan *ang isinasagawa ng mga miyembro ng Samahang Nayon, lalo na kung may sumusulpot na suliranin sa samahan, gayong sa karaniwang miting, maaari ring pag-usapan ang nasabing problema?*

S — Ang Grupong Talakayan ay karaniwan na lamang ngayong ginagawa ng mga miyembro ng Samahang Nayon, pagka't nadiskubre ng mga eksperto sa pagtatatag ng mga organisasyon, na higit itong mabisang paraan upang masuring mabuti ang isang paksa o problemang nais nilang lunasan. Ang Grupong Talakayan ay simbulo ng pagtutulungan at pagdadamayan. Ang samahang may mga miyembrong nagtutulungan at nagdadamayan ay tanda ng matibay na pagkakaisa. Ito ang tinatawag na *Cooperative Thinking.*

T — *Ano ang kaibahan ng Grupong Talakayan sa karaniwang miting na may talakayan din?*

S — Malaki. Una, ang Grupong Talakayan ay nagpapahiwatig ng sama-samang paghahambing sa mga karanasan ng iba, upang matiyak ang kabutihang maidudulot ng isang bagay sa lahat ng miyembro at hindi sa iilan lamang. Sa Grupong Talakayan, ang anumang disisyon ay may matibay na saligan at batayan. Samantala ang karaniwang talakayan sa miting ng mga miyembro, kung mayroon mang resultang mainam, at pagpapasiyang nagagawa, hindi ibig sabihin niyon ay nakapagpahayag ng opinyon ang bawa't isa ukol sa mga pinag-usapan. Hindi tulad sa *grupong talakayan* na ang lahat ng miyembro ay nauubligang mag-isip at magtanong at maghambing sa iba't ibang eksperyensiya.

T — *Bakit nauubligang makinig at magsalita ang isang nasa grupong talakayan?*

S — Una, sapagka't ang grupo ay kakaunti ang miyembro. Ikalawa, ang pagtatanungan ay madaling nakaiikit sa lahat. Ikatlo, naiiwasan dito ang pagmonupula as anumang paksa.

T — *Kung mahusay ang grupong talakayan, may sinusunod ba itong tuntuning sinusunod ng bawa't miyembro?*

S — Mayroon, at ang pinakamahalaga ay ang pakikinig na mabuti sa nagsasalita o nagpapaliwanag. Ang pakikinig ay dapat na maging kaugnay ng puso, kaluluwa at buong kakanyahang pisikal. At kung siyang nagsasalita, ipaliwanag ng buong katotohanan ang nasasaisip. Huwag itago o ilihim kaya ang nadadama sa puso at kaluluwa. Kailan man, huwag sasabihin nang pabulong sa katabi ang anumang bagay na nais sabihin o ipaliwanag na sa akala ay may kinalaman sa pinagtatalakayan. Huwag papatirin ang komunikasyon

sa paraang hindi pag-imik at hindi pagsasalita o pagpapahayag ng tunay na nasa loob.

T—*Bakit higit na mahusay ang* grupong talakayan *kaysa karaniwang miting?*

S—Sapagka't dito napaiiral ang mataas na antas na uri ng demokrasya. Dito, ang lahat ng miyembro ay madaling matuto sa anumang kaalaman ng bawa't isa. Sa *grupong talakayan,* madaling makapagpaunlad ng kaalaman ang sinuman, at madaling mapatibay ang pakikipagkapuwa sa mga miyembro ng samahan. Dito rin naiiwasan ng lider ng grupo ang parang naglelektyur na pagpapaliwanag sa isang paksa o suliraning nais na malunasan.

T—*Sa pagbibigay lang ba ng lunas sa isang problema ginagawa ang grupong talakayan, at iba pang paksang may kaugnayan dito?*

S—Hindi. Sang-ayon sa mga eksperto ng pagpapaunlad ng mga kumunidad, ang grupong talakayan ay mabisa ring gamitin sa pag-aaral o paglinang ng iba't ibang paksang may kinalaman sa pagpapatalino. Pinatutunayan na higit at madaling matuto ang mga mag-aaral na nakarelaks ang mga katawan at nasa impormal na klase.

T—*Mayroon din bang guro ang mga mag-aaral sa paraang grupong talakayan?*

S—Mayroon, nguni't ang guro ay nagiging bahagi ng grupo, upang ang mga mag-aaral ay hindi nananatiling umaasa lamang sa grupo. Sa ibang pangungusap, ang mga nag-aaral ay dapat na matutong mag-isip sa kanilang sarili, at hindi ang guro ang dapat na umisip ng anuman para sa kanila.

T — *Kung ang guro ng mga miyembro ng Samahang Nayon ay nagiging bahagi ng grupong talakayan sa pag-aaral, ang katayuan ba nito ay tulad ng miyembro na maaaring kritikahin at punahin ng karaniwang miyembro?*

S — Oo. Ang kaibhan nga lamang ng mga miyembro, ay ang guro ang siyang nagdidirihe at naghahanda sa grupo, upang mapapaghari ang tunay na kalayaan ng bawa't isa. Ang guro din ang dapat na makapagpadama sa grupo ng matapat na pagpapahayag, maging ito ay positibo o salungat na pagpapasiya. Ang opinyon ng guro ay maaari lamang ihayag sa huli ng talakayan, nguni't ito ay nananatiling opinyon lamang at hindi mga pangungusap na dapat sundin at sang-ayunan ng mga nag-aaral. Sapagka't guro, ito ang nagpapahayag ng paksa, nguni't ang mga miyembro sa grupo ay malaya ring nakapagpapahayag ng kani-kanilang opinyon ukol sa nasabing paksa. At sapagka't ang pinapaghahari ay lubos na kalayaan ng bawa't isa, ang lahat ng pagpapahayag ng opinyon ay pinakikinggan lamang at hindi hinahatulan.

T — *Paanong nakarating ang ganitong uri ng pag-aaral sa mga Samahang Nayon?*

S — Madali iyang naisagawa ng mga panlarangang kawani ng *Department of Local Government and Community Development* at iba pang sangay at ahensiya ng pamahalaan na nagtataguyod ng mga gawaing ukol sa pagpapaunlad ng kumunidad. Ang mga kawaning ito ay may mga tanggapang lokal sa mga lalawigan, sa mga bayan, at sa mga nayon, bukod pa ang mga rehiyong tuwirang nagsusuperbisa at nagpapatupad sa programa ng pamahalaan ukol sa mga Samahang Nayon.

T — *Maraming paksa at kung anu-anong bagay ang itinu-*

turo sa mga miyembro ng Samahang Nayon na waring hindi kaugnay ng pagsasaka, bakit pa?

S— Sa biglang dinig, tila nga walang kaugnayan ang ibang paksa sa hanapbuhay ng isang magsasakang kasapi sa Samahang Nayon. Subali't kung susuriin, ang kahalagahan nito ay tila ugat na daluyan ng dugo, sa katawan ng tao, na kapag napatid, ay mamamatay ang katawan. Halimbawa, bakit kailangang ituro at sanayin ang mga miyembro ng Samahang Nayon ng ukol sa liderato gayong mayroon na silang mga tagaakay na kawani ng pamahalaan? Ang wasto at tamang paraan sa pamumuno ay mahalagang sangkap ng pagpapaunlad, hindi lamang ng kumunidad, kundi pati ng sarili, sapagka't dito nakasandal ang pundasyon ng nasabing pagpapaunlad. Ang lider na walang kamuwangan sa pamumuno ay malaking sagwil ng pagpapaunlad. Tila ito 'kalawit' ni kamatayang unti-unting kumikitil sa buhay ng pagpapasagana ng mamamayan.

15

Ang Pag-iimpok

Kapag walang pondo ang isang samahan, ang mga miyembro nito ay walang mahihintay na tulong na materyal sa kanyang kinasasapiang organisasyon. Nguni't, ang samahang may mga miyembrong nag-iimpok sa ilalim ng isang tuntunin at patakaran, ay maaaring umasa sa mga benepisyong materyal buhat sa kinasasapiang organisasyon.

Katulad ng huli, ang Samahang Nayon. Tinuturuang mag-impok at magtipid ang mga miyembro, kaya ang mga kasapi nito ay *busog* sa benepisyong ngayon lamang nangyari sa kasaysayan ng organisasyon sa Pilipinas.

Ang magandang halimbawa niyan ay, kapag ang isang kasaping patuloy na nag-iimpok sa bangko, sa pamamagitan ng kanyang Samahang Nayon, ay biglang binawian ng buhay nang wala sa panahon, ang utang niyang naiwan sa binabayarang lupa na hulugan, ay Samahang Nayon ang magbabayad, tulad ng garantiya nito na ginawa sa dating may-ari ng lupa, o ng propetaryo.

Sakali namang may utang o pananagutan sa iba pang bangko ang namatay na magsasaka, tulad ng una, walang dapat na alalahanin ang naiwang pamilya sa pagbabayad sa nasabing utang na salaping ginamit sa pagpapaunlad ng saka at mga pananim noong ito ay nabubuhay pa.

Hindi lamang iyan, sa mga hinaharap na panahong ang Samahang Nayon ay makaisip ng iba pang proyektong may kinalaman sa mga pagpapasagana at pagpapaunlad ng pa-

nanim ng mga miyembro, kung mamatay ang sinuman, ay makaiiwan ng pamilyang walang pananagutan sa mga utang nitong may garantiya ng Samahang Nayon.

Ang simula ay magaang pananagutan lamang, pero habang ang Samahang Nayon ay nagkakaedad, lumalaki at bumibigat ang pananagutan nito sa kanyang mga miyembro. Hindi iyan maiiwasan kailanman ng mga Samahang Nayon, pagka't ang pagpapaunlad sa kabuhayan at kumunidad ay hindi kailanman titigil o hihinto. Sa ibang pangungusap, ang pagpapaunlad ay walang katapusang gawain ng mga nilikha.

Sapagka't panlahat at hindi pang-iisa o pang-iilan lamang ang pananagutang iyan ng Samahang Nayon, ang lahat ng miyembro nito ay may obligasyong dapat na tungkuling maisagawa sa programa sa pag-iimpok sa pamamagitan ng kani-kanilang deposito sa bangko ukol sa *Guarantee* at *Savings Funds.*

Ang pinakahuling proyekto ng lahat ng Samahang Nayon o ng pamahalaan ay ang LIBRENG pagseseguro sa buhay ng lahat ng mamamayan sa mga lalawigan at lungsod ng Pilipinas. Mahirap iyang paniwalaan, pero ang katotohanan niyan ay maliwanag pa sa sikat ng araw. May malalaki nang pondo ang mga Samahang Nayon na maiuukol sa nasabing proyekto ng gobyerno sa kapakinabangan ng mga karaniwang mamamayan.

T —*Ano ang tinatawag na Programa sa Pag-iimpok ng Samahang Nayon?*

S — Ang Programa sa Pag-iimpok ng Samahang Nayon ay isa sa mga pangunahing palatuntunang itinataguyod, upang ang lahat ng miyembro ay mahikayat na magimpok, hanggang sa ito ay makaugalian na. Ang

Programa sa Pag-iimpok na ipinatutupad ng Samahang Nayon ay ang *Savings Fund* at ang *Barrio Guarantee Fund.*

T — *Ano ang kahulugan ng* Savings Fund?

S — Ito ang pondo ng baryo na ipinambibili ng *soeyo* (*shares of stocks*) sa isang Rural Bank o kaya ay siyang ginagamit na puhunan sa pagtatatag ng *Rural Bank* o *Credit Cooperative.* Gayon man, nagagamit din ito sa ibang bagay, nguni't sa ilalim ng otorisasyon ng *Bureau of Cooperatives Development.*

T — *Obligado ba ang lahat ng miyembro ng Samahang Nayon na magbigay ng abuloy o kontribusyon para sa* Savings Fund?

S — Oo, sapagka't ito ay programang panlahat at hindi ng pang-iilan lamang.

T — *Gaano kalaking halaga ang dapat na iabuloy ng isang magsasaka sa* Barrio Savings Fund?

S — Ang halagang dapat na iabuloy ng isang magsasaka ay *limang porsyento* (5%) ng halagang inutang nito sa *Agricultural Credit Administration,* sa *Rural Bank,* o kaya ay sa *Philippine National Bank.*

T — *Sino ang dapat na kumuha ng nasabing* limang porsyento (*5%*) *sa mga magsasakang nakauutang sa* ACA, Rural Bank, *at* PNB?

S — Ang inutangang institusyon o bangko ang siyang may karapatang kumaltas ng 5% sa kabuuang halaga ng inutang (otomatiko ang nasabing pagkaltas, at hindi matututulan ng umuutang).

T — *Saan dinadala ng ACA, Rural Bank, o PNB ang nasabing halaga?*

S — Ang halagang katumbas ng 5% ay inilalagak sa ilalim ng *Special Time Deposit* sa bangkong pinagdedepositu-han ng Samahang Nayon sa ilalim ng pangalan ng kinasasapiang Samahang Nayon para sa miyembro nito.

T — *Ang mga hindi nangungutang na magsasaka, at ang hindi magsasaka, paano sila nag-aabuloy o nagbibigay ng kontribyusyon sa* Barrio Savings Fund?

S — Ang mga kasapi sa Samahang Nayon na hindi nangu-ngutang sa ACA, PNB o Rural Bank, ay dapat na magbigay ng halagang ₱5 buwan-buwan.

T — *Kanino ito dapat na ibigay?*

S — Ang may karapatan lamang na tumanggap nito (₱5) ay ang Tesorero ng Samahang Nayon. Ang Tesorero ay siyang nagdedeposito nito sa bangkong deposituhan ng Samahang Nayon sa ilalim ng *Special Time De-posit* sa bangkong pinagdedeposituhan ng Samahang Nayon sa ilalim ng pangalan ng nag-abuloy na miyem-bro.

T — *Sapagka't sa bangko inilalagak ang nasabing halagang para sa* Barrio Savings Fund, *ito ay kumikita sa pama-magitan ng interes?*

S — Siyempre, at patuloy ang paglaki ng nasabing halaga.

T — *Paanong nalalaman ng bawa't miyembro ng Samahang Nayon ang halaga ng kanyang naiimpok para sa* Bar-rio Savings Fund?

S — Ang anumang deposito ng mga miyembro ay itinatala ng Tesorero sa *Member's Financial Record Book* (BCD-SN Form No. 003-6) na nakasinop sa tanggapan nito. At bilang katibayan ng lahat ng kontribyusyong

naibigay na ng miyembro, ay nireresibuhan ng Tesorero (Trust Receipt, BCD-SN Form No. 003-10). Bukod diyan, nagpapaskel ng mga pangalan ng miyembro at kani-kanilang kontribyusyon ang Tesorero sa tuwing matatapos ang taong piskal. Sa nasabing listahan, makikita ang regular at di-regular na pagbibigay ng mga miyembro.

T — *Nailalabas ba ng miyembrong nag-iimpok ang kanyang salaping nakalagak sa bangko na nasa ilalim ng Savings Fund ng Samahang Nayong kinasasapian niya?*

S — Hindi.

T — *Kung hindi niya mailalabas ang salaping naturan, sino ang makagagawa niyon?*

S — Ang Kalihim-Tesorero lamang ang makapaglalabas ng tanging halaga buhat sa *Savings Fund,* pero kung siya ay may tinanggap nang otorisasyon buhat sa *Bureau of Cooperatives Development* na nauukol sa kahilingan ng kanyang Samahang Nayon.

T — *Bakit hindi ang miyembro ang makapaglalabas ng kanyang salaping iniipon sa ilalim ng* Barrio Savings Fund?

S — Ginawa ang ganyang tuntunin upang ang nasabing salaping iniipon ay hindi sa walang katuturang bagay magamit, o kaya ay sa pansariling kapakanan lamang na maaaring malunasan sa pamamagitan ng ibang paraan. At higit sa lahat, upang maging patuloy ang pag-iimpok ng bawa't miyembro.

T — *Kung tunay na ito ay salapi ng miyembro, kailan ito mapapasakanya?*

S — Kapag ang nasabing miyembro ay hindi na kasapi ng

Samahang Nayon, ang buong halaga na kanyang naipon, kasama ang mga kinita nito, ay ibibigay sa kanya. Nguni't kapag mayroon pa itong mga obligasyon na hindi nababayaran sa samahan, babawasin iyon sa nasabing halagang naimpok nito habang kasapi ng Samahang Nayon.

T — *Ano man bang oras ay makapagpapadala ng kahilingan ang Kalihim-Tesorero sa* Bureau of Cooperatives Development, *upang makapaglabas siya ng isang tanging halaga?*

S — Hindi. At kailan man, hindi maaaring gawin iyan ng Kalihim-Tesorero, pagka't tanging ang mga miyembro lamang ng Sanggunian ng mga Direktor (*Board of Directors*) ang nakapagpapasiya kung tunay ngang kailangan ng Samahang Nayon ang maglabas ng salapi, matapos na mataya ng mga ito ang kahalagahan ng paggagamitan. Ang kahilingan ay sa pamamagitan ng resolusyon na ang nilalaman ay kasalukuyang balanse ng *Barrio Savings Fund,* halaga ng ilalabas na salapi, kung saan gagamitin, at katunayang tunay itong kailangan. Ang nasabing resolusyon na nagtataglay din ng kahilingan sa paglalabas ng salapi, ay ibinibigay sa Panlarangang Kawani (BDW) ng DLGCD na nakasasakop sa Samahang Nayon. Ang nasabing BDW ay siya namang magpapadala nito sa *Bureau of Cooperatives Development* (sa pamamagitan ng kanilang mga tanggapan). At hangga't hindi dumarating ang otorisasyon ng BCD sa Kalihim-Tesorero ng Samahang Nayon, ang salapi ay hindi mailalabas sa bangkong kinadedeposituhan nito, sapagka't ang lahat ng bangko ay may hawak na pasabing ang sinumang Samahang Nayon ay hindi maaaring makapaglabas ng salapi buhat

sa *Barrio Savings Fund* ng walang pahintulot ang *Bureau of Cooperatives Development.*

T — *Kung ang paglalabas ng salapi ay sa pamamagitan ng otorisasyon ng* Bureau of Cooperatives Development, *paano naman naisasagawa ng Samahang Nayon ang balak na pamumuhunan sa isang negosyo?*

S — Muli, sa pamamagitan ng resolusyon ng Sanggunian ng mga Direktor, hihingi ng pahintulot ang Samahan, upang makapamuhunan sa gayon at ganitong negosyo. Hangga't hindi sila binibigyan ng pahintulot ng BCD, hindi nila magagamit na puhunan o kapital ang salapi sa *Barrio Savings Fund.*

T — *Ano ang tinatawag na* Barrio Guarantee Fund?

S — Ang pondong ito ay idenideposito ng Samahang Nayon sa bangko at hindi maaaring ilabas ng walang pahintulot ang Direktor ng *Bureau of Cooperatives Development.*

T — *Saan nanggagaling ang pondong ito?*

S — Ang pondo ay nanggagaling sa mga miyembro.

T — *Sa paanong paraan ang pagbibigay, at magkano ang ibinibigay na kontribusyon?*

S — Ang pagbibigay ay maaaring sa pamamagitan ng inaani o salapi. Bawa't magsasakang kasapi ng Samahang Nayon, maging ito ay namumuwisan, nagbabayad ng hulugan sa lupang sinasaka, o kaya ay siyang may-ari ng bukid na binubungkal, ay tungkuling magbigay ng isang kabang palay para sa sukat na isang iktarya, tuwing mag-aani. Kung ayaw ibigay ang palay o anumang produktong kahalaga ng isang kabang palay, ma-

aari siyang mag-abuloy ng salaping may katumbas na halaga ng isang kabang palay.

T — *Saan maaaring gamitin ang* Barrio Guarantee Fund?

S — Ang *Barrio Guarantee Fund* o Pondong Panggarantiya ng Baryo ay maaaring gamitin sa paggarantiya ng pagbabayad sa lupang hulugan ng mga miyembro, pamumuhunan sa Kooperatiba o Kilusang Bayan, pagbili ng mga sosyo o *shares of stock* sa mga *Rural Bank* o pamumuhunan sa isang *Credit Cooperative,* pagbibigay ng tanging halaga sa mangangasiwa sa binawing bukid ng nagpabayang miyembro ng Samahang Nayon, upang may magamit na puhunan sa nasabing paggawa sa bukid, at sa iba pang bagay na may kapahintulutan ang *Bureau of Cooperatives Development.*

T — *Sapagka't nakadeposito sa bangko ang* Barrio Guarantee Fund, *kumikita ito. Kanino napapatala ang nasabing kita?*

S — Hindi lamang sa pamamagitan ng interes sa bangkong kinalalagakan kumikita ang Pondong Panggarantiya ng Baryo, kundi kumikita pa rin ito ng sampung porsyento (10%) ukol sa *management fee* ng sakang binawi sa isang miyembro. Ang lahat ng kitang iyan ay natutungo sa Samahang Nayon na siyang ginagamit na mga gugulin sa operasyon o sa pagbibigay ng mga serbisyo ng samahan sa kanyang mga miyembro, at iba pang mga bagay sa kapakinabangan ng mga miyembro, nguni't sa ilalim ng otorisasyon ng *Bureau of Cooperatives Development.*

T — *Ano ang pamamaraang ginagamit ng Samahang Nayon sa paglalabas ng salapi buhat sa Pondong Panggarantiya ng Baryo?*

S — Katulad din ng pamamaraang ginagawa sa paglalabas ng salapi buhat sa *Barrio Savings Fund* ang gumagawa ng kahilingan ay mga miyembro ng Sanggunian ng mga Direktor sa pamamagitan ng resolusyon. Ipinadadala rin ito sa *Bureau of Cooperatives Development* sa pamamagitan ng mga tauhan ng DLGCD na nakasasakop sa Samahang Nayon. At kapag tinanggap ng Kalihim-Tesorero ang otorisasyon, saka pa lamang maaaring makapaglabas ito ng nasabing halaga para sa gayon at ganitong layunin.

T — *Bakit kailangang maging matatag ang Pondong Panggarantiya ng Baryo?*

S — Una, kailangang maging permanente ang pondong ito, para tuwirang mabenepisyohan ang mga miyembro. Sapagka't ito ang gumagarantiya sa pagbabayad ng amortisasyon ng lupa ng mga miyembro, sakaling mamatay nang wala sa panahon ang nasabing magsasaka, ang magbabayad nito ay Samahang Nayon sa pamamagitan ng Pondong Panggarantiya ng Baryo. Ang iba pang utang ng mga miyembro, ay garantisado rin nito, kaya ang pananagutang nakaatang sa balikat ng Pondong ito ay napakabigat, habang patuloy na tumatanda ang panahon ang kasabay ay malalaking pangangailangan din ng mga miyembro ng Samahang Nayon. Ibig pang sabihin, habang buhay ang Samahang Nayon, buhay din ang Pondong Panggarantiya ng Baryo na patuloy na nagbibigay ng benepisyo sa mga miyembro.

16

Pagbawi sa Pangangasiwa ng Bukid

Mahirap ding paniwalaan, na ang isang magsasakang kasapi sa Samahang Nayon ay maaaring bawian ng saka kapag ito ay nagpabaya sa kanyang mga tungkuling dapat na isagawa sa kanyang bukid na sinasaka.

Magugunita na bago makamit ng isang magsasaka ang Pansamantalang Katibayan ng Pagmamay-ari sa sinasakang lupa, ang Samahang Nayong kanyang kinasasapian ay siyang gumagarantiya sa pagbabayad nang hulugan sa nasabing bukid. Pero kapag ang nasabing magsasaka ay magpapabaya, tiyak na ito ay hindi makababayad ng hulog sa bukid. At para sa kabutihan ng nasabing magsasaka at ng samahan sa kabuuan, mapipilitan ang Samahang Nayon na pansamantalang kunin ang pangangasiwa sa nasabing bukid. At sa tulong ng isang magsasakang may kaalaman sa makabagong paraan sa pagsasaka na pinili ng mga opisyales ng Samahang Nayon, at sa tulong ng iba pang magsasakang may bukid na malapit sa binawing saka ng nasabing magsasaka, ang nasabing bukid ay tatrabahuhin.

Ang pansamantalang pangangasiwa ng Samahang Nayon sa nasabing bukid, ay ibinabalik sa pansamantalang mayari ng bukid (o sa binawiang pansamantala ng pangangasiwa), kapag ang mga pananagutan nitong salapi sa mga bangko at iba pang ahensiyang nagpapahiram ng salapi ng gobyerno ay nabayaran na ng Samahang Nayon sa pamamagitan ng mga inani sa nasabing bukid, at kung ang bina-

wian ay mangangakong hindi na muling susuway sa mga patakaran ng samahang gumagarantiya sa lahat ng kanyang pagkakautang sa mga bangko, at iba pang ahensiyang pinagkakautangan niya, ibabalik sa kanya ang bukid.

Muling magugunita na ang Pondong Panggarantiya ng Samahang Nayon na iniipon ng magsasaka ay maaaring hindi sapat na halagang maaaring maipanakip sa pananagutan ng nasabing magbubukid at sa iba pang utang, kaya, ang nasasangkot dito ay ang kalahatang pondong panggarantiya ng organisasyon. Ibig na sabihin, ang pamuno sa kakulangan ay manggagaling sa lahat ng miyembro. Kaya, ang kawing ng pagkakasangkot ng mga miyembro ay matibay na pagkakaugnay-ugnay ng bawa't kasapi. Ang iba pang kahulugan nito, ang anumang kasamaang magawa ng isang kasapi, ay batik ng dusa at sakripisyo ng lahat ng miyembro ng organisasyon. At anumang kabutihang magawa ng isang miyembro ay repleksyong maganda ng lahat ng kanyang kasamahan. Sa iba pang pakahulugan, kung ano ang pakinabang ng isa, ay gayon din ang pakinabang ng lahat, at kung ano ang suliranin at problema ng isa, ay suliranin at problema rin ng kanyang mga kasamahan.

Ang prinsipyong iyan na pinangangalagaang mabuti ng Samahang Nayon ay hindi para sa organisasyon lamang, kundi para sa kabutihan ng lahat ng kasapi. Gayon man, ang pagbawing pansamantala sa pangangasiwa sa nagpapabayang magsasaka ay may tuntunin at patakarang sinusunod, upang higit na maging maliwanag at magkaroon ng pamantayan ang pagsasagawa niyon, gayon din ang pagbabalik nito.

T — *Bakit binigyan ng kapangyarihan ang Samahang Nayon na makuha sa nagpapabayang kasapi ang pangangasiwa?*

S — Ang pangunahing dahilan ay sapagka't ang Samahang

Nayon ay tumatakbo sa mga prinsipyong ang miyembro ay mayroong magkakaparehong tinatanggap na tulong at magkakapareho din ang mga responsibilidad nito. Sa ibang pangungusap, anuman ang gawing kabutihan o kasamaan ng isang miyembro, ito ay may magkakaparehong epekto sa ibang miyembro. Ang iba pang kahulugan nito ay halimbawang ang mga pananim ng isang miyembro ay magkaroon ng sakit, ang Samahang Nayon ay tutulongan sa kanila. Sakali namang ang isang miyembro ay hindi makapagbayad sa taunang hulog-bayad ng kanyang bukid na sinasaka, ang Samahang Nayon ay siyang magbabayad nito. Ang ganitong gawain ay paglilingkod na walang itinatangi —pare-pareho at para sa lahat.

T — *Kailan maaaring bawian ng pangangasiwa ang may bukid sa sinasakang lupa?*

S — Una, kapag ang magsasaka ay ayaw sumunod sa mga makabagong paraan ng pagsasaka upang higit na mapalaki nito ang ani. Ikalawa, kapag ang isang magsasaka ay hindi nagbayad ng kanyang amortisasyon para sa lupang sinasaka, kahit na umani ito o hindi nasira ang pananim. At ang ikatlo ay kapag ang magsasaka ay ayaw mag-abuloy sa *Barrio Guarantee* at sa *Barrio Savings Fund.*

T — *Kailan maaaring sabihing hindi sumusunod sa makabagong paraan ng pagsasaka ang isang magbubukid?*

S — Madali, pagka't hindi maikakaila ang patuloy nitong paggamit ng mga binhing madaling kapitan ng sakit at mahinang magbunga. Sa paghahanda ng bukid o linang na taniman, madali ring makikilala ang pabayang magsasaka, bukod pa sa hindi pag-aalaga nito ng kanyang tanim. Kung naglalagay man ito ng pataba o

abono, ay kulang na kulang. Kapag ang pinitak ng palay ay madamo at sakitin, masasabing walang interes ang magbubukid na makapagpasagana ng ani. Kapag ang magsasaka ay maraming makakatulong sa kanyang angkan, at ang mga iyon ay walang sigasig na tumulong sa kanilang ama.

T — *Paano maaaring bawiin ang pangangasiwa ng bukid sa isang magsasaka?*

S — Pagkatapos dinggin ang kaso sa pagbawi ng pangangasiwa sa isang magsasaka, ang Sanggunian ng mga Direktor ay dapat na makapagpatibay ng isang resolusyon na dapat na maglaman ng mga katuwiran at dahilan kung bakit ibinabawal sa isang magsasaka ang pangangasiwa ng bukid nito, at kung hanggang kailan tatagal ang pangangasiwa ng Samahang Nayon.

T — *Kung maipasiyang bawian nga ng pangangasiwa sa kanyang bukid ang isang magsasaka, sino naman ang maaaring italaga sa pangangasiwa sa bukid na nasabi?*

S — Pagkatapos kunsultahin ng Sanggunian ng mga Direktor ang mga magsasakang kahangga lamang ng binawian ng pangangasiwa, ang magsasakang may mahabang karanasan at mahusay tumarabaho sa bukid ay siyang opisyal na maaaring italagang tagapangasiwa hanggang sa panahong nakatakda sa resolusyon.

T — *Ano ang tiyak na tungkulin ng itinalagang bagong mangangasiwa ng binawing bukid?*

S — Ang dapat gampanang tungkulin ng bagong mangangasiwa sa binawing bukid ay superbisyon at kontrol sa mga bagay na isasagawa sa pagmamaneho ng mga gawain sa bukid, at saka ang pagbibigay ng disisyon

sa anumang susulpot na suliranin o dapat gawin sa bukid.

T — *Kung magsasaka rin ang pansamantalang kukuha ng pangangasiwa ng bukid sa nagpabayang magsasaka, paano pa niya ito matatrabaho? Di lalaki ang kanyang saka at gawain sa bukid?*

S — Kung nalipat mang pansamantala sa isa ring magbubukid ang pangangasiwa, hindi ibig sabihin na siya rin ang magtatrabaho sa nasabing bukid. Ibig lamang sabihin, na lahat ng gawain ay siya ang magdidirihe. Kaya nga ang karaniwang hinihirang na pansamantalang mangangasiwa ay yaong may saka sa tabi lamang ng bukid ng nagpabayang magsasaka, upang hindi niyon mapabayaan ang sariling bukid.

T — *Kung hindi ang nahirang na pansamantalang mangangasiwa ang siyang magtatrabaho sa pinabayaang bukid ng isang magsasaka, sino ang gagawa doon?*

S — Ang kauna-unahang binibigyan ng pagkakataong makapagtrabaho sa nasabing bukid ay ang dating may saka niyon, kasama ang lahat ng miyembro ng kanyang pamilyang dating katulong sa bukid. Kung hindi sapat ang mga tulong na iyon, ang pansamantalang nangangasiwa ay saka pa lamang maaaring humingi ng tulong sa ibang taong ang saka ay malapit din doon. Hangga't maaari ay dapat na iwasan ang tulong na binabayaran, sa halip, ang dapat na bigyan ng halaga ay ang pagbuhay nang may sigla sa BAYANIHAN.

T — *Ang magsasaka bang pansamantalang mangangasiwa ang may tungkuling gugulan at abonohan ang lahat ng gastos sa bukid? Paano kung wala siyang salaping maiaabono?*

S — Hindi siya ang gugugol, kaya ang pansamantalang mangangasiwa ay hindi kailangang *mayroon* at *may kaya.* Kahit sino, ay maaaring pagtiwalaan ng pansamantalang pangangasiwa. Basta't ito ay may kakayahan at kaalaman sa pagsasaka, saka kung ito ay mahihirang ng Sanggunian ng mga Direktor.

T — *Kung hindi ang pansamantalang mangangasiwa ang mag-aabono sa lahat ng gugulin sa bukid, saan nito kukunin ang halimbawa'y pambili ng pataba, gamot na pamatay ng mga kulisap, pang-upa sa tanim at marami pang iba?*

S — Ang tuwirang nananagutan ng mga gugulin ay ang Samahang Nayon. Kung paano ito ibinibigay sa pansamantalang mangangasiwa, ay may mga patakaran. Halimbawa, dapat na bago magsimula ang pagtatrabaho sa bukid, ay makagawa ng *survey* at pagsusuri sa binawing bukid ng nagpabayang magsasaka, ang pansamantalang mangangasiwa, kasama ang dating nagsasaka at ang mga kahangga nito. Pagkatapos ng *survey* sa bukid, kaharap ang mga kaanak ng dating magbubukid, gagawa sila ng planong pambukid. Dito ay dapat na makita ang halaga ng gugulin at kung saan-saan ito gagastusin, mga gamit na pambukid at kung saan iyon kukunin, paghahanda ng bukid—mula sa punlaan hanggang sa kalanan—pagpapatanim, pagaalaga ng mga tanim, pagpapataba, pagpapagapas, pagpapagiik, at iba pa, pagbebenta ng ani, at pagbabayad ng mga obligasyon ng dating may saka. Ang Planong iyan ang siyang ihaharap ng pansamantalang mangangasiwa sa Samahang Nayon. Ito ngayon ang pagbabasihan ng Samahang Nayon sa pag-utang sa bangko. Kung ipasiya ng Samahang Nayon na huwag nang hu-

miram ng pera sa bangko—pagka't yaon ay may tubo —at may sapat pang pondo ang *Barrio Guarantee Fund* o *Pondong Panggarantiya* ng Baryo, maaaring dito kumuha at ipahiram sa pansamantalang mangangasiwa ng bukid. (Kailan man hindi dapat gamitin (ipautang) sa ganitong uri ng gugulin ang *General Funds* ng Samahang Nayon.)

T—*Nang mawala na sa pangangasiwa ng nagpabayang magsasaka ang kanyang bukid, ano pang karapatan ang natira sa kanya?*

S—Ang karapatan nito sa pagkakamay-ari ng bukid ay hindi nawawala. Siya pa rin ang kinikilalang *amortizing owner* ng gobyerno, kundi man magsasakang namumuwisan. Nguni't kapag ito ay patuloy na nagpabaya at hindi nagbago ng ugali at pamamaraan sa pagsasaka, sa ilalim ng mga kundisyong nilagdaan niya na may kinalaman sa kanyang sinasakang bukid, maaari na nga siyang tuluyang mawalan ng lupang sinasaka.

T—*Pagkatapos ng anihan, saan dadalhin ng pansamantalang nangangasiwa ang ani ng bukid? Sa dati bang magsasakang nagpabaya?*

S—Pagkatapos na pagkatapos na maani ang bunga ng pananim—maging yaon ay palay, mais at iba pa—ang lahat ng ani ay kaagad dadalhin sa tinggalan ng Samahang Nayon. Tanging ang Samahang Nayon lamang ang may karapatang mag*dispose* ng nasabing ani ng naaayon sa mabuting kundisyong maipapayo ng *Manager* sa pamilihan. Dahil diyan, ang Samahang Nayon ay siyang may pananagutan namang maglahad sa binawian ng saka ng lahat ng kinahinatnang pangyayari ng mga inani sa bukid.

T — *Bakit ang Samahang Nayon ang may karapatang mangasiwa sa ani ng bukid, at hindi ang dating magsasaka?*

S — Sapagka't ang Samahang Nayon ang siyang magbabayad ng lahat ng obligasyong hindi mabayaran ng dating magsasakang nagpabaya.

T — *Dahil sa ang lahat ng ani ay natungo sa Samahang Nayon, saan kukuha ng pagkain sa buong panahong walang anihan ang mahirap na magsasaka?*

S — Bago bayaran ng Samahang Nayon ang maraming utang ng binawian ng saka, inaalam nito kung ilang kabang palay ang maaaring maubos ng pamilya sa buong panahong wala pang anihan. At ang ani, kapag hindi maaaring makasapat sa babayarang utang, uunahin ng Samahang Nayon na bayaran ang higit na mahalaga. Ibig na sabihin, una-unang babayaran ng Samahang Nayon ang mga pagkakautang na iyon nang naaayon sa prayoridad.

T — *Paanong malalaman ng magsasakang binawian ng bukid na gayon at ganito ang nangyari sa kanyang mga utang?*

S — May karapatan ang binawian ng saka na manghingi ng buong tala ng ani, gastos, ginawang pagbabayad sa kanyang mga utang, at iba pa. Iyan ay maaari niyang hingin sa pansamantalang mangangasiwa ng kanyang bukid, subali't sa nalolooban lamang ng 30 araw mula sa araw ng pag-aani sa kanyang bukid.

T — *Paanong magiging makatotohanan ang nasabing tala?*

S — Upang maging opisyal ang talang hinihingi ng pansamantalang binawian ng pangangasiwa ng bukid, ang

papeles ay dapat na magtaglay ng pirma ng pansamantalang nangasiwa at pinatotohanan ang mga nakatala doon ng Pangulo ng Samahang Nayon. Bukod diyan, ang nasabing papeles ay dapat na lakipan ng lahat ng resibo na tulad ng resibo sa pagkakabenta ng ani, opisyal na resibo ng mga ahensiyang pinagkakautangan, *trust receipts* ng Samahang Nayon, at iba pang resibong may kinalaman sa inani.

T — *Hanggang kailan tatagal ang pansamantalang pangangasiwa ng Samahang Nayon sa bukid ng isang miyembrong nagpabaya?*

S — Ito ay ayon sa magiging kapasiyahan ng Sanggunian ng mga Direktor, salig sa naidudulot na kabutihan sa binawian ng pangangasiwa, at ng samahan sa kabuuan.

17

Pangangasiwa sa Salapi

Dugo ng alin mang samahan ang salapi. Ito ang buhay.

Dahil sa kahalagahang iyan ng salapi, ito ay maingat at buong kaayusang pinangangasiwaan ng mga pinuno ng Samahang Nayon. Ginagawa iyan upang mapangalagaan ang magandang personalidad at integredad ng samahan.

Kung paanong naisasagawa ang maayos na pangangasiwa sa salapi, ang Samahang Nayon ay may ginagamit na mga pormang galing sa *Bureau of Cooperatives Development* ukol sa iba't ibang uri ng transaksyon na may kinalaman sa negosyo, mga donasyon at ambag ng mga makabayang mamamayan at marami pang iba.

May sistema sila ng *accounting,* na legalidad at kinikilala ng mga ahensiya ng pamahalaan. Simple at madaling unawain, ang sistema ay iniakma sa mga isip at talinong hindi nagkaroon ng pagkakataon sa mga paaralan. Isa iyan sa magandang tatak ng mga *utak* na pinalabas ng gobyerno para magamit ng mga taga-nayon sa pangangasiwa ng salapi ng Samahang Nayon, ang pinagaang sistemang iyan ng *accounting* ay buong katiyagaang itinatanim sa isip ng mga miyembro ng Samahang Nayon ng mga tauhan ng Kooperatiba.

Bai-baitang na mga kaalaman ukol sa *accounting,* ang sikap at tiyaga ay pinamumunga sa katauhan, lalo na, ng mga humahawak ng negosyo ng organisasyon. Tinitiyak ng mga nagtuturo na naililipat nila ang simpleng sistema

ng *accounting* sa isip ng mga tinuturuan nila, isang hakbang upang matiyak din nila ang tagumpay ng Samahang Nayon, tulad ng hangarin ng Pangulong Marcos, nang ang konsepto ng nasabing Samahang Nayon ay binabalangkas pa lamang.

Ang *accounting* na ngayon ay nalalaman na ng mga miyembro ng Samahang Nayon, para makamit ang tagumpay sa dulo ng bawa't layuning nasa plano ng balangkas ng samahan.

T — *Sa pagbawing pansamantala ng pangangasiwa sa nagpabayang magsasaka, may notipikasyong ibinibigay ang Samahang Nayon sa may-ari ng bukid. Kung ibinabalik ang pangangasiwang iyon, paano malalaman—sa paraang opisyal—ng pinagsasaulian?*

S — Sapagka't ang bisa ng pansamantalang pangangasiwa sa bukid ng magsasakang nagpabaya ay sa pamamagitan ng resolusyon ng Sanggunian ng mga Direktor, ang pagbabalik dito, sa paraang opisyal din ay sa pamamagitan uli ng isang pinagtibay na resolusyon ng nasabing sanggunian. Pinadadalahan ng sipi ang kinauukulang miyembro na tulad ng pansamantalang nangasiwa at ang may-ari ng bukid. Ang una at ikalawang resolusyon ay dapat na maayos na nakatala sa aklat-katitikan ng Sanggunian ng mga Direktor.

T — *Bakit binibigyan ng higit na halaga at atensyon ang pangangasiwa sa salapi at accounting nito?*

S — Saan mang samahan, mula sa pinakamaliit hanggang sa pinakamalaking organisasyon, ang hindi maayos na operasyon ng *accounting*, ay siyang nagiging dahilan upang pagdudahan ang integridad ng mga opisyales at ng samahan sa kabuuan, ng kanyang mga miyembro. Dahil diyan, ang sistema ng mga pagtatala ng salapi—

paglalabas-pasok—at ng mga ari-arian ng isang samahan ay nagiging pangunahing pananagutan sa bawa't miyembro. Ito ay ang integridad at personalidad ng mga opisyal at organisasyon, saka ng lahat ng miyembro.

T — *Paano naiwawasto at maayos na napangangalagaan ng Samahang Nayon ang sistema ng kanyang* accounting?

S — Mayroong sinusunod na sistema ng *accounting* at mga gamit na porma ang Samahang Nayon. Hindi sila maaaring lumihis dito, pagka't iyan ang ipinagagamit sa kanila ng *Bureau of Cooperatives Development,* ang ahensiyang kinarerehistruhan ng Samahang Nayon bilang isang naglilingkod na organisasyon (kooperatiba) sa kanyang mga miyembro na ang mga layunin ay makakamit sa pamamagitan ng pagtutulungan, pagdadamayan at pagtatangkilikan. Sa oras na marehistro ang Samahang Nayon sa BCD, ito ay nagiging legal na samahan na may mga karapatan at obligasyong dapat na itaguyod sa kanyang mga miyembro.

T — *Ano bang talaga ang ibig sabihin ng* accounting?

S — Ang katagang ito ay ngayon lamang nagiging palasak at karaniwang kataga sa mga nayon. Sang-ayon sa mga otoridad, ang *accounting* ay pamamaraan sa pagtatala, pagbubukud-bukod o pagka-*classify* ng iba't ibang kahalagahan ng salapi; mga transaksiyon at pangyayari sa kalagayang pinansyal, at ang pagbibigay ng kahulugan ng mga resulta nito. Ang sabi naman ng ibang eksperto, ang *accounting* ay "wika ng negosyo" sapagka't ang mga negosyante ay gumagamit ng mga termino at konsepto upang maipaliwanag ang mga pangyayari na siyang nagpapatunay na mayroon ngang negosyo para sa anumang bagay.

T—*Ang* accounting *ba ay sa Samahang Nayon lamang ginagamit?*

S—Hindi. Ang *accounting* ay ginagamit ng lahat ng uri ng samahan, maging ito ay sa pribado o sa gobyerno, na gumagamit ng salapi. Maging maliit o malaking samahan at tanggapan, ang *accounting* ay ginagamit, kahit na nga ito ay itinatag hindi upang makinabang.

T—*Ano ang sinasabing mga nagagawang kabutihan sa samahan ng sistema ng* accounting, *bukod sa pagtatala ng mga bagay sa mga aklat talaan?*

S—Iyan ay ukol sa kalagayan ng pananalapi, *historical, analytical* o panunuri, at *protective* o pagliligtas.

T—*Ano ang ibig sabihin ng kalagayan ng pananalapi sa* accounting?

S—Ito ay siyang naglalarawan ng tunay na anyo at kalagayan ng kondisyon ng pananalapi ng isang samahan o negosyo mula sa isang tanging petsa.

T—*Ang ukol sa* historical *o pangkasaysayan sa* accounting, *ano naman ang ibig sabihin niyon?*

S—Sa mga talang ito dapat na makita ang pagkakasunud-sunod ng mga rekord ng operasyon ng isang negosyo o samahan, saka ang mga resulta nito.

T—*Bakit mayroon pang ukol sa panunuri o* analytical *sa* accounting?

S—Itinuturing na ito ay mahalagang mga tala ng *accounting* pagka't dito maaaring makita ang mga impormasyon ukol sa pagkakasuri sa mga resulta ng pagkakagamit ng salapi at ang mga relasyon nito sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap na kalagayan ng pananalapi.

T — *Sa* accounting, *ano naman ang ibig sabihin ng pag-liligtas o* protective?

S — Kung ang naunang tatlong mahahalagang nagagawa ng *accounting* ay itinuturing na kasinghalaga ng buhay ng isang negosyo o samahan, ito ay sinasabi namang pananggalang para mapanatiling nasa wasto ang salapi ng samahan o negosyo. Dito nasasaad ang mga tuntunin ng pangangalaga sa salapi laban sa mga magdarayang empleado, magnanakaw na kawani, mga pagkakamali at pag-aaksayang gugulin. Dito rin makikita ang mga paraan upang madiskubre ang mga kasamaang iyon, at kung kailan iyon nangyari.

T — *Maraming aklat-talaan at mga pormang ginagamit ang mga opisyales ng Samahang Nayon, anu-ano ang mga ito?*

S — Ang mga porma ukol sa *Books of Accounts* ay: 1) *Cash Incomes and Payments Records* o ang *BCD-SN Form No. 003-1;* 2) *Cash Record of Savings Program* o ang *BCD-SN Form No. 003-2;* 3) *General Record* o ang *BCD-SN Form No. 003-3;* at ang 4) *Commodity Deposits Record* o ang *BCD-SN Form No. 003-4.* Ang ukol sa *final entry records* ay: 1) *General Summary Record* o ang *BCD-SN Form No. 003-5;* 2) *Member's Financial Record* o ang *BCD-SN Form No. 003-6;* at ang 3) *Member's Passbook* o ang *BCD-SN Form No. 003-7.* Samantala ang mga pormang ginagamit sa iba't ibang transaksiyon ng Samahang Nayon ay: 1) *Official Receipts of Incomes* o ang *BCD-SN Form No. 003-8;* 2) *Official Receipts for Payments* o ang *BCD-SN Form No. 003-9;* 3) *Cash Deposits Slips* o ang *BCD-SN Form No. 003-10;* 4) *Commodity Deposits Receipts* o

ang *BCD-SN Form No. 003-11;* at ang 5) *Commodity Sales Memo* o ang *BCD-SN Form No. 003-12.* (Mahalaga: ang ibig sabihin ng BCD ay *Bureau of Cooperatives Development,* samantalang ang SN ay Samahang Nayon.)

T — *Paanong natututuhan ng mga kinauukulang opisyales ng Samahang Nayon ang wastong paggamit ng iba't ibang porma, gayong ang mga ito (halos lahat) ay walang karanasan at kapos sa edukasyong pang-*accounting?

S — Sakaling walang sinumang makatutulong upang ang *accounting* ng pamamaraang ginagamit ng Samahang Nayon ay matutuhan ng halal na opisyal, ang tanggapan ng DLGD sa tulong ng *Bureau of Cooperatives Development* at iba pang sangay ng gobyerno, ay nagdaraos ng seminar ukol diyan o sa paksang iyan. Sa oras na ito ay gawin sa lalawigan o bayan para sa mga opisyales nga ng mga Samahang Nayon, dapat na ito ay siyento porsiyentong daluhan ng mga kinauukulang opisyales.

T — *Hindi ba't ang sistema ng mga* accounting *ay mahirap pag-aralan? Kung ang mga nag-aaral nito sa loob ng apat na taon o higit pa, ay hindi maging matagumpay, paanong makatitiyak na ang* accounting *na ginagamit ng Samahang Nayon ay matututuhan sa loob lamang ng ilang araw?*

S — Tunay na may kahirapan ngang pag-aralan ang mga sistema ng *accounting,* pero dahil sa pamamaraang simple na ginagamit ng mga tauhan ng gobyerno na nagtuturo nito sa mga paraang *seminar* at *workshop,* napadadali nilang pag-aralan ang nasabing sistema ng

accounting. At maraming uri ng pagpapadali ang ginagamit ng mga nagpapaseminar at nagpapa*workshop*. Isa na diyan ang wika. Ang wika nilang ginagamit ay yaong talagang ginagamit ng mga tao sa pook na pinagdarausan ng seminar at *workshop.* Halimbawa, kung ang pook ay Kailokohan, ang wikang ginagamit ng mga tauhan ng pamahalaan ay Ilokano. Kung sa Pangasinan naman, ang wika sa Pangasinan ang ginagamit. Kung sa Pampanga, Kapampangan ang ginagamit nila. Sa ibang salita, ang wikang nauunawaan ang kanilang iginagalang at pinahahalagahan. Bukod diyan, ang paraan ng pagtuturo ay ibang-iba kaysa sa ginagamit na pagtuturo sa mga paaralan. Gumagamit sila ng mga *charts, show cards,* at nagdedemonstrasyon sila habang nagpapaliwanag. Sa ibang pangungusap, pinapagiging simple ng mga tauhan ng pamahalaan ang lahat ng bagay ukol sa *accounting* na gamit sa Samahang Nayon.

T — *Dapat bang mga opisyales lamang ng Samahang Nayon ang nararapat matuto ng* accounting *na gamit ng* kanilang samahan?

S — Hindi. Dapat pa nga, lahat ng miyembro ay matutuhan iyon. At kapag nagkagayon, ang lahat ay makatitiyak na madaling makapagpapaunlad ang samahang kanilang kinasasapian. Magugunita na ang Samahang Nayon, kapag narehistro na, ay maaari nang magsimulang maglingkod (ng legal) sa kanyang mga miyembro. At sapagka't ang paglilingkod ay walang katapusan, tulad ng pagpapaunlad at pagpapasagana sa kabuhayan, ang isip at diwa ay dapat na patuloy ding

inihahasa—pinatatalino. Isa pa, sapagka't ang mga opisyales ng isang samahan ngayon ay hindi maaaring maging panghabang panahon. Tiyak na sila ay hahalinhan. At ang hahalili ay magbubuhat sa mga miyembro. Kaya, kung patuloy ding nagpapaunlad ng kaisipan ang mga miyembro, tulad ng kanilang mga opisyales, patuloy ding uunlad ang samahan, at ang kabuhayan sa kumunidad sa kabuuan.

18

Katipunan ng mga Samahang Nayon

Ang katuparan ng ikalawang baitang ng pagtatatag ng kooperatiba ng mga magsasaka ay ang pagtatayo ng Katipunan ng mga Samahang Nayon. Ito ay binubuo ng mula sa dalawa hanggang sa bilang ng lahat ng mga Samahang Nayon sa isang bayan o sa isang lalawigan. Nguni't ito ay naitatatag kapag ang Samahang Nayon ay maganda na ang takbo, at ang mga miyembro ay nakatitiyak ng mga bagay at mga dapat na malaman ukol sa mga kakanyahan ng isang kooperatiba.

Sapagka't ang Samahang Nayon ay unang hakbang lamang sa pagtatatag ng kooperatiba ng mga magbubukid, ang Katipunan ng mga Samahang Nayon ay siya namang ganap na samahan upang matawag na kooperatiba ang isang samahan.

Kapag ang isang bayan o lalawigan ay nagkaroon na ng Katipunan ng mga Samahang Nayon, ibig sabihin ay nakagawa na ang mga magbubukid ng malaking igpaw tungo sa maayos at tamang pagpapaunlad ng kani-kanilang sarili, ng kumunidad at lipunang kanilang ginagalawan. Ibig pang sabihin, ang mga magbubukid sa nasabing lugar ay malayo na ang narating ukol sa pagdadamayan, pagtatangkilikan at pagtutulungang may kinalaman sa pagpapasagana ng buhay, hanggang sa pagpapaganda ng lugar na pinananahanan.

Malaki ang naitutulong ng Katipunan ng mga Samahang

Nayon sa mga miyembro ng bawa't kasapi nitong Samahang Nayon. Halimbawa, ang Katipunan ay maaaring makapagtayo ng bangkong utangan ng mga puhunan ng mga magsasaka na ari at pinangangasiwaan din ng mga miyembro nito. Maaari ring humanap ang Katipunan ng mga gamit sa pagsasaka at bilihin nito nang maramihan upang maipagbili naman ng mga miyembrong Samahang Nayon sa kani-kanilang mga miyembro sa mababang halaga.

Hindi lamang mga gamit na pambukid ang naipagbibili nang mura sa mga magsasasaka ng Katipunan, kundi lahat ng mga kagamitang pambahay at pangkatawan, nguni't ayon sa pagpapasiya ng mga miyembro nitong nangangasiwa ng negosyo.

Sapagka't ang pangunahing layunin ng Katipunan ay matulungan ang mga miyembro sa pamimili ng mura, at pagbibili ng mga produktong-bukid o produktong pantahanan sa mataas o katamtamang halaga, ang Katipunan ng mga Samahang Nayon ay dapat na pagpalain ng bawa't kasaping Samahang Nayon, nang maging masigla ang buhay nito habang gumaganap ng maraming tungkuling pambahay, pangkumunidad at pambayan.

T — *Ano ang tinatawag na katipunan ng Samahang Nayon?*

S — Ang pagsasama-sama ng mula sa dalawa (2) at higit pa ng mga magkakatabing Samahang Nayon sa isang bayan o lalawigan sa isang organisasyon; ang pagbibigkis-bigkis upang kumilos na parang iisang tao dahil sa pagkakaroon ng tila iisa ring suliranin, gawain, hanapbuhay, at iba pang gawaing pambahay at pangagrikultura. Ito rin ang panimulang hakbang upang maitatag ang Kilusang Bayan o Kooperatiba.

T — *Anu-ano ang mga gawaing dapat tungkulin ng Katipunan ng Samahang Nayon?*

S — Upang maihanda ang mga miyembro sa wasto at mahusay na pagsasamahan sa pagtatag ng negosyong pangkooperatiba, ang samahang ito ay dapat na mabigkis nang matibay at mapatatag ang katayuan ng mga miyembro lalo na sa pakikipagkontrata sa mga nagbibili ng mga gamit na pansaka at mga ani sa bukid. Ang pakikipagpalitan ng mga ideya ay mahalagang sangkap sa pag-aaral at pagpapatalino, kaya ang layuning ito ay itinataguyod ng Katipunan ng Samahang Nayon sa pamamagitan ng mga pulong-talakayan. Iniipon din ng Samahang ito ang mga plano ng bawa't Samahang Nayon upang yaon ay maipatupad ng panlahatan.

T — *Sinu-sinong opisyal ang bumubuo ng pamunuan ng Katipunan ng mga Samahang Nayon?*

S — Iilan lamang ang opisyales ng Katipunan ng Samahang Nayon. Iyan ay ang Pangulo, Pangalawang Pangulo, at ang Kalihim-Tesorero, saka dalawa o tatlong miyembro ng Sanggunian ng mga Direktor.

T — *Ang mga miyembro ba ng bawa't Samahang Nayong kasapi sa Katipunan ng Samahang Nayon ang siyang naghahalal ng mga opisyales ng KSN?*

S — Hindi. Gayon man, ang mga iyon ang pumipili ng kanilang kinatawan sa Katipunan ng Samahang Nayon. Otomatikong kinatawan ang Pangulo ng Samahang Nayon na siyang magrerepresenta sa 25 miyembro niya. Sapagka't karaniwang mahigit na 50 ang miyembro ng Samahang Nayon, kaya ang kinatawan nito ay maaaring humigit pa sa dalawa. Ibig na sabihin, sa bawa't 25 miyembro ng Samahang Nayon, isang kinatawan ang ihahalal ng mga iyon. Ang nasabing mga kinatawan ay siyang maghahalal ng mga Direktor. Ang

dami ay mula sa lima (5) pataas.. At ang mga nahalal na Direktor ang siya namang pipili (buhat sa kanila) ng Pangulo, Pangalawang Pangulo, at Kalihim-Tesorero. Kung kinakailangan, maaaring lumikha ng mga komite ang Sanggunian ng mga Direktor, nguni't ang otomatikong dapat na mangulo sa bawa't komite ay maaaring hirangin ng Sanggunian buhat sa mga kinatawan o miyembro.

T — *Kailan itinatatag o itinatayo ang Kilusang Bayan o Kooperatiba?*

S — Upang maiwasan ang karaniwang nagiging sanhi ng kabiguan ng isang kooperatiba, ang mga miyembro ng Samahang Nayon ay dapat na lubusang maihanda. At iyan ay maaaring maisagawa ng Katipunan ng Samahang Nayon. Ang komite nito ay siyang nangangasiwa (*Education and Training Committee*) sa gawaing iyan. Sapagka't walang katiyakan kung kailan matatapos ang edukasyong pangkooperatiba para maunawaang lubos ang kakanyahan ng kooperatiba, wala ring gatgat na panahon kung kailan maitatayo ito para sa mga miyembrong Samahang Nayon.

T — *Sapilitan ba ang pagtatayo ng Katipunan ng mga Samahang Nayon?*

S — Ang samahang ito ay hindi sapilitan. Pero, higit na madudulutan ng malaking kapakinabangan ang mga miyembro ng Samahang Nayon, kung mayroon silang Katipunan ng Samahang Nayon. Halimbawa, nito, kung ang mga magsasaka ay mangangailangan ng mga kagamitang pambukid, pataba at mga kemikal na pamatay-kulisap, kung mayroon silang Katipunan ng mga Samahang Nayon na bibili nito, ay tiyak na sila ay

makamumura. Sakali namang magbibili sila ng produkto, kung mayroon silang Katipunan ng mga Samahang Nayon, tiyak na mapataaas niyon ang halaga. Sa maikling salita, anumang dalahin, kapag marami ang magkakatuwang na papasan, gagaan ang dalahin. Ito ay simpleng halimbawa kung bakit kailangan ng mga Samahang Nayon ang pagsasama-sama at pagbibigkis-bigkis, na sakali mang hindi sapilitan ang pagtatatag, ay kailangan naman ng mga magsasaka para hindi sila mahirapan sa pagpapasagana at pagpapaunlad ng kanikanilang kabuhayan.

T — *Kung may kooperatiba na ang Samahang Nayon, kailangan pa bang magtayo ng isa pang kooperatiba na para sa magkakatabing Samahang Nayon?*

S — Dapat pa ring magtatag ng kooperatibang pambayan o panglalawigan, sakaling may kani-kaniyang kooperatiba na ang magkakalapit na Samahang Nayon. Kasi nga, anumang kailangan ng mga magsasaka, kung ito ay maramihan ang pagbili, ay higit na makamumura sa halaga. Sa gayon, makatitipid ang mga magbubukid. Sakali namang makapagtipon ang Katipunan ng Samahang Nayon ng malaking halaga buhat sa mga kasaping Samahang Nayon, maaari silang makapagtayo ng sariling Bangko. Sa maikling pangungusap, ang Katipunan ng mga Samahang Nayon ay isang malaking igpaw tungo sa maunlad na pamumuhay.

T — *Ano naman ang ibig sabihin ng Kilusang Bayan?*

S — Ang Kilusang Bayan ay siyang ikalawang bahagi ng programa ng *Bureau of Cooperatives Development*. Ang una ay ang pagtatayo at pagpapaunlad ng Samahang Nayon. Kooperatiba rin ito, nguni't may mala-

wak na sakop at may malaking pananagutan sa larangan ng pagpapaunlad ng kabuhayan. Ang Kilusang Bayan ay higit na malalaki ang proyektong itinatagu-yod kaysa Samahang Nayon. Halimbawa, sa pagtutulungan ng mga Samahang Nayon sa isang bayan o lalawigan, maaaring magtayo ito ng bangko, upang sa gayon ay siyang tuwirang tumulong sa mga miyembrong magsasaka. Ang Kilusang Bayan ay siyang organisasyong sa bandang huli ay siyang hahawak ng malaking bahagi ng pananagutan sa pagpapaunlad ng mga magbubukid.

T—*Paano namang matutulungan ng Kilusang Bayan ang Samahang Nayong kasapi nito?*

S—Marami. Ilan diyan ay hindi na ang Samahang Nayon ang hahanap ng mamimili ng produkto ng magsasaka, at hindi na rin ang Samahang Nayon ang mangangasiwa sa pamimili ng mga kagamitang pambukid. Ang mga premium ng seguro ay sa Kilusang Bayan na lamang ihahatid sa halip na sa malayong tanggapan pa ng nasabing ahensiya, gayon din ang mga bayad sa patubig, at iba pang transaksiyon sa kredit na ipinagkaloob ng gobyerno sa magsasaka, ay sa Kilusang Bayan na lamang ibibigay ng mga Samahang Nayon, at hindi na sa tanggapan ng mga iyon sa lungsod o sa kapitolyo.

19

Ang Seguro

Kung bagaman at ngayon lamang ginawa sa Pilipinas ang pagseseguro sa buhay ng mga magsasaka na kasapi sa mga Samahang Nayon, ang nasabing ideya ay kapuri-puri at dapat na ipagpasalamat sa Pangulong Marcos ng mga magsasaka at kauri nitong mamamayan na sa mga nayon at sityo naninirahan.

Simple ang sistema, ang isang miyembro ay walang abala sa pagpapaseguro. Ang tumutungkol ng lahat ng pananagutan sa pagpapaseguro ay ang kinasasapiang Samahang Nayon. Iyan ay itinuturing na isang malaking pananagutan at tungkulin ng samahan sa kanyang mga miyembro. Gayon man, may tungkulin din ang mga miyembro sa kanyang samahang naglilingkod ng ganyang uri ng pagsisilbi. Iyan ay ang pagbabayad ng walang laktaw sa obligasyon nito sa *Barrio Guarantee Fund*.

Sa pagseseguro ng buhay ng isang kasapi sa Samahang Nayon, hindi na kailangan ang *medical certificate*, tulad ng hinihingi ng ibang kompanya ng seguro sa isinisegurong buhay. Basta't ang miyembro ay 15 taon na, o kaya ay may gulang na hindi hihigit sa 65 taon, may sakit man ito o wala, ay maaaring iseguro.

Ang pagseseguro ay sa pamamagitan ng grupo at hindi maaari ang indibiduwal na pagpapaseguro, o isa-isa kaya. Ang kagandahan niyan, napaniniim at naitatanim sa puso

ng bawa't kasapi sa Samahang Nayon ang prinsipyo at buti ng pagkakaisa.

Malaki ang namemenos ng mga magsasakang naseseguro sa *Cooperative Insurance System of the Philippines* (CISP). Iyan ay dahil sa magandang programa ng Pangulo ng Pilipinas sa pagtangkilik sa buhay ng mga karaniwang mamamayan, na ang karamihan ay binubuo ng nagbubungkal ng lupa.

Hindi lamang sa Pilipinas matatagpuan ngayon ang ganitong uri ng seguro. Ang totoo, hanggang noong 1973, may 50 malalaking samahan ng mga Kooperatiba sa 26 na bansa ang nagtataguyod ng ganyang uri ng pagseseguro sa mga karaniwang mamamayan. Matagal na iyang panahong nasimulan at matagumpay na naitaguyod sa United Kingdom, kaya kinopya at ginawa sa ibang bansa na may layong mabigyan ng proteksyon ang buhay ng mga karaniwang mamamayan.

Ito ay igpaw na malaki ng administrasyon ng Pangulong Marcos upang mabigyan ng kasiya-siyang buhay ang mga karaniwang mamamayan—ang mga magbubukid.

T — *Ano ang Seguro* (Insurance)?

S — Ito ay isang pamamaraan ng isang pangkat ng tao, na sa pamamagitan ng pare-parehong kontribyusyon, ay nalulunasan ang tanging problema o suliraning may kinalaman sa kabuhayang pansarili ng bawa't miyembro. Katulad ng aksidente, ang pangyayaring ito ay hindi maaaring mawala sa lipunan ng buhay, nguni't hindi naman maaaring sabihin kung kailan maaaring maganap, at kung gaano kalupit. Sapagka't ang buhay ay laging nakasangkot sa isang aksidente, ang problemang may kinalaman sa pamumuhay ng nasangkot at

pamilya ng biktima, ay apektado. Ang problemang ito ang siyang nilulunasan ng seguro.

T — *May Samahang Nayon na, bakit kailangan pa ba ng mga magsasaka ang Seguro o* Insurance?

S — Kung marami mang benepisyong ibinibigay sa mga miyembro ang Samahang Nayong kanyang kinasasapian, hanggang sa ito ay mamatay, ang nasabing samahan ay hindi naman nananagutan sa personal na benepisyong may tanging halaga. Halimbawa, ang Samahang Nayon ay hindi nagbibigay ng tanging halaga sa mga naulila ng isang tinamaan ng kulog, nasagasaan ng trak o awto, napilay dahil sa iba pang uri ng aksidente, o nabulag man kaya. Dahil diyan, upang tuwirang matulungan ng pamahalaan ang buhay ng pamilya ng isang miyembrong namatay o naaksidente, sa pamamagitan ng kinasasapiang Samahang Nayon, ang buhay nito ay isiniseguro.

T — *May dagdag bang gugugulin ang magsasaka, para ito ay maseguro?*

S — Wala. Ang Samahang Nayong kinasasapian ng nasabing magsasaka ang siyang nagbibigay ng mga *premium* para sa seguro ng mga miyembro niya. Ang halaga ng nasabing *premium* ng mga miyembro ng Samahang Nayon ay hindi dagdag na pasanin ng nasabing mga miyembrong nakaseguro. Ang Samahang Nayon ay may pondong nakalaan ukol sa seguro ng bawa't miyembro.

T — *Anong ahensiya ang magseseguro sa mga miyembro ng Samahang Nayon?*

S — Ang ahensiyang magseseguro sa mga miyembro ng mga

Samahang Nayon ay ang *Cooperative Insurance System of the Philippines* (CISP).

T—*Gobyerno ba ang may-ari ng CISP?*

S—Ang nagporma nito ay ang pamahalaan, upang mabigyan ng pagkakataon ang mga magbubukid na makapagpaseguro, tulad ng pagkakataong naibigay na ng gobyerno sa mga empleado ng pamahalaan, at yaong mga empleado sa mga prebadong tanggapan at mga pagawaan o industriya sa pamamagitan ng GSIS at ng SSS. Ang CISP ay tuwirang ari ng mag miyembrong Samahang Nayon, Katipunan ng mga Samahang Nayon at iba pang kooperatibang kauri nito. Sa ibang pangungusap, ang CISP ay ari ng mga magbubukid na nakaseguro dito.

T—*Pilipinas lamang ba ang mayroong* Cooperative Insurance?

S—Hindi. Katunayan, ang pinakamalaking *Cooperative Insurance* sa buong mundo ay ang nasa Manchester, United Kingdom, na itinayo mahigit nang isang daang taon na ngayon ang nakalilipas. Mayroon din sa Estados Unidos na may pambansang tanggapan sa Ohio. Mayroon din sa West Germany, Sweden, Japan, Belgium, Malaysia, at iba pa. Katunayan pa rin, may organisasyon ang mga ito at tinawag nilang *International Cooperative Insurance Federation* (ICIF).

T—*Kailan itinatag ang ICIF?*

S—Ito ay itinayo noong 1922 ng iba't ibang kooperatiba na dating nabibigkis na Komite ukol sa seguro ng *International Cooperative Alliance.* Hanggang noong 1973, ang ICIF ay may kasaping 50 *Cooperative Insurance Societies* ng 26 na bansa.

T — *Kung ari ng mga miyembrong Samahang Nayon ang CISP, sino ang nagpapatakbo nito?*

S — Ang miyembro ng Sanggunian ng mga Direktor (*Board of Directors*) ang lubos na may kapangyarihan sa pangangasiwa ng negosyo nito at may panlahat na superbisyon at kontrol sa lahat ng gawain at sa mga ariarian.

T — *Anong prinsipyo mayroon ang CISP?*

S — Katulad ng ibang kooperatiba, ang CISP ay susunod sa lahat ng tuntunin at patakaran ng *Bureau of Cooperatives Development* at pangangasiwaan at patatakbuhin ng naaayon sa mga batas at *decree* ng bansa.

T — *Anong personalidad mayroon ang CISP?*

S — Ang CISP ay organisasyong rehistrado sa *Bureau of Cooperatives Development.* Ito ay may *certificate of authority to operate* na ipinagkaloob ng tanggapan ng *Insurance Commissioner.* Katulad ng ibang samahan ng seguro o kompanya ng seguro, hindi maaaring makapagpasimula ng paglilingkod sa madla ang CISP hangga't walang ganitong uri ng otoridad.

T — *Kung ito ay negosyo, saan nanggaling ang puhunan nito?*

S — Ang CISP ay ari at pinangangasiwaan ng mga miyembro. Kung gayon, ang puhunan nito na nalikom sa pamamagitan ng *shares of stocks,* ay tiyak na galing sa kanyang mga kasaping kooperatiba at mga samahang kauri nito. Maaari ring ang iba ay galing sa mga donasyon, at mga paraang ipinahihintulot ng mga batas sa kooperatiba.

T — *Magkano ang halaga ng isang bahagi ng* stock?

S — Isang daang piso (₱100).

T — *Ilan ang miyembro ng Sanggunian ng mga Direktor?*

S — Ito ay binubuo ng mula sa pito, pataas. Ang ibig sabihin, sa pagpapasimula, maaari ang pito, nguni't habang dumarami ang miyembro maaari ring paramihin ang miyembro ng Sanggunian ng mga Direktor, maaari ring paramihin ang miyembro ng Sanggunian ng mga Direktor, ayon na rin sa kapasiyahan ng mga miyembro ng Sanggunian.

T — *Paanong matitiyak ng* Department of Local Government and Community Development *na laging kaugnay at kasangkot ang nasabing tanggapan sa lahat ng bagay na pinagtatalakayan, pinagpapasiyahan, ginagawa at binabalak na gawin?*

S — Madali, sapagka't ang dalawa sa pitong miyembro ng Sanggunian ng mga Direktor ay hinirang ng DLGCD. Ang isa niyon ay kinatawan ng DLGCD, at ang isa pa ay hinirang niyon buhat sa mga *special members.* At ang lima ay buhat naman sa mga regular na miyembro.

T — *Hanggang kailan dapat manungkulan ang bawa't miyembro ng Sanggunian ng mga Direktor?*

S — Malíban sa dalawang hinirang ng DLGCD, ang lahat ng (halal na) miyembro ng Sanggunian ng mga Direktor ay manunungkulan ng: ang tatlong miyembrong nakapagkamit ng pinakamataas na boto ay manunungkulan ng dalawang taon, samantalang ang dalawang miyembro ay manunungkulan ng isang taon. Pagkatapos niyan, lahat na nang mahahalal na direktor ay manunungkulan na ng dalawang taon.

T — *Sino naman ang maaaring maihalal na direktor? Mayroon bang kuwalipikasyon ang dapat na maging kandidato sa nasabing puwesto?*

S — Ang mga dapat na mahalal o sinumang may nais na kumandidato sa nasabing posisyon ay yaong: 1) May magandang reputasyon sa kinasasapiang Samahang Nayon, Kilusang Bayan, o iba pang samahang pangkooperatiba. Nararapat na maging aktibong miyembro ng kinasasapiang samahan. 2) Hindi napatunayang nagkasala sa isang krimeng may kinalaman sa malubhang pagpapabaya sa tungkulin, malubhang pagpapairal ng masamang ugali, at *moral turpitude,* o pagkakasangkot sa gayon ding uri ng kasong pang-administratibo. 3) At walang hinaharap na kasong administratibo o kasong sibil na may kinalaman sa ilegal na paglustay ng salapi o ng pagkawala ng anumang uri ng ari-arian. 4) Bukod diyan, ay dapat na makatugon sa hinihingi ng *Regulation No. 33* at ng *Letter of Instruction No. 23.*

T — *Dahil sa tanging dahilan, paanong maiaalis sa tungkulin ang isang miyembro ng Sanggunian ng mga Direktor?*

S — Dahil sa tanging dahilan, ang isang miyembro ay maiaalis sa tungkulin sa pamamagitan ng nakararaming boto ng mga miyembro sa isang panlahat na miting o tanging miting na tinawag para sa gayong dahilan. Gayon man, may pagkakataong ibinibigay ang Sanggunian na maipagtanggol ang sarili sa harap ng mga kinauukulang tagahatol sa nasabing tanging kaso.

T — *Ano ang balangkas ng mga tungkulin ng Sanggunian ng mga Direktor?*

S — Ang sanggunian ay dapat na magkaroon ng isang tagapangulo o *chairman*, isang tagapangasiwang direktor o *managing director*, at ang natitira ay siyang magiging miyembro ng sanggunian.

T — *Bukod sa nabanggit na iyan, wala na bang iba pang opisyales na dapat maging katulong ng sanggunian?*

S — Mayroon, at iyan ang mga bubuo ng Komite Ehekutibo o *Executive Committee*, na dapat magkaroon ng isang *chairman* o tagapangulo at apat na miyembro na kinabibilangan ng *managing director*. Ang Sanggunian ng mga Direktor ay dapat ding humirang ng isang Kalihim at isang Tesorero. Ang mga ito ay hindi dapat na magbuhat pa sa mga miyembro ng Sanggunian ng mga Direktor. Tagalabas ang ibig sabihin.

T — *Kailan ginagawa ang panlahat na miting ng mga miyembro ng CISP?*

S — Ang nakatakdang panahon sa saligang batas nito ay ikalawang Biyernes ng buwan ng Marso. Gayon man, maaari ring gawin sa anumang araw na mapagkakasunduan ng mga miyembro ng Sanggunian ng mga Direktor, subali't dapat na maiabiso ng tatlumpong (30) araw bago iyon ganapin. Sa kabilang dako, ang tanging miting ay maaaring tawagin ng Sanggunian ng mga Direktor, o kaya ay ng sampung (10%) por siyento ng lahat ng miyembro ng CISP na may karapatang bumoto. Sa nasabing pagtawag ng miting, dapat na malagay ang oras, lugar, at petsa, at dahilan o paksa ng miting.

20

Ang CISP

Ang *Cooperative Insurance System of the Philippines* (CISP) ay isinilang na kaugnay ng programa ng Pangulong Marcos sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng karaniwang mamamayan—ang mga magbubukid. Nakakawing ito sa Samahang Nayon, bagaman ang gobyerno ay may nakahanda nang mga batas ukol dito, para magkaroon ng matibay na suhay ang nasabing samahan.

Ari ng mga miyembro, ang CISP ay pinangangasiwaan at pinatatakbo ng mga miyembrong may-ari. Gayon man, upang hindi malihis sa mga tuntunin at patakarang nasa saligang Batas ng nasabing organisasyon, ang Sanggunian ng mga Direktor ay may kalahok na isang tauhan ng DLGCD. Hindi tanod, kundi bahagi ng samahan sa pangangasiwa.

May magandang layunin, ang CISP ay legal na organisasyon, kaya may legal na pananagutan sa kanyang mga miyembro. Samahang walang itinatangi, pare-pareho ang pagtingin nito sa mga samahang miyembro. Basta't wasto at tama ang ginagawang pagsapi ng isang samahan, walang *lakas* na kailangan para iyon ay mapagtibay pa.

Mula sa pagsapi, at hanggang sa pagkuha ng benepisyo ng isang namatayan, ang CISP, ay tila tahanang nakabukas na lagi ang pintuan, at laging nakahanda ang mga tauhan sa tanggapan, upang maglingkod ng buong katapatan sa mga mamamayan.

T—*Anong uri ng* policy *ang ibinibigay ng CISP sa kanyang mga miyembro?*

S—Una, *Group Life Yearly Renewable Term Insurance With or Without Dismemberment Benefits.* Ikalawa, *Group Loan Payment Protection Insurance.* Ikatlo, *Group Life Savings Incentive Insurance.* At ikaapat, *Group Life Land Payment Protection Insurance.*

T—*Ano ang ibig sabihin ng* Group Life Yearly Renewable Insurance?

S—Sa maikling paliwanag, ang isang grupo ng mga miyembro ng Samahang Nayon ay isiniseguro ang buhay sa loob ng isang taon sa halagang mula sa ₱2,000 at hindi lalampas sa ₱5,000 ang bawa't isa sa tanging halaga, na ang nagbibigay ay ang Samahang Nayon. Pagkatapos ng isang taon, muling magbabayad ng premium ang nasabing Samahang Nayon, para sa muling pagpapaseguro ng kanyang mga miyembro.

T—*Ano ang ibig sabihin ng mula sa ₱2,000 at hanggang ₱5,000? Ang isang miyembro ba ng samahan ay maaaring makapagpaseguro ng ₱2,000, samantalang ang iba ay maaaring makapagpaseguro ng ₱3,000 o ₱4,000, o kaya ang iba pa ay ₱5,000 naman?*

S—Ang alinmang Samahang Nayon ay siyang dumidetermina kung magkano ang dapat na maging seguro sa buhay ng kanyang mga miyembro. Kapag napagpasiyahang ang halagang ₱3,000, ang ibig sabihin ay lahat ng miyembrong ipasiseguro ay sa gayong halaga. Parepareho. Sa ibang pangungusap, walang miyembrong maaaring makapagpaseguro ng hihigit sa nasabing halaga. At sapagka't ang Samahang Nayon ang nagsasagawa ng pagpapaseguro ng kanyang miyembro at

hindi ng indibiduwal na kasapi, madali iyong naisasagawa.

T — *Anu-anong uri ng kamatayan at kapinsalaan ang hindi sakop ng pagsiseguro ng CISP?*

S — Ang hindi binibigyan ng benepisyo ay yaong mga taong nasa serbisyo ng militar, at kapinsalaan at kamatayang likha ng kusang pagpapakamatay, o *suicide.*

T — *Kung ang nakaseguro ay mamamatay sa aksidente, tiyak na may benepisyong makukuha sa CISP, pero kung hindi mamamatay ang naaksidente at magkaroon lamang ng kapinsalaan, mayroon ba itong mahihintay na benepisyo buhat sa nasabing CISP?*

S — Walang duda, kapag namatay sa aksidente ang nakaseguro ang buhay, ay tiyak na mayroong benepisyong makukuha sa CISP, pero kapag ang naaksidente ay napinsalaan lamang, halimbawa naputol ang isang kamay at paa, kapag ito ay walang dagdag na premium ukol sa aksidente, wala itong benepisyong makukuha. Pero kapag ang isang naaksidente ay napinsalaan lamang at hindi namatay at may seguro ukol pa rin sa aksidente, may benepisyo itong makukuha. Kapag ito naman ay namatay, may benepisyong makukuha ang mga naulila ukol sa buhay na nawala at sa buhay na nawala dahil sa aksidente. Ibig sabihin, dalawang benepisyo ukol sa buhay na nawala ang makukuha ng mga naulila.

T — *Ano ang ibig sabihin ng mga benepisyo sa aksidente?*

S — Kapag ang isang miyembro ay nakaseguro ang buhay at isinama ang mga kapinsalaang malilikha ng aksidente, ang biktima kapag namatay ay may dalawang

benepisyong maiiwan sa kanyang mga naulila. Kung siya ay nakaseguro ng ₱3,000 at isa pang ₱3,000 ukol sa aksidente, makakuha ang mga naulila niya ng ₱6,000. Sa ibang kapinsalaan: kapag ang biktima ay nawalan ng dalawang kamay o dalawang paa, bibigyan siya ng buong halaga o ₱3,000; kapag dalawang mata o paningin ang nawala, bibigyan siya ng buong halaga o ₱3,000; kapag nawalan siya ng isang kamay at isang paningin, bibigyan siya ng buong halaga o ₱3,000; kapag nawalan siya ng isang paa at isang paningin, bibigyan siya ng buong halaga o ₱3,000; kapag nawalan ng isang paa at isang kamay, bibigyan siya ng buong halaga o ₱3,000; kapag nawalan siya ng isang kamay o ng isang paa, bibigyan siya ng kalahati ng buong halaga o ₱1,500; kapag nawalan siya ng isang paningin bibigyan siya ng kalahati ng buong halaga o ₱1,500.

T—*Magkano ang halaga ng pagpapaseguro sa buhay?*

S—Bawa't miyembro na magkaroon ng segurong ₱2,000, sa premium na para sa isang taon ay ₱16 at dagdag na ₱1.00 sa bawa't ₱1,000 seguro para sa aksidente. Samakatuwid kung ₱2,000 ang seguro sa aksidente, ang dagdag ay ₱2.

T—*Iyan lang ba ang gugol sa nasabing pagpapaseguro?*

S—Hindi. Ang iba pang gugol ay ang ukol sa *Documentary stamp* at *Science Tax.* Ang *Documentary Stamp* ay ₱0.80 sa bawa't ₱1,000 at ang *Science Tax* ay ₱0.80 sa bawa't ₱1,000. Ibig sabihin kapag ang isang miyembro ay nakaseguro ang buhay ng ₱2,000 ang dapat niyang maging gugol sa *Documentary Stamp* ay ₱1.60, at ang ukol sa *Science Tax* ay gayon ding ha-

laga (₱1.60). Kapag nakaseguro ito ng ₱1,000 sa aksidente, gugugol pa ito ng ₱1 na premium para sa nasabing halaga, ₱0.80 ukol sa Documentary stamp (₱0.16 sa bawa't ₱200); at ₱0.80 ukol sa Science Tax (kung magkano ang halaga ng Documentary Stamp ay gayon din ang halaga ng Science Tax). Samakatuwid, ang seguro nitong ₱2,000 at ₱1,000 pa ukol sa aksidente ay gugugulan ng ₱21.80 o ng ₱2.60 para sa seguro ng aksidente, at ₱19.20 para sa ₱2,000 regular na seguro.

T — *Kailan natatapos ang pagkakasakop ng seguro sa sa miyembro?*

S — Ang huling araw ng pagkakasakop ng seguro sa miyembro ay yaong petsang nakalagay sa *policy*, o kaya sa petsang huminto na sa pagbabayad ng premium ang Samahang Nayong kinasasapian nito.

T — *Gaano ang edad ng maaaring iseguro sa CISP?*

S — Ang lahat ng kasapi sa Samahang Nayon na may gulang na mula sa 15 hanggang 65.

T — *Ang may karamdaman ba ay maaaring maiseguro?*

S — Oo, sapagka't ang uri ng pagsesegurong ito ay hindi na kailangan ang pagsusuring pangmedikal. Sa ibang pangungusap, basta't nasasakop ng limitasyon sa edad, sinuman ay maaaring maipaseguro.

T — *Saan kinukuha ng Samahang Nayon ang halagang ibinabayad nito sa premium ng seguro ng kanyang mga miyembro?*

S — Sang-ayon sa *Circular No. 74-17* na may petsang Marso 27, 1974 ng tanggapan ng DLGCD, ang Samahang Nayon ay maaaring gamitin sa pagbabayad ng mga

premium ng seguro ng mga kasapi ang hanggang sa 50% ng nakokolektang salapi o pondo ng *Barrio Guarantee Fund*. Halimbawa: Kapag ang nakolektang halaga noong 1973 para sa pondo ng BGF ay umabot sa ₱5,000, ang otorisadong halagang maaaring gamitin ng SN ay ₱1,500 para sa premium para sa taong 1973. Kapag ang nakolekta naman noong 1974 ay naging ₱8,000, ang otorisadong halaga na 30% nito ay ₱2,400.

T—*Paano kung wala pang nakokolekta ang Samahang Nayon para sa* Barrio Guarantee Fund, *at nais ng mga miyembrong makapagpaseguro, ano ang gagawin ng Samahang Nayon?*

S—Kapag wala pang BGF ang Samahang Nayon, maaaring balikatin ng mga magpapaseguro ang kani-kanilang indibiduwal na gugol. At matapos na maibigay sa Tesorero ng SN, ang nasabing halaga ay ipadadala sa tanggapan ng CISP. Gayon man, kapag ang nasabing nayon ay hindi pa rin nakakolekta ng pondo para sa BGF sa susunod na taon, hindi na mairi-*renew* ang nasabing seguro.

T—*Ang karamihang miyembro ng Samahang Nayon ay mga magbubukid, kundi man lahat, paano ang hindi magsasaka, maari ba silang maipaseguro, tulad ng mga magsasaka?*

S—Oo, nguni't iyan ay dapat na pagpasiyahan ng Sanggunian ng mga Direktor, o ng mga kasapi o miyembro sa isang tanging miting na itinawag para sa nasabing dahilan.

T—*Paano maaaring kunin ng mga naulila ang benepisyong nauukol sa namatay?*

S — Madali lamang, gayon man may mga patakarang sinusunod ukol doon. Ang mga patakaran ay simple lamang, tulad ng: kaagad, dapat na maipabatid ng mga naulila ang pagkamatay ng nakasegurong miyembro ng SN sa Pangulo ng nasabing samahan. Kaagad din, ang Pangulo ay tatawag ng miting ng Sanggunian ng mga Direktor. Ang nasabing pagkamatay ay dapat ding maipaalam noon din sa Kalihim-Tesorero. Sa miting ng mga Direktor, magpapatibay ang mga iyon ng isang resolusyon na nagpapahintulot sa pagpapalabas ng tanging halaga buhat sa *Barrio Guarantee Fund,* upang maibigay sa mga naulila. Bukod sa halaga, dapat na magtaglay ng pangalan ng namatay at numero ng Samahang Nayon, kung mayroon; ang bangkong lagakan ng Samahang Nayon; at ang numero ng *Group Policy.* Pagkatapos na makapaglabas ng nasabing halaga, kaagad itong dadalhin sa mga naulila at papapirmahan ang resibo, para magamit ng Samahang Nayon sa *reimbursement* sa nasabing halaga sa CISP.

T — *Anong katibayan ang maaaring hawakan ng miyembrong nakaseguro?*

S — Ang CISP ay ipinadadala sa Samahang Nayon ang *premium receipt* na kalakip ang *Group Policy* at *Individual Members' Certificate.* Ang *Group Policy* ay siyang hahawakan ng Samahan, saka ang resibo ukol sa mga premium, samantala, ang hahawakan naman ng nakasegurong miyembro ay ang *Individual Members Certificate.*

T — *Bukod sa* Group Life Yearly Renewable Term Insurance, *mayroon pa bang ibang uri ng seguro na ibinibigay ang CISP sa mga miyembro ng mga Samahang Nayon?*

8—Mayroon. Ito ay ang mga sumusunod: *Group Life Savings Incentive Insurance, Group Life Loan Payment Protection Insurance,* at ang *Group Life Land Payment Protection Insurance.* Ang mga ito ay hindi pa ipinatutupad. Gayon man, ang mga paliwanag ukol sa uri ng mga segurong ito, ay maitatanong na sa mga tauhan ng panlarangang gobyerno ukol sa pagtitindig ng mga kooperatiba, o ng mga may kinalaman sa pagtatatag ng mga Samahang Nayon.

INDEX

abuloy 125
accounting 140
Administrative Service 47
Agrarian Legal Assistance 47
Agrarian Reform on Educational Service 47
Aguinaldo, Emilio Heneral 28
ahensya ng seguro 154
alipin 44
Amerikano (pagdating) 29
ani (bagong magsasaka) 137
araw nang pagsakop sa isineguro 164
Artikulo ng Korporasyon 17, 18, 20

bagong magsasaka 59
bagong mangangasiwa 134
bagong may-ari ng lupa 61
Barrio Guarantee Fund 81
bawal na gawain ng magsasaka 62
benepisyo 122
benepisyo sa aksidente 164
benepisyo sa pagkamatay 165
buluntaryong manggagawa (VBM) 14
Bureau of Lands 48
Bureau of Cooperatives Development 152
Bureau of Resettlement 48
butaw 20
buwisan 44

kabesa 32
kabiguan ng kooperatiba 73
kagamitang pambukid 26
kahulugan ng *accounting* 142
kalsyaan 120
Kalihim-tesorero 10
kamatayan at kapinsalaan 156
kapital 20
kasapi 7
kasiki (cacique) 28, 32
Katipunan ng mga Samahang Nayon 82, 148, 150
katulong ng Sanggunian 159
kaugnayan (tao at gawain) 103
kawalan ng tiwala 112
Kilusang Bayan 82, 84, 151, 160
kita 129
Komite sa Edukasyon at Pagsasanay 10, 11
Komite sa Pagsusuri at Imbentaryo 11
Komite sa Pananalapi at Pagpapaunlad 11
kontrol 4, 97
kooperatiba 70, 77
kooperatiba (simula) 71
Kooperatiba at Reporma sa Pananakahan 67
kooperatiba sa pagpapautang 76
kooperatiba (tanggapan) 75
korum 22
kumpensasyon 23

kuwalipikasyon ng direktor 160
kurso sa 20 leksyon 84, 85, 86
kurso (walong linggo) 88
kusang-loob na pagpapahayag ng samahan 18

dalawang amo 101, 102
Dekrito Blg. 27 (*Decree No. 27*) 51, 53, 54
Departamento ng Reporma sa Pananakahan 46
diler 26
Direktor 8, 9, 22
documentary stamp 165

Economic Cooperative Administration 75
encomyendas 32
estratehiya 103

ganap na kalayaan 51
garantiya 102
garantor 24
gawain at tungkulin 80
gubernadorsilyos 32
gugol sa pagseseguro 163
gugulin 95, 97, 136
Group Life Land Payment Protection Insurance 163
Group Life Savings Incentive Insurance 163, 169
Group Life Yearly Renewable Term Insurance 163
group policy 168
Group Loan Payment Protection Insurance 163, 169

halaga ng pagpapaseguro 168
hangarin 4, 5
homestead 35

inkorporadores 19, 20
inkorporasyon 17, 18
Individual Membership Certificate 168
interes 129
International Cooperative Alliance 155
International Cooperative Insurance Federation 157

Land Resettlement Act 37
layunin 4, 19, 78, 96
layunin ng CISP 162
legal na personalidad 18
lider 106, 108, 109
limitasyon 101
lupain ng simbahan 33, 34
lupang sukat-pampamilya 53
lupong talakayan 116

Mabbun, Pablo Dr. 75
mabuting lider 112
mabuting talastasan 112

mala-kooperatiba 80
Managing Director 159
Manahan, Manuel P. Senador 76
Manila Consumer's Cooperative Association 75
Martial Law 51
matatag na organisasyon 59
materiyales 104, 105
Membership Agreement 23
miting 116, 159
moral turpitude 160

National Cooperative Administration 75

obligasyon 61

Paaralan sa Himpapawid 83, 90, 91
pag-akit 108, 109
pagbabayad ng utang 138
pagbabayad sa lupa 54
pagbawi ng pangangasiwa 131
pagbawi sa saka 141
pagbebenta (sapilitan) 55
pagkain ng dating may saka 138
paghahati sa lupa 34
paghihimagsik 28
pag-limpok 6, 81, 122
paglalabas ng pera 127
paglansag sa samahan 19
pagliligtas (*accounting*) 144
paglilingkod 59
paglulunas 114, 115
pagmamana sa lupa 63
pagpapabaya 133
pagpapahayag 21
pagmamay-ari sa lupa 53
pagpapalaganap 110
pagpapaunlad ng industriya 60
pagpapaunlad (pampulitika) 70
pagpapaunlad (panlipunan) 70
pagsasanay 85, 88
pagseseguro 156
pagsusuri (*accounting*) 143
pagtatatag 79
pagtitipid 122
pagtitiwalag ng kasapi 24
pagtulong ng Kilusang Bayan 151
pakinabang ng propitaryo 65
pakitang-gawa 83
patubig 56, 64
Pamantasan ng Nayon 91, 92
pamumunuan 22
pananagutan (Samahang Nayon) 58
pangalan ng samahan 18
pangalawang pangulo 9
pangangasiwa 49, 90
pangangasiwa sa salapi 140
pangulo 9
panlarangang manggagawa 13, 14, 50, 84
panlarangang tanggapan 50
pansamantalang komite 10
pansamantalang pangangasiwa 131
partihang 50-50 86
patuloy na edukasyon 82
personal cultivation 42
peste 25
Philippine Rural Reconstruction Movement (PRRM) 76
piket 45
piramidang baligtad 86
planning service 47
plano 94, 95, 96, 100, 105
policy 103
pondo 22, 86
pondohan 6
porma 126
Porma Blg. 9 (BA) 24
porma ng samahang nayon 144
premium 156
Premium Receipt 160
premium ng seguro 154
probisyon 21
proyekto (pangdemonstrasyon) 88, 89
puhunan 156

rebelyon 32
rehistradong korporasyon 18
reporma sa lupa 30
reporma sa pananakahan 30, 66, 67
responsibilidad 101
Rochdale Society 72
Royal Decree 32, 33
Rural Credit Association 68, 73
Rural Credit Cooperative 68, 72
Rural Credit Law 73

Sabido, Pedro 75
sakdalista 38
Saligang Batas 20, 23
samahan 98, 99
sandiko 68, 72
Sanggunian ng mga Direktor 158
Savings Fund 128
science tax 165
seguro 154
serbisyo 6
sertipiko ng lupa 25, 56
Shares of Stocks 158
sistema ng *accounting* 142
sosyo 7
Special members 157
subaybay pang-agrikultura 86, 89
sukat ng bukid 56
sugal (bisyo) 69
suhay sa pagpapaunlad 60
suliraning panlipunan 30
suliranin sa lupa at pagsasaka 31
superbisyon 107

tagapangasiwa 10, 26
Tagapangulo 161
tagasuri 10
tanggapan 19, 21
tekniko sa halaman 25
titulo ng lupa 35
tubo 26
tungkulin ng bagong magsasaka 134
tungkulin ng Sanggunian ng mga Direktor 158

utos 109

walong linggong kurso 85
Yen, James Y. C. Dr. 76

1 270

Mga Petsa

1565 31
1844 68
1880 33
1894 33
1896 28
1898 34
1902 29, 34
1971 42, 45

Mga Batas

565 (*Commonwealth Act*) 75
713 (*Cooperative Act*) 75
1199 36
1400 37, 40
2023 75
2508 68, 73
3844 42
4054 36
6389 45
6390 45

Certificate of Authority 158
Circular No. 74-17 166
Consumer's Coop League 74
Cooperative Insurance Society 155
Cooperative Insurance System of the Phil. 155, 158, 161
Cooperative Marketing Law 74
Corpus, Rafael 68, 73
Financial and Management Service 47
Flavier, Dr. Juan M. 76

LIBRARY
Mindanao State University
GENERAL

Ang [illegible]tor

Ang sumulat ng aklat na ito, *S[illegible]hang Nayon* (*Mga [illegible]*) ay isinilang sa [illegible] [illegible]risto, San Isidro, Nuweb[illegible] [illegible]. Kumita ng unang liwanag [illegible] ika-5 ng Agosto, 1925, si EGMIDIO L. BALMORES ay panganay sa apat [illegible] nina Esteban Cervantes Bal[illegible] ng Bacnotan, La Union, at ni Margarita Lacsamana ng nayon niyang sinilangan.

Dukha at mahirap, nakatapos lamang sa Nueva Ecija High School noong 1945, at bahagya nang nakarating sa kolehiyo.

Nagkaasawa kaagad, si ELB ay naging reporter ng *Philippine News S[illegible]vice*, *Philippines [illegible]*, *Even[illegible] News*. P[illegible] niyang [illegible]pasok hanap-bu[illegible] na [illegible] noong 1946 hanggang noong 1975 ay *correspondent* siya ng *Philipp[illegible] [illegible]s Agency* (PNA) para sa la[illegible] ng Nuweba Esiha.

Nagsimu[illegible] [illegible]sulat ng *short sto[illegible]* noong 1945 si ELB ay naging *[illegible]ure article contributor* din sa *[illegible] Press*, Graphic [illegible] mga magasing tagalog.

Kahit [illegible] hindi nakatapos sa pag-aaral sa k[illegible]yo, si ELB ay may 10 taon ding [illegible] guro sa haiskul bago naging empleado ng *Presiden[illegible] Assistant on Community Devel[illegible]* (PACD). A[illegible] pagkatapos nang mahigit na pr[illegible] naging kawani si[illegible] ng *Philip[illegible] R[illegible] Reconstru[illegible] Movement* (PRRM) noong 1965.

Pagkatap[illegible] na [illegible]ging Katulong na Patnugot ng *Mabuhay*, kapatid na diyaryong [illegible] ng *He[illegible]d* at *El Debate* n[illegible] naging Patnugot siya ng n[illegible] pahayagan noong 1970.

Sa kasalu[illegible]yan, si ELB ay *Editor-in-Chief* ng *Ba[illegible]* ng Army [illegible] na [illegible]thala ng *Office for Civil Rela[illegible]* ng Philipp[illegible]

Na[illegible] ang [illegible] ni ELB sa [illegible] Honoria F. Panga-[illegible]iban, tatlo ang naging supling nila—Maria Aurora, Maria [illegible]esita, at Maria Lu[illegible]la.